



PHILIPPINE
NORMAL
UNIVERSITY



Graduate Theses

CGSTER

May 2019

Ebalwasyon ng Implementasyon ng Kurikulum ng Mother Tongue Based-Multilingual Education (MTB-MLE)

Edgar P. Aban

Philippine Normal University

Follow this and additional works at
pnu-onlinecommons.org/omp/index.php



Online Commons Citation

Aban, E.P. & Liwanag, L.B. (2019)

Ebalwasyon ng Implementasyon ng Kurikulum ng Mother Tongue Based-Multilingual Education (MTB-MLE)

(Master's Thesis, Philippine Normal University)

Retrieved from pnu-onlinecommons.org/omp/index.php/pnu-oc/catalog/book/1336

**EBALWASYON NG IMPLEMENTASYON NG KURIKULUM NG MOTHER TONGUE
BASED-MULTILINGUAL EDUCATION (MTB-MLE)**

**Isang Disertasyon na Iniharap sa
Kolehiyo ng Edukasyong Panggrawado
at Pananaliksik sa Edukasyong Pangguro
Pamantasang Normal ng Pilipinas
Maynila**

**Bilang bahagi ng Pagtupad
Sa mga Gawaing Kailangan sa Pagtatamo
ng Doktor sa Pilosopiya sa Filipino**

ni:

EDGAR PALOSA ABAN

Mayo 2019

DAHON NG PAGPAPATIBAY

Bilang bahagi ng mga ginawang kailangan sa pagtatamo ng titulong Doktor sa Pilosopiya sa Filipino, ang disertasyon na may pamagat na **EBALWASYON NG IMPLEMENTASYON NG KURIKULUM NG MOTHER TONGUE BASED-MULTILINGUAL EDUCATION(MTB-MLE)** ay inihanda at isinumite ni **EDGAR PALOSA ABAN**, na itinatagubilin at pagtibayin para sa kaukulang pagsusulit na pasalita.

LYDIA B.LIWANAG,Ph.D

Tagapayo

Pinagtibay bilang bahagi ng katuparan ng titulong Doktor sa Pilosopiya sa Filipino ng Panel ng Pasalitang Pagsusulit.

RONALD ALLAN S. MABUNGA,Ph.D.

Tagapangulo

MARIA FE G.HICANA, Ph.D.

Kasapi

AURORA E. BATNAG,Ph.D.

Kasapi

NINA CHRISTINA LAZARO-ZAMORA,Ph.D.

Kasapi

Tinanggap bilang bahagi ng katuparan ng mga kinakailangan sa pagtatamo ng titulong Doktor sa Pilosopiya sa Filipino.

Petsa

RONALD ALLAN S. MABUNGA, Ph.D.

Dekano

Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral sa
Edukasyong Pangguro at Pananaliksik

ABSTRAK

MANANALIKSIK:	EDGAR PALOSA ABAN
PAMAGAT:	EBALWASYON NG IMPLEMENTASYON NG KURIKULUM NG MOTHER TONGUE BASED-MULTILINGUAL EDUCATION (MTB-MLE)
MAHALAGANG KONSEPTO:	wikang Bikol, konteksto, input, proseso, produkto
DEGRI:	Doktor sa Pilosopiya sa Filipino
TAGAPAYO:	LYDIA B. LIWANAG, Ph.D.

Nilalayan ng pag-aaral na ito na magsagawa ng ebalwasyon ng implementasyon ng kurikulum ng Mother Tongue Based-Multilingual Education (MTB-MLE sa Rehiyon 5. Gamit ang modelong pang-ebalwasyon ni Stufflebeam (1971) para sa mainam na pagdedesisyon batay sa apat na indikasyon tulad ng input, konteksto, proseso, at produkto. Tinukoy rin ang mga hamon sa implementasyon ng MTB-MLE. Ang mga resulta ay ginamit upang makabuo ng mungkahing disenyo ng ebalwasyon sa implementasyon ng MTB-MLE kurikulum. Ayon sa resulta ng pag-aaral nalaman na may mga kakulangan sa batayang aklat at kagamitan sa pagtuturo ng wikang Bikol at kailangan pang isalin sa wikang Bikol ang ibang mga gabay aralin. Karamihan sa mga mag-aaral ay hindi gumagamit ng wikang Bikol sa kanilang tahanan at may kakulangan sa kasanayan ang mga guro sa pagtuturo at pagpapatupad ng MTB-MLE. Kailangan ng mga guro ng patuloy na pagsasanay sa pagtuturo ng MTB-MLE at ang pagkakaroon ng angkop na kagamitan sa pagtuturo ng unang wika. Iminumungkahing magkaroon pa ng

patuloy na pag-aaral sa lokal na mga sanggunian at mga varayti ng wikang Bikol, magkaroon ng pagsasanay ang mga guro sa pagtuturo ng MTB-MLE, magsulat pa ng mga kagamitan at babasahin sa unang wika, at magkaroon ng komiteng susuri pa sa implementasyon ng MTB-MLE upang mas mapabuti ang implementasyon nito sa Rehiyon 5 at iba pang rehiyon.

ABSTRACT

RESEARCHER:	EDGAR PALOSA ABAN
TITLE:	EVALUATION OF IMPLEMENTATION OF MOTHER TONGUE BASED-MULTILINGUAL EDUCATION (MTB-MLE)
KEY CONCEPT:	Bicol language, input, context, process, output
DEGREE:	Doctor of Philosophy in Filipino
ADVISER:	LYDIA B. LIWANAG, Ph.D.

This study aim to evaluate the implementation of Mother Tongue Based-Multilingual Education (MTB-MLE) in Region 5. Using the theory of Evaluation of Stufflebeam (1971), it was utilized to analyze the indicators for context, input, process and output. Purposive sampling, non-probability sampling technique and statistical sampling technique were utilized for choosing and identifying the number of respondents. Study showed that there is lack of references materials such as books and other instructional materials for teaching Bicol language. Some teachers need to translate the available books into Bicol Language. Some of the students and teachers are non-Bicol language speakers. The study showed that MTB-MLE teachers must have continues trainings/seminars for enhancement of skills and teaching learning process in MTB-MLE. The researcher recommends having a continuous studying and consultation on improvement to the books and other learning materials for the MTB-MLE. Creation of committees intended for the crafting of references books for every regional dialect is highly recommended.

PAGHAHANDOG

Taos-puso kong inihandog
sa aking mga mahal sa buhay
ang bunga ng aking pagsisikap at pagtitiyaga.....

Kina

Dr.Lydia B.Liwanag,

Dr.Nina Christina Lazaro-Zamora

Dr. Aurora E. Batnag,

Dr.Maria Fe G.Hicana,

na nagbukas ng aking isipan at damdamin na mahalin ang wikang
Filipino.

Sa aking anak,

Vince Gabriel,

na siyang naging lakas ko upang muling ipagpatuloy ang buhay.

Sa Mahal na Birheng Maria,

na tuwi-tuwina'y

laging umaagapay at sumasaklolo.....

nagbibigay lakas at pag-asa.

PASASALAMAT

Taos – pusong nagpapahatid ang mananaliksik ng kanyang pasasalamat at pagkilala ng malaking utang na loob sa mga sumusunod na naghandog ng tulong, nagmalasakit at nagbigay ng inspirasyon sa pagsasakatuparan ng pag-aaral na ito.

Una sa lahat sa ating Poong Maykapal sa karunungan at biyayang ipinagkaloob Niya at kay Inang Maria na gumabay upang matapos ang pag-aaral na ito.

Dr. Lydia B. Liwanag, tagapayo ng mananaliksik sa matiyagang pagbibigay ng mungkahi, puna, suhesyon at pagwawasto ng isinagawang pag-aaral. Siya ang “Ina” ng Ebalwasyon ng MTB-MLE ng wikang Bikol dahil sa walang sawang pagpapatnubay at paghihikayat na nagbigay inspirasyon upang pag-ibayuhin ang pagsusulat at pagsasakatuparan ng papel na ito.

Dr. Adonis P. David na nagbigay ng makabuluhang suhesyon at pagkakataon na makaabot sa yugtong ito na matapos ang isinagawang pag-aaral. Siya ang “Ama” ng pananaliksik sa Filipino dahil sa kanyang mga puna at suhesyon sa lubos na ikagaganda at ikaaayos ng ginawang pag-aaral.

Dr. Ronald Allan S. Mabunga, Dekano, College of Graduate Studies and Teacher Education Research dahil sa kanyang makabuluhang pagsusuri, puna at suhesyon tungo sa ikalilinaw at ikaaayos ng ginawang pag-aaral.

TALAAN NG MGA NILALAMAN

	Pahina
DAHON NG PAMAGAT	i
DAHON NG PAGPAPATIBAY	ii
ABSTRAK	iii
PAGHAHANDOG	vi
PASASALAMAT	vii
TALAAN NG MGA NILALAMAN	viii
TALAAN NG MGA TALAHAANAYAN	xi
TALAAN NG MGA FIGURA	xii
TALAAN NG MGA APENDIKS	xiii
KABANATA 1 – ANG SULIRANIN AT KAUGNAY NA	
LITERATURA AT PAG-AARAL	
Panimula	1
Kaugnay na Literatura at Pag-aaral	6
Teoretikal na Batayan	33
Balangkas ng Pag-aaral	37
Layunin ng Pag-aaral	38
Kahalagahan ng Pag-aaral	38

Depinisyon ng mga Termino	41
KABANATA II – METODOLOHIYA	
Disenyo ng Pag-aaral	44
Ganapan ng Pag-aaral	45
Mga Kalahok sa Pag-aaral	48
Paraan ng Paglikom ng Datos	49
Pagkalap ng Datos	51
Pag-aanalisa ng Datos	52
Ginampanang Tungkulin ng Mananaliksik	53
Paraan ng Balidasyon	53
Etikal na Konsiderasyon	58
KABANATA III – RESULTA AT PAGTALAKAY NG DATOS	
Pagsusuri ng Implementasyon ng kurikulum ng MTB-MLE	60
Mga Hamon ng Implementasyon ng MTB- MLE sa Rehiyon	103
Mungkahing Disenyo ng Ebalwasyon ng Implementasyon ng MTB-MLE	105
Balangkas ng Mungkahing Disenyo ng Implementasyon ng MTB-MLE	109

KABANATA V – LAGOM, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Lagom	110
Kinalabasan ng Pag-aaral	111
Limitasyon ng Pag-aaral	116
Konklusyon	117
Rekomendasyon	118
Sanggunian	120

TALAAN NG MGA TALAHAANAYAN

Talahanayan	Pahina
1 Mga Kalahok sa Pag-aaral	48
2 Talatanungan sa Pagtataya	50
3 Pagtanggap sa Kabisaan sa Nilalaman ng Talatanungan sa Konteksto ayon sa mga Juror	54
4 Pagtanggap sa Kabisaan sa Nilalaman ng Talatanungan sa Nilalaman o Input ayon sa mga Juror	55
5 Pagtanggap sa Kabisaan sa Nilalaman ng Talatanungan sa Proseso ayon sa mga Juror	56
6 Pagtanggap sa Kabisaan sa Nilalaman ng Talatanungan sa Produkto ayon sa mga Juror	57
7 Kabuoang Datos ng mga Sumagot sa Konteksto	61
8 Kabuoang Datos ng mga Sumagot na Guro sa Konteksto sa Bawat Probinsya	68
9 Kabuoang Datos ng mga Sumagot sa Nilalaman o Input	71
10 Kabuoang Datos ng mga Sumagot na Guro sa Nilalaman o Input sa Bawat Probinsya	80
11 Kabuoang Datos ng mga Sumagot sa Proseso	83
12 Kabuoang Datos ng mga Sumagot na Guro sa Proseso sa Bawat Probinsya	91
13 Kabuoang Datos ng mga Sumagot sa Produkto	93
14 Kabuoang Datos ng mga Sumagot na Guro sa Produkto sa Bawat Probinsya	101

TALAAN NG MGA FIGURA

Pigura		Pahina
1	Balangkas ng Pag-aaral	37
2	Balangkas ng Mungkahing Disenyo ng Ebalwasyon ng Implementasyon ng MTB-MLE	109

TALAAN NG MGA APENDIKS

	Pahina
A Lokasyong ng Rehiyong Bikol	126
B Mapa ng Rehiyong Bikol	127
C Talatanungan sa Pagtataya ng Implementasyon ng MTB-MLE para sa mga Guro ng Unang Wika Mula Kinder Hanggang Baitang III	128
D Gabay na Tanong sa Panayam	136
E Mungkahing Disenyo ng Ebalwasyon ng Implementasyon ng MTB-MLE	146
F Liham Pahintulot para sa Direktor ng Kagawaran	152
G Informed Consent Document	153

Kabanata 1

ANG SULIRANIN AT KAUGNAY NA LITERATURA

Panimula

Ang paggamit ng unang wika ng mga bata sa pagtuturo ay isang pagtugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral tungo sa pagtatamo ng madaling pag-unawa sa mga aralin. Patunay nito ang sinabi ni Cummins (1996) na ang paggamit ng unang wika ay tumutulong sa pagtatamo ng pag-unawa at paglinang ng kritikal na pag-iisip. Napakaraming pag-aaral na nagpapatunay na malaki ang naitutulong ng paggamit ng unang wika bilang wikang panturo. Ayon kina Benson (2002) at Dutcher (2003), ang pangkalahatang edukasyong natamo ng mga mag-aaral ay mas napapalawig kung ipinagagamit ang unang wika bilang pundasyong wika sa pag-aaral sa primarya. Dagdag pa ang pag-aaral ni Dutcher (2004) na malaking bilang sa mga batang katutubo ang hindi nag-aaral o kahit pa man nag-aaral ay nauuwi pa rin sa mababang kaalaman at kasanayan dahil sa ginagamit na wikang panturo tulad ng Ingles. Sa pag-aaral ng UNESCO (2011) sa Pilipinas, sa lahat ng mga nag-enrol sa unang baitang ay 73% lang ang nakatapos ng primarya, ibig sabihin ay 27% sa kanila ay huminto o bumagsak. Isang senaryo na tipikal na lamang sa Pilipinas mula nang ipatupad ang patakarang bilingguwal.

Isang dekadang nagdaan, na nakakulong ang patakarang pang-edukasyon sa Edukasyong Bilingguwal na ginagamit ang Ingles at Filipino bilang

wikang opisyal at wikang panturo mula sa mababang paaralan hanggang sa kolehiyo. Sa kabila ng katotohanang 80% sa populasyon ng Pilipinas ang hindi nagsasalita sa dalawang opisyal na wika, patuloy pa ring ipinapatupad ang Edukasyong Bilingguwal. Ang sistemang pang-edukasyong ito ay naging malaking balakid sa pagsulong ng paggamit ng unang wika bilang wikang panturo mula sa antas primarya. Gayunpaman, maraming mananaliksik ang naniniwala na isang pundasyon sa mabisang pagkatuto ang paggamit ng unang wika. Naging batayan sa pagpapatupad ng MTB-MLE ang iba't ibang pag-aaral na nauukol sa kabisaan ng paggamit ng unang wika. Isa rito ang pag-aaral nina Walter at Dekker (2011) na napag-alaman na mas mataas ang literasi na nakuha sa achievement test ng mga mag-aaral na gumamit ng unang wika kaysa pangalawa at pangatlong wika.

Taong 2012, masigasig na ipinatupad ang programang MTB-MLE sa antas nasyonal ng Kagawaran ng Edukasyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng suporta ng gobyerno sa larangan ng instruksyon, mga kagamitang panturo at pagtataya sa implementasyon. Subalit sa kaso ng Pilipinas na may humigit kumulang sa 7000 pulo na gumagamit ng 181 wika, maituturing na napakalaking hamon sa bansa ang pagpapatupad ng pambansang patakaran na susundin ng buong sambayanan (Lewis, Simons & Fennig, 2013). Tanging ang Pilipinas lang sa buong Timog-Silangang Asya ang nagkaroon ng pambansang patakaran na gagamitin ang Mother Tongue-Based Multilingual Education mula sa kindergarten hanggang ikatlong baitang. Salungat ito sa ginawang

implementasyon ng mga bansang Cambodia, Indonesia, Malaysia, Thailand, Vietnam, at Timor L'Este (UNESCO, 2007) dahil ang antas pangkomunidad ang sinubok sa lahat ng programa sa tulong ng suporta ng gobyerno, internasyonal at NGO's. Nangyayari rin ito sa mga bansa gaya ng Cameroon, India, Mali, Nepal, at Papua New Guinea na ipinagamit sa klasrum ang unang wika bilang wikang panturo ngunit hindi dumating sa puntong repormang nasyonal. Ganoon rin sa mga bansang Bolivia, Ethiopia, Peru, at South Africa na sinubukang gamitin ang patakarang edukasyong multilinggwal ngunit hindi naging matagumpay. Ibig sabihin, mapangahas na maituturing ang isinagawang pagpapatupad ng Pilipinas sa MTB-MLE. Ayon sa mga iskolar, ang lapit na pagsimula sa antas nasyonal ay hindi isinaalang-alang ang konteksto ng wika ng komunidad. Sa ganitong kalagayan, ang implementasyon ng MTB-MLE sa Pilipinas ay nasasadlak sa usaping pisibilidad dahil hindi matiyak kung ang inaasahang resulta sa larangang akademiko ay tutugon sa tunay na senaryo sa bawat buhay ng mga mag-aaral (Kaplan, 1990; Martin-Jones & Saxena, 1995; Ricento & Hornberger, 1996). Sabi rin ni Matland (1995) ang repormang MTB-MLE sa Pilipinas ay naghahatid ng lubhang kalituhan at kaguluhan. Nagkakaroon ng lubhang kalituhan sa mga alituntunin ng Kagawaran ng Edukasyon sa programa na titiyak kung ano ang dapat gawin at kung paano gagawin o isasagawa. Isa pa ay ang ibinibigay na materyal ng Kagawaran na limitado lang sa labing siyam na pangunahing wika sa Pilipinas kaya hindi malinaw kung paano ipatutupad ang paggamit ng unang wika bunga ng limitadong kagamitang

panturo. Samantala, nagkakaroon ng lalong kaguluhan sa pagitan ng paggamit ng unang wika at Ingles dahil namamayagpag ang wikang Ingles sa pagsulong ng globalisasyon at hindi maihiwalay ang iba na mas naniniwalang tulay ito sa pagtatamo ng pansariling kaunlaran at maunlad na bansa. Ang ganitong usapin ay hindi gaanong mararanasan sa pagpapatupad ng MTB-MLE sa Pilipinas kung nagsimula sa komunidad ang pagsubok sa programa tulad ng mga guro, estudyante, mga magulang at mga tao sa komunidad. Ayon kina Darling-Hammond (1990), Elmore (1983) at Matland (1995) ang pagtingin sa opinyon mula sa komunidad gaya ng mga magulang at mga guro ay isang sandata sa pagtuklas sa totoong pangangailangan ng edukasyon. Itinuturing na mga kawal sa sistemang pang-edukasyon ang mga magulang at mga guro na siyang magsasakatuparan sa programa. Ang pagiging matagumpay sa implementasyon ay nakasalalay rin sa mga guro at administrador kaya nararapat lamang na hingin ang saloobin at damdamin nila nang sa gayon matiyak ang kinakailangang pagtutok at pagtugon sa MTB-MLE. Ayon kay Wright (1997), malaking papel ang ginagampanan ng guro sa pagpapatupad ng isang programa hindi lamang sa patakaran sa paggamit ng unang wika kundi maging sa repormang pang-edukasyon sa antas pangklasrum. Tunay na ang guro ay kabalikat sa pagpatupad ng programang MTB-MLE para matiyak ang epektibong paggamit nito.

Ayon kay Cruz (2015) napakaraming usapin ang hindi natugunan bago pa man naipatupad ang MTB-MLE gaya ng lokal na mga materyal at mga

babasahing naaayon sa konteksto at sensibilidad ng mga mag-aaral at kung paano lilinangin ang kahusayan at katatasan sa kanilang unang wika. Dagdag pa ni Cruz, ang malawakang pagpapatupad ng MTB-MLE ay nakasalalay sa maagang paghahanda ng mga kagamitang panturo o mga materyal para sa literasi sa unang wika, mga babasahing gamit ang unang wika, mga materyal sa asignatura ng unang wika at mga kagamitan mula sa transisyon ng unang wika tungo sa pangalawang wika. Nangangahulugang, sadyang magulo pa rin ang kalagayan ng pagpapatupad ng MTB-MLE sa Pilipinas dahil sa mga pag-aaral na nabanggit. Malinaw na kulang ang isinagawang paghahanda ng mga kinauukulan. Maituturing na hindi sapat ang pagkakaroon ng batas sa MTB-MLE dahil aanhin ang batas kung hindi naman angkop sa tagapagpatupad ang programang inihain. Bagay na dapat nang magkaroon ng ebalwasyon sa programang MTB-MLE ang Kagawaran ng Edukasyon upang malaman ang mga suliraning kinakaharap ng mga tagapagtaguyod nito.

Natuklasan ni Perez (2016), sa kanyang pag-aaral na Implementasyon ng MTB-MLE sa Piling Bansa ng Southeast Asia na ang Mother Tongue ay ginagamit bilang midyum sa pagtuturo at bilang pangunahing asignatura sa antas ng primarya na may layuning mapaunlad ang wika at sosyo-kultural na kamalayan. Pinaniniwalaan sa limang bansa na ang mother-tongue ay magsisilbing behikulo sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa ikalawang wika. Ang implementasyon ng programa ay sinusuportahan ng polisiya, inter-agency partnership at patuloy na pagmomonitor at pag-eebalweyt ng programa. Ang

pinakahamon sa programa ay ang kakulangan pa ng pagsasanay sa mga guro, mga kagamitan sa pagtuturo, at kakulangan din ng suporta ng komunidad. Ang limang bansa tulad ng Malaysia, Pilipinas, Singapore, Thailand, at Vietnam ay pinag-aralan sa pag-iimplementa ng MTB-MLE at may mabuting hangarin sa pagpapayabong ng katutubong wika at tumugon sa mithiin na nakabatay sa kulturang kamalayan.

Dulot nito, ang kasalukuyang pag-aaral ay naglalayong magsagawa ng ebalwasyon ng implementasyon ng programang MTB-MLE sa Rehiyon 5 Bikol. Susuriin dito ang implementasyon ng kurikulum ng MTB-MLE batay sa input, konteksto, proseso, at produkto. Gayundin, nilahad sa pag-aaral na ito ang mga hamon ng implementasyon ng MTB-MLE sa Rehiyon 5 at hangad ng pag-aaral na makapagmungkahi ng disenyo ng ebalwasyon ng implementasyon ng MTB-MLE kurikulum upang maiangat ang sistemang pang-edukasyon sa Pilipinas.

Mga Kaugnay na Literatura at Pag-aaral

Ang konseptwal na literatura ng pag-aaral na ito ay nakatuon sa limang bahagi na sumasagot sa hugpong ng pag-aaral at ito ay ang mga sumusunod: 1) ang kurikulum ng MTB-MLE; 2) pagtuturo ng unang wika, 3) pagbuo ng kurikulum, 4) mga modelo ng kurikulum, at 5) pagtataya/ebalwasyon ng kurikulum.

Ang Kurikulum ng MTB-MLE

Ang Kagawaran ng Edukasyon ang ahensyang nangangasiwa sa implementasyon ng programa. Sa tulong ng mga taong kasangkot gaya ng mga mag-aaral, guro, administrador, at mga stakeholder sa komunidad. Ang Kagawaran ng Edukasyon sa pamamagitan ng Republic Act 10533 o Basic Education Act of 2013 na nagtataguyod sa K to12 kurikulum, ay nagpanukala sa paggamit ng Mother Tongue-Based Multi-lingual Education (MTB-MLE). Batay sa mga isinagawang pag-aaral, lokal at internasyonal ay napatunayan na maraming benepisyong at kahalagahan ang MTB-MLE sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral. Dagdag pa rito ang Republic Act 710 seksyon bilang 3, na nagsasaad na ang wika sa Pilipinas ay nakapaloob sa mga wikang katutubo, nasyonal, at rehiyonal. Nakapaloob din sa batas ang “The Kindergarten Education Act of 2011 RA 10157”, na sinasabing ang estado ay gagamitin ng MTB-MLE na pamamaraan at ang unang wika ang gagamitin sa pagtuturo at pagkatuto ng mag-aaral sa lebel ng kindergarten. Ang mga layunin nito ay ang mga sumusunod: 1) lahat ng mga bata ay dapat marunong na sa paggamit ng unang wika sa pagtatapos niya sa unang baitang; 2) lahat ng bata ay marunong na sa Filipino pagpasok ng ikalawang baitang; at 3) lahat ng bata ay marunong na sa Ingles sa pagtatapos niya ng ikatlong baitang. Ang MTB-MLE ay sumasalamang sa programang dapat ang lokal na wika o unang wika ng bata ay magamitin bilang pundasyong wika sa pag-aaral.

Samantala, ayon kay Pado (2013) may 12 kilalang unang wika na kasalukuyang umiiral at ito ay ang Iloko, Pangasinan, Kapampangan, Tagalog, Bikol, Waray, Hiligaynon, Cebuano, Meranao, Chavacano, Maguindanaon, at Tausug. Sa K to 12 ang mga ito ay ginagamit upang linangin sa mag-aaral ang kanilang kaalaman at pagpapahalaga sa kanilang sariling kultura. Sa pagkatuto sa unang bahagi ng kurikulum ay nakadiseno sa mga tinatawag na “Literacy Domains” at ang ilan sa mga ito ay ang: 1) kamalayan sa tunog at pagbigkas; 2) katatasan sa pagsasalita; 3) kahusayan sa pagbasa; 4) batayang bokabularyo; at 5) pag-unawa.

Ang kurikulum ng MTB-MLE ay may iba’t ibang polisiya at kabuoan na binaybay sa iba’t ibang bansa. Katulad na lamang sa South Africa na ayon kay Pretoria (2010) ang maagang pagkatuto ay dapat ginagawa sa tulong ng mother tongue o kinagisnang wika at ang Ingles bilang ikalawang wika ay ituturo bilang saklaw ng pag-aaral. Kaya naman, ang mga batang nasa unang grado hanggang ikatlong grado (Grade 1 to 3) ay kinakailangang mapagtagumpayang matutuhan ang mga panimulang kaalaman sa kanilang sariling wika at ang Ingles ay itinuturo na lamang pagdating ng ikatlong grado upang mapaghandaan ng mag-aaral ang paglipat sa Ingles bilang wika ng pagkaalaman at pagtuturo sa “intermediate phase”.

Kaya nga sa pagbuo ng kurikulum sinabi ni Missal et al. (2008) na importante ang maagang paghubog ng kaalaman at kasanayang pang-eskwelahan. Ang mga batang hindi nakapasok sa paaralan na may sapat na

antas ng kaalaman at kahandaan sa pag-aaral ay tiyak na mabibigo na makahabol sa kapwa kamag-aral na may sapat na kakayahan at kasanayan.

Pagtuturo ng Unang Wika

Ang terminong “mother tongue” ay tumutukoy sa unang wika na ginamit ng bata sa pakikipag-usap sa pamamahay at gayon din sa lipunang kanyang ginagalawan (Moyo, 2009). Ito ay tahasang ginagamit sa iba-ibang mga literatura sa iba-ibang paraan tulad ng pagtukoy nito bilang “first language”, “home language”, “preferred language”, “native language”, “heritage language”, at kung minsan “best language” (Ball, 2010).

Sa talumpating binigkas ni Semerian (2007), sinabi niya na ang mahalagang tungkulin ng isang guro ay magkaroon at gumamit ng mga mabisang istrategiya at kagamitang pampagtuturo sa pagganyak sa mag-aaral upang mapabuti ang pagkatuto sa unang wika. Sa paggamit ng mga epektibong istrategiya at mga kagamitang panturo, maaari nitong gisingin ang interes ng mag-aaral pati na rin ang pagnanais nilang matuto pa. Ang kanilang pagtuklas, pagnanais tumuklas at kung paano magkaroon ng malayang kaisipan ang siyang pinakamahalagang papel na dapat gampanan ng isang guro sa pagtuturo ng unang wika.

Sa pag-aaral na isinagawa ni Taufeulungaki (2004), sa bansang Apia, Samoa napatunayan na sa halos lahat ng bansa ang unang wika ay ginagamit bilang midyum ng pagtuturo sa unang anim na taon sa edukasyong primarya. Kung gayon, kailangang matutuhan ng mga mag-aaral ang unang

wika bilang midyum ng pagtuturo sa paaralan. Bunga ng ganitong sitwasyon, nagkakaroon ng ilang suliranin:

“If the mother tongue is not strong, students will have difficulty in acquiring the second language, which will have negative impacts on their learning and educational achievement. A language also is not learned in isolation. It comes with the cultural values, beliefs, rules and conventions of its home culture.”

Ipinaliwanag pa sa papel na ang mga mag-aaral ay dapat matuto hindi lamang sa kanilang wika kundi maging sa kultura ng wikang iyon. Idinagdag pa na kadalasan ang mga paaralan ay ginagaya ang anyong kanlurang edukasyon, na nagmumula sa ibang mga sistema ng pagpapahalaga at mayroong ibang sistema ng komunikasyon at nagtataguyod ng ibang istrategiya sa pagtuturo at pagkatuto na naiiba sa kontekstong sosyo-kultural ng karamihan ng mga mag-aaral. Ang resulta nito ay ang mahinang mga wika at mga pamayanan na maaaring dumanas ng pagkalipol at pagbagsak ng edukasyon para sa mga mag-aaral.

Bilang konklusyon, ayon kay Taufeulungaki, ang pagpili at mga desisyon ng mga bansa na magtatakda ng mga patakarang pangwika at mga kaugaliang pang-edukasyon ay dapat ayon sa kanilang sariling mga bisyon at mga debelopmental na mithiin, ang internal na pagkakaisa at eksternal na partisipasyon sa modernong global na pamayanan. Nagiging malinaw na ang dalawang ito ay hindi diametrikal na magkasalungat. Ayon sa kaniya:

“Language can be both the tool to strengthen individual and group identity leading to high self-esteem and self-confidence, the prerequisites to effective learning, and the acquisition of additive education. By promoting and developing mother tongue education, cognitive

development will be enhanced and a sound basis will be provided for the acquisition of a second language, the vehicle of modern development and participation in the world community.”

Ang pagkatuto ng pagbasa at pagsulat ay madali kung pamilyar na wika ang gagamitin. Dahil dito napadadali ang pagbabasa at pagsulat ng mga bata. Nakararanas ang mga bata ng kahirapan sa pangkognitibong aspeto sa kanilang pag-aaral ng ikalawang wika lalo na kung hindi maayos ang pagkatuto nila sa naunang wika. Kaya naman ang kaalaman ay susi sa pagkamit ng akademiko o magiging balakid upang makamit ang mataas na antas ng pag-aaral. Sinabi ni MacKenzie (2008) na sa lahat ng panig ng mundo, ang mga batang natututo gamit ang kanilang sariling wika ay higit ang pagkatuto sa pagbasa at pagsulat. Iminungkahi ni Nolasco (2010) ang paggamit ng unang wika lalo na sa mga nagsisimula pa lang mag-aral at ito ay magtatawid sa kanila upang mas mabilis silang makabuo at makapagpaliwanag nang walang takot o pangambang magkamali. Iba-ibang mga mananaliksik sa ganitong aspeto ang patuloy na nagmumungkahi at nakapagpatunay na ang paggamit ng unang wika ay higit na mabisa upang matuto ng iba pang mga wika. Dahil dito dapat higit nating pahalagahan ang ginagampangng tungkulin ng unang wika sa pagkamit ng kaalaman sa pagbasa at pagsulat.

Ang pag-aaral naman na isinagawa ni Khosa (2012) ay tungkol sa paggamit ng edukasyon gamit ang unang wika sa ikatlong baitang bilang isang pundasyong aralin sa probinsiya ng Limpopo, Timog Africa. Ang pokus ay ang mga mag-aaral at ang magulang na ang anak ay nasa ikatlong baitang at ang

kani-kanilang karanasan sa paggamit ng unang wika. Ito ay pag-aaral partikular sa kung paano, kailan, bakit, at para kanino ba talaga ang unang wika na ginagamit sa ikatlong baitang. Napag-alaman sa pag-aaral na ang mother tongue na tinatawag nilang Xitsonga ang pinakadominanteng wika kapag ang mga mag-aaral ay may aktibidad sa klase. Ito ay naimpluwensiyahan ng kahirapan ng mga mag-aaral na gumamit ng ikalawang wika. Napag-alaman rin na ang guro, magulang, at mag-aaral ay may positibong pananaw ukol sa paggamit ng unang wika bilang pangunahing wikang panturo sa paaralan. Subalit, ang ibang magulang ay hindi sang-ayon dito at naniniwalang ang Ingles pa rin bilang wikang banyaga ang dapat na ginagamit sa pagtuturo sa mga mag-aaral sapagkat ito ay higit na makatutulong sa paghahanap nila ng trabaho sa hinaharap. Ang isa pang natuklasan ay hindi lahat ng mag-aaral na gumagamit ng unang wika ay nabibigyang pansin sa kanilang paaralan kaya naman nahihirapan silang mag-aral ng ikalawang wika.

Ang matatag na paniniwala naman na pumapabor sa paggamit ng Ingles at iba pang banyagang wika sa Europa ay nagdudulot ng di paggamit ng unang wika sa maraming mga paaralan. Ito ay napansin sa iba-ibang lugar sa buong mundo. Isa na rito ang Peru na umiiwas gumamit ng kanilang sariling wikang Quechua at sa Nepal kung saan ang mga magulang mismo ang nagsusulong upang gamitin lamang ang Ingles bilang panturo. Natukoy naman ni Hornberger and Vaish (2009) ang malalaking bilang ng magulang sa South Africa na gustong gamitin na lamang ang Ingles bilang panturo at hindi ang sampung opisyal na

wika nito. Natukoy sa pag-aaral na ito na ang mismong komunidad ay kumbinsidong mahalaga ang Ingles bilang parte ng edukasyon:

It is evident to most uneducated adults that mastery of the national or official language is a sine qua non for educational and economic opportunity. They then assume that the best way to develop such mastery is to be taught via this language at school. (p. 382)

Ipinaliwanag naman ni Trudell (2007) na ang pundasyon ng pagkahilig ng maraming magulang sa paggamit ng Ingles ay sa dahilang may mahalagang gamit ito sa hinaharap ng mga mag-aaral.

Ang ideolohiya ng mga guro at magulang tungkol sa paggamit ng wika ay nag-uugat sa istrukturang pulitikal at sosyal na institusyon. Sa kabila nito maraming pag-aaral ang naisagawa na at sinasang-ayunan na epektibo ang paggamit ng unang wika sa pagtuturo at pagkatuto ng mga bata. Sa pag-aaral na isinagawa ni Iyamu at Ogiegbaen's (2007) sa mga guro at magulang tungkol sa kanilang opinyon sa paggamit ng unang wika bilang instrumento sa pagtuturo sa Nigeria, napag-alaman na ang hindi pagsang-ayon ng mga guro at magulang ang pinakamalaking balakid sa paggamit nito. Iminungkahi ng mga mananaliksik ang pagbibigay kaalaman sa mga guro at magulang tungkol sa epekto nito. Kahalintulad nito ay iminungkahi rin na ang pagsasagawa nito ay dapat maging marahan at boluntaryo na lamang upang patuloy na mabuo ang suporta ng komunidad dito. Dahil dito, kung walang suporta ang mga guro at mga magulang ay walang patutunguhan ang anumang programa ng gobyerno na maisabatas.

Subalit kahit na maraming ideolohiyang pumapabor sa paggamit na lamang ng Ingles, maraming pag-aaral ang natukoy ang kahalagahan ng unang wika sa

pagtuturo lalo na sa murang edad ng mga bata. Ito ay may bahid ebidensiya sa mga kaso kung saan ang mga guro ay nakakapaglipat “codeswitch” mula sa banyagang wika at sa unang wika upang maitaguyod ang pagkaunawa (Ambatchew, 2010). Ang ibang pag-aaral sa mga komunidad kung saan ang mga lokal na ahensiya ay kasama sa mga programa tulad ng pagsulong ng unang wika ay ipinunto rin na mas madali ang pag-aaral kung ang gagamitin ay ang unang wika (Chimbutane, 2011). Dagdag pa rito ay napag-alaman din ni Stone (2012) na ang propesyunal na pagsulong sa mga oportunidad ng paggamit ng MTB-MLE ay nagpapabisa sa kakayahan ng mga guro at sa kanilang pagtangkilik sa unang wika. Sa nabanggit na mga pag-aaral, nabigyang pansin ang halaga ng isang maayos na polisiya sa pagpapalagananp ng unang wika at ang tamang kurikulum na sasalamín sa maayos na pagpasa nito upang itaguyod ang maayos na pagkatuto.

Sa isinagawang pag-aaral nina Gime at Raden (2016) sa pag-uugali at pananaw ng mga guro hinggil sa pagtuturo ng MTB-MLE sa mga piling paaralan sa NCR malinaw ang rasyonale ng MTB-MLE na paggamit ng mag-aaral ng kanilang unang wika bilang wika ng pagtuturo sa klasrum at pagpapaunlad ng literasi. Ayon sa pag-aaral, nagkaroon ng pagkalito ang mga guro at mag-aaral sa ipinatupad na programa ng DepEd. Ito ay sa dahilang magkaiba ang Tagalog at Filipino na itinuro sa K-3 na maituturing na magkaparehong wika sa istruktura at mga tunog.

Pagbuo ng Kurikulum

Isa sa mga pangunahing hakbang na iminungkahi ni Mackenzie at Walker (2013) sa pagbuo ng kurikulum ay nauukol sa mga polisiya na maaaring ipatupad lalo na sa mga bansang may mahinang modelo ng MTB-MLE kurikulum. Ang mga ito ay ang mga sumusunod: 1) pagpapakita ng malakas na determinasyong pulitikal upang ipakalat ang pagtuturo gamit ang unang wika; 2) pagpapakilala ng mga polisiyang sumisiguro na ang maagang edukasyon ay gumagamit ng unang wika at ang paggabay sa ikalawang wika ay ginagawa nang dahan-dahan at may mga bahagdan nang sa gayon ay lubos ang kanilang pagkatuto; 3) suporta sa pagbuo ng mga materyales sa pagtuturo ng MTB-MLE sa pamamagitan ng paggamit ng mga lokal na mga kagamitan sa komunidad. Kailangang hikayatin ng lokal na guro at komunidad na makibahagi sa pagbuo ng mga kagamitang at masiguro na ang mga lokal na pamahalaan ay tumutugon sa mga pangangailangan at badyet na magagamit sa pagtuturo ng unang wika; 4) pagsuporta sa mga guro upang maayos na mabigyang daan ang polisiya para sa unang wika sa pamamagitan ng mga pagsasanay, insentibo, at pagbuo ng mas epektibong kurikulum; 5) pagpapaunlad ng pinansyal na suporta sa MTB-MLE; at 6) pagbuo ng suporta ng komunidad sa mga mithiin at layunin ng MTB-MLE.

Sa pagbuo ng kurikulum lalo na sa Pilipinas may iba't ibang isyu na ibinahagi sina Durban at Catalan (2012) tungkol sa kasalukuyang sistema ng edukasyon sa Pilipinas tulad ng pagiging limitado nito sa kaangkupan at kalidad

para sa edukasyon ng lahat. Ang iba pang isyung binanggit nila ay ang hindi tamang pagmonitor ng mga programang ipinapatupad ng pamahalaan, globalisasyon ng edukasyon at kahit na ang politika sa edukasyon. Gayundin, dapat tutukan ang pag-uugali at oryentasyon ng mga guro kaya naman hinihimok na tumulong ang pamahalaan upang ang mga problemang ito ay maaksyunan. Upang umunlad ang edukasyon ng Pilipinas, dapat munang mabigyang pansin ang mga isyung ito dahil ang mga isyung ito ay matagal nang sakit at problema sa sistema ng edukasyon ng Pilipinas.

Sa pag-aaral ni Bognot (2015) nakita ang mga suliraning kinakaharap sa Implementasyon ng MTB-MLE sa Lungsod ng Angeles, Pampanga. Natuklasan na hindi sapat ang aklat at ortograpiya sa pagtuturo, hindi naging aktibo at nakikilahok ang mga mag-aaral dahil karamihan sa kanila ay hindi Kapampangan ang katutubong wika. Hindi rin sang-ayon ang mga magulang na matuto ang kanilang anak sa katutubong wika dahil mas naniniwala sila na mas matututo ang kanilang anak sa wikang nakasanayan ng wikang Filipino at Ingles. Kulang din ng koordinasyon, pag-ako ng komunidad, walang sapat na badyet at walang malinaw na polisiya sa implementasyon ng MTB-MLE. Ngunit sa kabila nito ay positibo pa rin ang mga pananaw ng mga guro sa implementasyon.

Sa bawat programa na maiimplementa ay mayroon itong kaakibat na suliranin lalo na kung ito ay bago. Mahalaga ang bawat taong kasangkot sa programa dahil sila ang makikinabang dito at layunin nito ang kapakanan ng lahat. Mahalaga rin na may pag-aaral na magsasarbey at tataya sa

implementasyon ng programa hindi lamang sa isang taon pagkatapos ng programa. Kailangan din ang pagsubaybay o pagmomonitor sa programa. Ang MTB-MLE ay isa sa mahalagang pundasyon sa pagtuturo at pagkakatuto dahil simula ito ng proseso ng pagkatuto ng mga mag-aaral mula sa Kindergarten hanggang ikatlong baitang.

May kaugnayan ang nasabing mga pag-aaral sa kasalukuyang pag-aaral dahil magkakaroon din ng pagtataya at pagsusuri sa kabisaan ng programa ng MTB-MLE sa rehiyon.

Mga Modelo ng Kurikulum

Ang mabisang pagbuo ng kurikulum ay nakabase sa maayos na pagpapalano batay sa siyentipikong mga prinsipyo at modelong binuo sa pagpapaigting ng pagkatuto. Isa sa mga modelo ay mga modelo nina Bobbitt (1924) at Charters (1923). Naniniwala si Bobbitt na ang pagbuo ng kurikulum ay tulad ng pagplapalano ng ruta ng isang tao patungo sa kanyang paglago at kultura maging sa kanyang mga espesyal na abilidad. Sinasalamin nito ang paniniwalang kailangang dagdagan ang kurikulum ng masusing pagmamasid at pamamahala ng kaalaman at aktibidad ng mga mag-aaral tungo sa kanilang pagkatuto. Para sa kanya, ang pangunahing tungkulin ng pagbuo ng kurikulum ay ang pagdiskubre ng mga aktibidad bilang bahagi ng buhay ng mga estudyante at kasama na rito ang kanilang abilidad at personal na kalidad na kailangan sa maayos na perormans. Katulad ng kay Bobbitt ay sumasang-ayon si Charters na naniniwala sa pag-analisa ng aktibidad. Dagdag pa niya na ang

pagbabago sa kurikulum ay nangangailangan ng modipikasyon sa ating paniniwala sa adhikain ng edukasyon. Ang ating adhikain o mga ideya ay naiimpluwensiyahan ng ating pagpili ng nilalaman at karanasan sa pag-aaral. Inihayag nila ang apat na mga hakbangin sa pagbubuo ng kurikulum at ito ay ang mga sumusunod: 1) pagpili ng mga layunin; 2) paghati-hati ng mga layunin sa mga ideyal at mga aktibidad; 3) pag-aanalisa ng mga ito hanggang sa limitasyon ng isasagawang yunit; at 4) pagkolekta sa mga metodo ng pagkamit ng layunin. Sa huli, ang modelo nina Bobbitt at Charters ay naging batayan ng siyentipikong pagbubuo ng kurikulum. Naitala nila na ang aktibidad pangkurikular ay pwedeng pagplanuhan, pag-aralan, at tayahin nang may sistema.

Ang kay Tyler (1949) naman na modelo ay isa pa ring teknikal-siyentipikong modelo na kilalang-kilala noon pa man. Nailathala niya ang “Basic Principles of Curriculum and Instruction” kung saan itinala ang mga hakbanging tungo sa pagtuturo at kurikulum. Sa kanyang pananaw, ang mga taong kasama sa pag-aaral ng kurikulum ay dapat na: 1) alamin ang layunin ng paaralan; 2) alamin ang mga karanasang pang-edukasyon na may relasyon sa mga nabanggit na layunin; 3) alamin kung paanong ang mga karanasan ay naorganisa; at 4) iebalwayt ang mga layunin.

Ang mga layunin ay tumutukoy sa pangkalahatang layunin at iniugnay niya na ang mga tagaplano ng kurikulum ay dapat matukoy ang mga layuning ito sa pamamagitan ng pagkalap ng datos sa mga pinag-aaralan, mga mag-aaral, at sosyodad. Matapos matukoy ang ilang layunin, kailangan pang pinuhin ng

tagaplano ng kurikulum sa pamamagitan ng pagsala ng mga ito ayon sa pilosopiya ng paaralan at sikolohiya ng pag-aaral.

Ipinahayag ni Tyler kung paano pipiliin ang mga karanasang pang-edukasyon upang makamit ang mga dapat na layunin. Ang mga karanasang pampagkatuto ay dapat ikonsidera ang pananaw ng mag-aaral at ang kanilang nakaraang mga karanasan. Gayundin, ang mga ito ay dapat piliin sa husay ng karunungan sa pagkatuto at paghubog ng katauhan. Naniniwala si Tyler na ang pagkakasunod-sunod ay dapat sistematik upang makabuo ng “maximum cumulative effect”. Naisip niyang ang mga ideya, konsepto, pag-uugali, at kakayahan ay dapat na isama sa pagbuo ng kurikulum. Ang mga elementong ito ay makikita sa iba’t ibang paksa at pagkatuto. Ang prinsipyo ni Tyler ay nagtatampok sa pag-eebalweyt ng mga plano at gawain. Naniniwala siya na ang ebalwasyon sa kurikulum ay mahalaga upang makita ang pagka epektibo ng programa.

Isa pang mahalagang modelo ay ang kay Taba (1962) na ipinanukala na may mga hakbangin at panuntunan sa pagbuo ng napag-isipan at dinamikong kurikulum. Hindi katulad ni Tyler, naniniwala siya na ang mga guro ay dapat makisali sa pagbuo ng kurikulum. Ginawa niyang adbokasiya ng tinatawag na “grass roots approach” isang modelo kung saan ang mga hakbangin ay hawig ng kay Tyler. Ang kanyang modelo ay binubuo ng pitong hakbang: 1) Pag-dayagnos ng pangangailangan kung saan ang guro bilang tagapagdisenyo ng kurikulum ay tinutukoy ang mga pangangailangan ng mga estudyante kung saan

ang kurikulum ay nakaplano; 2) Pormulasyon ng mga layunin na ang guro ang maglalagay ng mga layunin; 3) Pagpili ng nilalaman na ayon sa layunin; 4) organisasyon ng nilalaman na ang mga guro ang gagawa na may pagkonsidera sa kaalamang akademiko at interes; 5) Pagpili ng karanasang pangkaalaman kung saan ang guro ay mamimili ng mga metodong pampagtuturo; 6) Pag-organisa ng gawain sa pagkatuto sa tulong ng mga guro; at 7) Ebalwasyon at paraan ng ebalwasyon kung saan ang tagaplano ng kurikulum ang tutukoy kung ang mga layunin ba ay nakamit.

Kaugnay nito ay may mga modelong makatutulong sa pagpapaunlad ng MTB-MLE kurikulum at ang ilan sa mga ito ay ipinaliwanag sa pag-aaral ni Molina et al (2006) tulad ng: 1) Task-based approach na nakatuon sa mga “tasks” o gawain at ang pagtingin nito sa wika at pagtuturo bilang isang proseso; 2) Lexical approach na binigyang pansin o halaga ang tinatawag na “lexical chunk”, “lexical phrase drills”, ang paggamit ng “input” o pagkatutong gamit at pagkadiskubre (discovery-learning) na mga pamamaraan; 3) Neuro-linguistic programming at Multi-intelligence na nakatuon ang interes sa lahat ng posibleng sistemang nakaabang na kabilang sa pangkabuuang pagkatuto ng wika; 4) Cooperative learning na gumagamit ng grupo o sama-samang paggawa na may istruktura at idinidiin na ang kooperasyon ay mainam kaysa sa kompetisyon; 5) Content-based instruction kung saan ang pagkamit ng wika ay produkto ng pagkatuto sa pinag-aaralan at ang nilalaman ng pinag-aaralan na ito ay ang pinakapokus at tunguhin ng wika na midyum ng pagtuturo.

Samantala, ibinahagi ni Comeau (2012) ang tinatawag na “Suzuki’s Mother-Tongue Approach” na sinimulan ni Shinichi Suzuki noong 1930. Isa rin itong mainam na modelong pwedeng gamitin sa mabisang pagkatuto sapagkat ipinapakita rito na ang pagkatuto ng ano mang bagay tulad ng musika at iba pang mga kaalaman ay nangangailangang magsimula sa paggamit ng unang wika. Sa ganitong paraan, kailangang ang bata ay sanayin sa paulit-ulit na pakikinig (repetitive listening) upang maging mabilis ang pagkatuto gamit ang unang wika bilang daan at tulay ng pagkatuto.

Ang isa namang modelong kurikulum ay ang malikhaing kurikulum (Creative Curriculum) batay sa progressivism na tumutukoy sa inobatib na pagtuturo at pagkatuto ayon kay Hampel (2008). Sa pagtuturo nito ay nakatuon sa bata at hindi sa aklat ang sentro ng pagkatuto at nakabatay sa awtoridad ng guro. Ang pagiging mapag-isip o mapagsuri at ang pagiging malikhain ng mag-aaral ay inaayon sa mga estratehiyang magbubukas ng malawakang interes ng mag-aaral. Ito ay pilosopiya at pamamaraang nagtuturo sa mga batang mag-aaral kung saan binabago ang aralin ayon sa pangangailangan at napili ng mag-aaral. Ito rin ay sumasang-ayon sa konsepto na ang bata ay dapat matuto sa mga totoong karanasan (true-to-life activities) kasama ng kanilang mga kapwa mag-aaral.

Isa pang modelo na sinuri ng mananaliksik ay ang modelo ni Wa-Mbaleka (2014) na tinatawag na “Language Chaos Theory” na ayon dito ang pagpasok ng isang polisiya ay nakasisira sa normal na proseso. Sa panahon

ngayon na maraming pagbabagong nangyayari lalo na sa edukasyon ay normal na ang tinatawag na “chaos” o kaguluhan na nagaganap. Marami ang hindi alam ang gagawin o ang kanilang ginagawa. Ang mga materyales panturo ay hindi pa naisasaayos lalo na sa pagtuturo ng MTB-MLE at ang iba pang mga bagay tulad ng pag-aaral ng mga kasanayan ng mga guro ay hindi pa rin natataya. Sa ganitong mga sitwasyon, ang kawalan ng kaayusan ang nagtutulak sa mga iskolar na bumuo ng mga bagong ideya at gamitin ang mga ito kung ito ba ay magiging makabuluhan.

Ang pag-aaral naman ni Daling (2017) ay nakatuon sa nabuong modelong pampagtuturo na tinatawag niyang D-Strat na gumagamit ng unang wika upang epektibong ituro ang wikang Ingles. Ang modelong ito ay may tatlong bahagi: 1) paghubog ng bokabularyo at pagsulat ng mga salita; 2) pagkilala sa literaturang nakabase sa kultura; at 3) pagsusulit ng pinal na gawa. Napag-alaman sa resulta ng ginawang eksperimentong sosyal na ang paggamit ng iba’t ibang mga bahagi ng modelo ay tiyakang nakapagdulot upang makapagpahayag ang mag-aaral sa pasulat at pasalita ayon na rin sa gabay ng unang wika. Nagdulot ito ng paikot na pagkatuto lalo na sa mahihirap na bahagi ng wikang Ingles gamit na rin ang unang wika bilang saklaw gabay sa pag-aaral ng Ingles.

Pagtataya/Ebalwasyon ng Kurikulum

Maraming simulain at pananaw ang mula sa mga eksperto ang nagbigay gabay sa pagtataya ng kurikulum ng MTB -MLE. Sa ginawang pag-aaral ni

Michael Scriven (1988), may tinatawag siyang “intrinsic” versus “pay-off”. Binigyang pansin niya na ang pagiging intrinsic ng ebalwasyon ay nakatuon sa pag-aaral sa plano ng isang kurikulum. Ang paraan ng pag-eebalwayt sa kurikulum ay hindi ang kahulugan ng kurikulum sa halip ay tahasan nilang sinasagot ang tanong na : Gaano kahusay ang kurikulum? Pinag-aaralan nila ang nilalaman ng kurikulum, ang wastong pagkakasunud-sunod nito, ang kawastuhan ng kurikulum, ang mga karanasang inihahain sa pagbuo ng kurikulum at maging ang uri ng kagamitan na gagamitin sa pagbuo ng pag-eebalwayt sa kurikulum. Naniniwala ang mga tagapagsuri ng plano ng kurikulum na tumpak ang nilalaman nito at ito’y magiging basehan nila na magiging epektibo ang kurikulum na ito sa pagkatuto ng mga bata. Tinitingnan din ng mga tagapagsuri ang kahalagahan ng kurikulum. Hindi lang nila binibigyang pansin kung paano maisasakatuparan ang layunin ng kurikulum bagkus kung ano ang kapakinabangan ng bawat layunin ng kurikulum. Pagkatapos na masuri ang kurikulum, tinataya nila ang naging epekto nito sa bata, guro, magulang, at maging sa administrador. Tinawag nila itong “pay –off evaluation”.

Bumuo rin ng sariling paraan ng pag-eebalweyt ng kurikulum sina Walter Dick, Lou Carey, at James Carey (2001) na masasabing tunay na may kapakinabangan sa pag-unlad ng kurikulum na tinawag nilang “formative evaluation”. May tatlong pangunahing bahagi ito: Una ang “one on one”, pangalawa ang “small groups” at panghuli ay “field trial”. Ang unang bahagi ay nakatuon sa pagiging responsable ng mga guro, at maging mga bata sa

pagdebelop ng kurikulum upang makita ang kaayusan nito. Tinitingnan din dito kung anong layunin at tunguhin ang bibigyang pansin, anong mga konteksto ang ipapaloob, anong pamamaraan at anong mga kagamitang akademiko ang isasama sa bagong kurikulum. Sa ikalawang bahagi naman ay gumagawa ng iba't ibang pamamaraan ang mga tagapag-ebalweyt ng kurikulum upang makilatis nila ang kabuuan ng kurikulum kung ito ay may halaga, pakinabang at may kabutihang dulot. Tinataya dito kung ang kurikulum ba na binuo ay may paunang pag-aaral at pagsasakatuparan at naipatupad ang tanging layunin nito. Pumipili ang mga tagapagsuri ng ilang grupo ng bata at guro para makakuha ng datos upang makapaghusga batay sa pag-unlad at implementasyon ng kurikulum. Ang huling bahagi ay nakatuon sa aktwal na pag-eebalweyt ng kurikulum kung ito ay totoong itinuturo. Sinusuri nila ang mga datos na nakuha mula sa ikalawang bahagi upang makita ang resulta mula sa maliit na grupo ng mga guro at mag-aaral mula sa kabuuang bilang ng mga guro at mga mag-aaral sa isang komunidad.

Inilarawan naman ni Kirkpatrick (1994) ang apat na lebel ng "summative evaluation". Sa lebel na Reaksyon, ito ay nakapokus sa pagkuha ng datos kung paano nagbibigay ng reaksiyon ang mag-aaral sa bagong programa. Hindi lang nakapaloob sa datos ang dami ng bagong kaalaman, sa halip ay ang kaugnayan nito sa pag-aaral. Nakatugon ba sa sosyal, emosyonal at intelektwal na pangangailangan ang bagong kurikulum? Maaaring magsagawa ng personal na interbyu ang mga tagapagsuri sa mga mag-aaral. Sa lebel na Pagkatuto ay

nangangalap ng datos ang mga nag-eebalweyt kung nakakuha ang mag-aaral ng bagong kaalaman, kakayahan, at mga pamamaraan na ipinahihiwatig ng bawat layunin ng kurikulum. Nagsasagawa rin sila ng pre-test at post-tests at iba't ibang klase ng pagkilatis sa ipinatutupad na kurikulum. Sa lebel na Paglilipat, nagtatanong ang mga tagapagsuri ng kurikulum kung ang mga nakuhang kaalaman at kakayahan ng bawat indibidwal ay nakapagpabago ng kanilang pag-uugali. Sa paggamit ng iba't ibang klase ng pagtataya, natutuklasan ng mga tagapagsuri kung ang bagong kaalaman, kakayahan at pag-uugali ay nagagamit nila sa pang-araw-araw na buhay, sa pagtatrabaho o sa patuloy na pag-aaral. Ang huling lebel na Resulta ay isang malaking hamon para sa mga tagapagsuri. Ang resulta ng bagong debelop na kurikulum ay maaaring hindi pa makuha agad. Ang ibang mga paaralan ay bahagyang nagtataya sa pamamagitan ng interbyu sa mga mag-aaral. Nakapaloob sa pagtataya kung paano nakapagpabago ang bagong kurikulum sa kanilang kaalaman, kakayahan at pag-uugali.

Sinabi naman nina James Sanders at Blaine Worthen (1987) na ang ebalwasyon ay isang pormal na pagkilala sa kalidad, pagka epektibo o halaga ng programa, produkto, proseso, layunin o kurikulum. Ang ebalwasyon ay kinapapalooban ng pagtatanong at paraan ng paghuhusga batay sa sumusunod: a) pagkilala sa pamantayan sa wastong paghuhusga at pagpapasya kung ang pamantayan ay may kaugnayan at ganap; b) pagkuha ng may kaugnayan na impormasyon; at c) paglalapat ng pamantayan upang malaman ang kalidad. Sa

ganitong paraan tatayain ang kurikulum na umiiral sa isang pag-aaral upang makita at mabigyan ng wastong paghuhusga ng mga mag-aaral at guro ang ipinatutupad na kurikulum.

Sa ginawang pag-aaral ni Robert Thorndike (1941) upang tayahin ng mga edukador ang pagbabagong pangkatauhan ay naging “turning point” niya sa ebalwasyong edukasyonal. Inayos niya sa pitong hakbang ang pag-aaral na ito: Una, nakatuon ang programa sa mithiin at layunin; ikalawa, pag-uuri-uri ng mga layunin; ikatlo, pagpapakahulugan sa mga layunin batay sa kinagawian; ikaapat, paghahanap ng solusyon kung saan maipakikita ang mga natamo; ikalima, paglinang at pagpili ng ibat ibang teknik ng pagtatasa; ikaanim, pagtitipon ng mga datos kaugnay sa performans ng mga mag-aaral; at ikapito paghahambing ng mga datos sa mga layunin.

Kilala naman si Robert Stake (1967) sa kanyang Congruence-Contingency na modelo sa pagtataya. Binigyang pansin niya ang kaibahan ng mga alituntunin sa pormal at impormal na ebalwasyon. Ayon sa kanya sa edukasyonal na ebalwasyon kinakailangang magsikap ang mga edukador na bumuo ng mga alituntunin ng pormal na ebalwasyon. Dagdag pa ni Stake na ang mga ebalweytor ay nagtitipon at nagpoproseso ng higit na ekstensibong uri ng mga datos. Dinamikong isinasaalang-alang ang mga taong sangkot sa proseso ng kurikulum; tinataya ang gampanin ng bawat isa at pinahihintulutang makisangkot sa pagtataya ng programa ang maraming bilang ng tao at naninindigan sa kahalagahan ng isang programa. May tatlong kategorya si

Stake: a) Antecedent, isang kondisyong lumalabas bago ang pagtuturo at pagkatuto na nakaiimpluwensiya sa inaasahang bunga; b) Transaction sa pagitan ng mag-aaral at guro, mag-aaral sa kapwa mag-aaral at mga mag-aaral sa iba pang tao; c) Outcomes na tumutukoy sa resulta ng programa kabilang ang natamo ng mag-aaral, atityud, at kilos, dating persepsyon ng guro sa kanyang kakayahan at impluwensiya sa aksyon ng namamahala. Ipinapakita rin sa modelo ni Stake ang kaugnayan sa pagitan ng plano at kung ano ang isinagawa at tinaya. Para sa kompletong pag-uugnayan ng plano at resulta, kinakailangang ang lahat ng namasid na antecedents, transactions at outcomes ay katulad ng inaasahang bunga nito.

Nagbigay si Stufflebeam (1971) ng isang komprehensibong modelo ng ebalwasyon na may mahalagang ambag sa dulong na decision-management. Ayon kay Stufflebeam, ibinibigay ang mga impormasyon sa pamamahala para sa pagbuo ng desisyon. Ayon sa kanya dapat magtaglay ng mga sumusunod ang ebalwasyon: 1) pagtitiyak kung ano ang mga kinakailangang matipon na impormasyon; 2) pagkuha ng mga impormasyon; 3) pagbibigay ng mga impormasyon sa mga pangkat na nangangailangan nito.

Binigyang-diin ni Stufflebeam na ang ebalwasyon ay proseso ng pagkilala ng kaangkupan, pagkuha, at pagbibigay ng kapaki-pakinabang na impormasyon para sa pagpili ng tamang pagpipilian. Sa pamamagitan ng ebalwasyon ay napalalaganap ang mga kapaki-pakinabang na gawain ng tao kung gaano kahalaga sa buhay ng tao.

May apat na uri ng ebalwasyon ang kaniyang ipinakilala. Una, ang kontekstong ebalwasyon na pag-aaral ng kapaligiran ng programa. Layunin nitong mailarawan ang isang makabuluhang kapaligiran, maipakita ang ninais at aktwal na kalagayan kaugnay sa kapaligiran, matutukan ang mga nakaligtaang pangangailangan at pagkakataon at masuri ang mga dahilan ng hindi pagtugon sa mga pangangailangang ito. Ikalawa, Input na ebalwasyon na nagbibigay ng mga impormasyon kaugnay sa ginamit na pinagkunan at nakatuon sa pasilidad. Isinasaalang nila ang mga mungkahing estratehiya sa pagtatamo ng mga mithiin ng programa at kinikilala nila ang mga paraan kung paano iimplementa ang mga napiling estratehiya. Tugma ba ang nilalaman sa mithiin at layunin ng programa? Angkop ba ang estratehiyang instruksiyunal? May iba pa bang estratehiyang magagamit upang matamo ang mga layunin? Ano ang basehan para masabing matatamo ang mga layunin gamit ang mga estratehiyang ito? Ikatlo, Prosesong ebalwasyon na nakatuon sa implementasyon ng mga desisyon na kumokontrol at namamahala ng programa. Ginagamit ito upang malaman ang pagtutugma ng planano at ng aktwal na gawain. Ito ay binubuo ng tatlong istrategiya: 1) malaman ang mga depekto sa tuntunin ng disenyo o sa bahagi ng implementasyon; 2) nagbibigay ito ng impormasyon para sa pagdedesisyon; 3) mapanatili ang tala ng mga hakbang habang isinasagawa ito; 4) Produktong ebalwasyon, mayroon itong mga ebalweytor na kumakalap ng mga datos upang malaman kung ang produkto ng pinal na kurikulum ay nagtatagalay ng kanilang planano o inaasahan. Gaano kalawak ang natamo ng mga layunin?

Nagrekomenda naman ng dalawang Humanistikong modelo ng ebalwasyon si Elliot Eisner (1998). Una ay ang Connoisseurship ito ay isang pagkilos upang personal na tanggapin ang mga katangiang bumubuo sa isang bagay, sitwasyon o pangyayari. Mayroon itong limang dimensyon: 1) ebalwasyong intensyunal. Tumutukoy ito sa pagtatayang personal ng pagpapahalaga, merito at kabuluhan ng kurikulum; 2) ebalwasyong istruktural na tinataya nito ang disenyo ng kurikulum at organisasyon ng paaralan; 3) ebalwasyong kurikular tinataya naman nito ang espisipikong nilalaman ng kurikulum at kung paano ito ioorganisa at pagsusunod-sunurin; 4) ebalwasyong pedagohikal na tinataya ang disenyong instruksyunal o estratehiya ng pagtuturo; at 5) ebalwasyong ebalwatib na tinataya naman mismo ang ebalwasyon. Paano natamo ang mga datos? Paano binuo ang kurikulum? Naipakikita ba ng mga pagsusulit at iba pang paraan ng ebalwasyon ang tumpak na larawan ng pag-unlad ng mag-aaral? Ang ikalawang Humanistikong modelo ng ebalwasyon ni Eisner ay ang kritisismo, nagtataglay ito ng deskripsyon, interpretasyon, ebalwasyon, at tematik.

Bumuo naman sina Malcon Parlett at David Hamilton (1976) ng modelong Iluminatib o tinatawag minsan na “explication”. Sa dulong na ito, nililiwanag ang tiyak na problema at natatanging katangian ng programang pang-edukasyon. Upang malaman ang mga ito, kailangang bigyang pansin ang kapaligiran kung saan nilinang at isinagawa ang kurikulum. Pinahihintulutan ng modelong iluminatib ang mga ebalweytor na masuri ang umiiral na buong programa at

gampanin na mangalap ng datos para sa tiyak na pagsasagawa. Inaalam ng ebalweytor ang resulta ng itinurong kurikulum at nagbibigay sila ng mga palagay mula sa pagsasakatuparan nito tulad ng atityud at disposisyon ng mga guro, mag-aaral at publiko at mga salik na personal at materyal na tumutulong o humahadlang sa programa. May tatlong hakbang ang modelong Iluminatib:

Una, pagmamasid kung saan kinukuha ng ebalweytor ang pangkalahatang pagtingin sa programa at inilalarawan ang konteksto ng ipinatupad na kurikulum na may pagsasaalang-alang sa mga salik na maaaring makaimpluwensya sa programa; Ikalawa, masusing pagtatanong kung saan inihihiwalay ng mga ebalweytor ang mahahalaga mula sa mga tribyal at sinusuri kung matagumpay o hindi ang programa. Higit nilang binibigyang pansin ito mula sa patuloy na pagsusuri ng mga dokumento ng paaralan at portpolyo ng mga mag-aaral kasama ang pakikipanayam sa mga kawani at magulang; at ang Ikatlo ay pagpapaliwanag kung saan ang mga ebalweytor na gumagamit nito ay hindi nagtatangkang magbigay ng puna sa programa nang hindi kumakalap ng mga datos kaugnay sa ano at bakit nangyayari ito sa programa.

Ayon naman kay Parker Palmer (1998) sa kanyang Modelong Aksyon-Riserts ang natatanging paraan ng pagtataya ng pagtuturo at pagkatuto ay dapat maging bahagi ng kapaligiran. Ang dulong na pinagsasama ang siyentipik at humanistik na modelo. Nakatuon ito sa patuloy na pagbabago sa mga karanasang pang-edukasyon upang maging “sariwa” ang bawat pangyayari sa edukasyon. Naiiba ang modelong ito dahil sa direktang partisipasyon sa

kurikulum. Kung ihahalintulad ito sa pananaliksik, sinusuri ng mga ebalweytor ang quantifiable results ng isang tiyak na kilos sa silid-aralan. Kung ihahalintulad sa pagtataya hindi ito nakatuon sa edukasyon, kundi sa indibidwal na silid-aralan ng mga guro. Binibigyang pansin nito ang pagsasangkot sa guro sa paglutas ng problema upang magamit sa pagkatuto ng mag-aaral. Narito ang mga hakbang sa ebalwasyon: a) Bigyang pansin ang isyung pangkurikulum na bibigyan ng pagtataya; b) Mangalap ng mga impormasyon; c) Organisahin ang mga impormasyon; d) Suriin ang mga impormasyon; e) Iulat ang mga impormasyon; at f) Muling gamitin ang mga impormasyon.

Sa paliwanag ni Stack (2005) bilang kinatawan ng mga tagasuri sa Primary School Curriculum ng Dublin, ang pinakapangunahing layunin ng ebalwasyon ng kurikulum ay maibalita ang kalidad at hangganan ng pagsasakatuparan ng kurikulum sa mga aralin nito. Ang pagtataya nito ay humahanap ng paraan upang malaman ang kalakasan at mga hamon sa pagpapalaganap ng ganitong proseso para sa mga guro at pati na rin sa kumunidad na bumubuo ng paaralan nang sa gayon ay makapagbigay ng mga hakbangin upang suportahan ang kinabukasan ng implementasyon ng kurikulum.

Sa pag-aaral ni Mina (2010) sa ebalwasyon ng malikhaing kurikulum sa preschool literacy readiness sa Nova Southeastern University, tinalakay kung paano tinaya ang kagalingan ng malikhaing kurikulum (Creative Curriculum) na paraan sa pagbuo ng literasi ng pag-aaral ng mga bata o early literacy

development at kahandaan ng mga preschoolers. Inasahan na dahil dito lalong gagaling ang pagbasa at pagsulat ng mga mag-aaral sa preschool.

Si Kashora (2015) naman ay tumutok sa pag-ebalweyt sa disenyo at pagdeliber ng kurikulum na isinagawa sa Zimbabwe Staff College. May mahahalagang punto siyang napag-alaman na makatutulong din sa pagtalakay ng MTB-MLE. Napatunayan niya na isa sa mga balakid sa magandang programa ng kurikulum ay ang kakulangan sa pagkilala lalo na ng mga nakatataas dahilan upang mawalan ng mahabaang polisiyang mag-uudyok ng pagkabuo nito at paghina ng kalidad ng konsepto nito lalo na sa disenyo at paggamit.

Isang pagtataya naman ng kurikulum at implementasyon nito base sa Tanzania Curriculum 2005 ang ginawa ni Kopweh (2014) sa mga lugar na mahirap maabot ng edukasyon. Sa kanyang pag-aaral ay napag-alaman na may hindi pantay na pagtingin at pagkilala ang mga estado at tagapamuno nito sa pagkontrol at pagdikta ng mga termino at pagpapalaganap ng edukasyon. Maganda man ang mithiin ng programa ay nalilimitahan naman ito dahil sa kakulangan ng kagamitan, impluwensiya ng gobyerno, mga pwersang galing sa mga tagabigay at layuning global.

Sa epektibong pagtuturo ng MTB-MLE, dapat may kasanayan at kahandaan ang mga guro upang higit itong mapabuti tulad na lamang ng pag-aaral ni Mata (2014) na binigyan niya ng istruktura ang pagtataya sa MTB-MLE ayon sa kakayahan ng mga guro sa mga aspetong sumusunod: 1) mga teoryang pang-edukasyong napapanahon, pamamaraan at paggamit nito; 2) pagkaalam

sa pagtuturo gamit ang iba't ibang wika at ang ginagampanang tungkulin nito sa kultura at pakikisalamuha sa tao; 3) napapanahong pagpapalaganap ng pagkatuto sa wika; 4) responsibilidad ng guro sa maayos na pagkatuto; 5) relasyon ng guro sa wika at kultura maging sa iba pang disiplina kasama ang mga mag-aaral, magulang at komunidad; 6) ang kakayahang ikonekta ang lokal sa global; 7) ang abilidad na maging adbokasiya sa pagtuturo ng wikang komunikasyong pangkalahatan, at pagkakabuklod-buklod ng kultura; at 8) dedikasyon sa pagpapalagong propesyunal sa sarili, sariling pagkatuto at pagtitiwala sa mga mag-aaral.

Ang pag-aaral namang isinagawa ni Valerio (2015) ay nakapagbigay kaalaman sa kasalukuyang implementasyon ng MTB-MLE sa Pilipinas. Ang kanyang pagtataya ay nakapagbigay linaw sa kasalukuyang problema sa paggamit ng unang wika sa pag-aaral base sa opinyon ng mga guro sa iba't ibang mga paaralan. Isa sa mga nataya ay ang suliranin ng mga guro sa kahusayan ng mga gamit panturo kung tunay nga ba itong nakatutulong upang mabisang maimplementa ang edukasyong MTB - MLE lalo na at may mga kakulangan sa gamit panturo tulad ng mga aklat at iba pang materyales. Gayundin, dapat na ikonsidera ang pagbuo ng mga materyales sa pagbasa na naaayon sa unang wika ng mga mag-aaral.

Teoretikal na Batayan ng Pag-aaral

Naging pangunahing batayan ng pag-aaral ang teorya ni Stufflebeam (1971) na kumikilala sa pormal at may pamantayang ebalwasyon ng kurikulum.

Isinasaalang-alang ang tamang paghuhusga ng mga guro at mag-aaral at maging ang tinataglay na impormasyon ng ebalwasyon na dapat ikonsidera. Ang kanyang modelo na tinatawag na Context, Input, Process, at Product evaluation model ay dinisenyo upang magbigay- gabay sa mga tagasuri at iba pang kasapi na makapag-ambag ng makabuluhang tanong sa pagsasagawa ng ebalwasyon ng isang proyekto. Pinagbatayan ng pag-aaral na ito ang apat na elemento na gabay upang maging maayos ang mga layunin at adhikain ng implementasyon ng MTB-MLE.

Ang mga elementong nabanggit ay ang: 1) Input na tumutukoy sa kung paano isasagawa ang implementasyon ng kurikulum. Tumutukoy din ito sa mga sangkap ng kurikulum tulad ng mga layunin at adhikain, istrategiyang pampagtuturo, mga mag-aaral, mga guro, mga nilalaman at materyales na kailangan sa makabuluhang pagtuturo; 2) Konteksto na tumutukoy sa tanong na ano: Ano ang mga kailangang gawin? Ito ay tumutugon sa pagsuri sa kabuoang kahandaan ng proyekto, masuri kung ang mga adhikain at prayoridad ay nakatuon pa rin sa pangangailangan nito at masuri kung ang mga layunin ay sapat upang sagutin ang mga pangangailangan ng programa; 3) Proseso na sumasagot sa tanong na: Ginagawa ba ito? Tumutukoy sa mga pamamaraan kung paano ang implementasyon ng kurikulum, pagsiyasat sa implementasyon ng proseso ng proyekto at mataya ang sakop na tinanggap at ginagampanang tungkulin ng mga kalahok; 4) Produkto na elementong sumasagot sa tanong na: Naisakatuparan ba ang implementasyon ng proyekto? Ito ay indikasyon kung

ang kurikulum ay nakamit ang mga adhikain nito at mahusgahan ang kinalabasan ng implementasyon sa pamamagitan ng pagsukat ng merito, kapakinabangan, kahalagahan, at kawastuhan ng implementasyon ng proyekto o ng MTB-MLE kung ito ay ilalapat sa kasalukuyang pag-aaral.

Ang kay Tyler (1949) naman na modelo ay isa pa ring teknikal-siyentipikong modelo na kilalang-kilala noon pa man. Nailathala niya ang “Basic Principles of Curriculum and Instruction” kung saan itinala ang mga hakbanging tungo sa pagtuturo at kurikulum. Sa kanyang pananaw, ang mga taong kasama sa pag-aaral ng kurikulum ay dapat na: 1) alamin ang layunin ng paaralan; 2) alamin ang mga karanasang pang-edukasyon na may relasyon sa mga nabanggit na layunin; 3) alamin kung paanong ang mga karanasan ay naorganisa; at 4) iebalwayt ang mga layunin. Ipinahayag ni Tyler kung paano pipiliin ang mga karanasang pang-edukasyon upang makamit ang mga dapat na layunin. Ang mga karanasang pampagkatuto ay dapat ikonsidera ang pananaw ng mag-aaral at ang kanilang nakaraang mga karanasan. Gayundin, ang mga ito ay dapat piliin sa husay ng karunungan sa pagkatuto at paghubog ng katauhan. Naniniwala si Tyler na ang pagkakasunod-sunod ay dapat sistematik upang makabuo ng “maximum cumulative effect”. Naisip niyang ang mga ideya, konsepto, pag-uugali, at kakayahan ay dapat na isama sa pagbuo ng kurikulum. Ang mga elementong ito ay makikita sa iba’t ibang paksa at pagkatuto. Ang prinsipyo ni Tyler ay nagtatampok sa pag-eebalweyt ng mga plano at

gawain. Naniniwala siya na ang ebalwasyon sa kurikulum ay mahalaga upang makita ang pagka epektibo ng programa.

Isa pang mahalagang modelo ay ang kay Taba (1962) na ipinanukala na may mga hakbangin at panuntunan sa pagbuo ng napag-isipan at dinamikong kurikulum. Hindi katulad ni Tyler, naniniwala siya na ang mga guro ay dapat makisali sa pagbuo ng kurikulum. Ginawa niyang adbokasiya ng tinatawag na “grass roots approach” isang modelo kung saan ang mga hakbangin ay hawig ng kay Tyler. Ang kanyang modelo ay binubuo ng pitong hakbang: 1) Pag-dayagnos ng pangangailangan kung saan ang guro bilang tagapagdisenyo ng kurikulum ay tinutukoy ang mga pangangailangan ng mga estudyante kung saan ang kurikulum ay nakaplano; 2) Pormulasyon ng mga layunin na ang guro ang maglalagay ng mga layunin; 3) Pagpili ng nilalaman na ayon sa layunin; 4) organisasyon ng nilalaman na ang mga guro ang gagawa na may pagkonsidera sa kaalamang akademiko at interes; 5) Pagpili ng karanasang pangkaalaman kung saan ang guro ay mamimili ng mga metodong pampagtuturo; 6) Pag-organisa ng gawain sa pagkatuto sa tulong ng mga guro; at 7) Ebalwasyon at paraan ng ebalwasyon kung saan ang tagaplano ng kurikulum ang tutukoy kung ang mga layunin ba ay nakamit.

Sa pamamagitan ng mga naunang pahayag ukol sa kurikulum ng MTB-MLE ng iba’t ibang awtor ay nakabuo ang mananaliksik ng mga tugunang hakbangin o mga proseso upang masagot ang layunin ng kasalukuyang pag-

aaral. 1) pag-aaral sa nilalaman, pagkakasunod-sunod, kawastuhan, at mga karanasan sa pagbuo ng MTB-MLE kurikulum; 2) pagbuo ng kagamitang mag-eibalweyt sa MTB-MLE kurikulum; 3) pagsuri sa kalidad ng MTB-MLE sa Rehiyon 5 ayon sa pagiging epektibo nito o halaga ng programa, produkto, proseso at maging ang layunin nito; 4) pagrekomenda ng produktong kagamitang pang-eibalweyt ng MTB-MLE kurikulum na pwedeng gamitin sa iba pang rehiyon at maging pamantayan na rin ng iba pang mga pagsusuri. Makikita sa susunod na pahina ang konseptwal na balangkas ng pag-aaral.




Figura 1. Balangkas ng Pag-aaral

Layunin ng Pag-aaral

Pangunahing layunin ng pag-aaral na ito na magsagawa ng ebalwasyon sa implementasyon ng kurikulum sa MTB-MLE sa Rehiyon 5-Bikol.

Ang sumusunod ang mga tiyak na layunin ng pag-aaral:

1. Masuri ang implementasyon ng kurikulum ng MTB-MLE batay sa:
 - a. Konteksto;
 - b. Input;
 - c. Proseso; at
 - d. Produkto.
2. Mailahad ang mga hamon ng implementasyon ng MTB- MLE sa Rehiyon.
3. Makapagbigay ng mungkahing disenyo ng ebalwasyon sa implementasyon ng MTB-MLE kurikulum.

Kahalagahan ng Pag-aaral

Mahalagang magkaroon ng pagtataya ang kasalukuyang implementasyon ng kurikulum ng MTB-MLE upang makita ang kabisaan ng umiiral na kurikulum at para sa kapakinabangan ng sumusunod:

Komisyon sa Wikang Filipino

Ang resulta ng pag-aaral na ito ay magsisilbing sanggunian sa mga gawaing binabalak ng komisyon sa pagpapaunlad ng paggamit ng unang wika sa mga di Tagalog na lugar sa

bansa lalo na ang pagganyak sa mga guro sa pagpapaunlad ng MTB-MLE kurikulum tungo sa mabisang pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral.

**Kagawaran ng
Edukasyon
(DepEd)**

Ito ay magagamit na batayan at patnubay sa pagpapalano ng mga gawain hinggil sa pagpapaunlad ng kasanayan ng mga guro ng MTB – MLE upang higit na maging mabisa ang pagtuturo ng literasi ng mga mag-aaral.

**Punong-guro,
Tagamasid at
Tagapamanihala**

Bilang tagapagpatupad ng kurikulum, may sapat silang kaalaman sa programa ng MTB – MLE kung paano naaapektuhan ang pagkatuto ng mga bata. Ang kalalabasan ng pag-aaral na ito ay magsisilbing datos sa pagbabalik-tanaw at pagsusuri sa kurikulum ng MTB-MLE sa Rehiyon 5 maging sa pagbuo ng mga gagamiting aklat na tiyak at wasto sa pangangailangan ng mga bata at guro.

Guro

Bilang tagapagpadaloy ng pagkatuto, malaking tulong sa kanila ang pag-aaral na ito upang gumamit ng iba't ibangistratehiya at pamamaraan ng pagtuturo gamit ang unang wika sa pagkatuto. Mahalagang may kasanayan sila sa pagtuturo ng mother tongue sapagkat sa tuwing hindi pinahihintulutan ng guro na magsalita ang bata sa kanyang unang wika ay nasisira ang konseptwal at personal na pundasyon nito sa pagkatuto (Baker, 2011, Osfidan 2014).

Mga Magulang Ang resulta ng pag-aaral na ito ay makatutulong sa mga magulang upang mas higit na maunawaan at tumulong na mapabuti ang pag-aaral ng kanilang mga anak sa pagpapalaganap ng unang wika sa pamamagitan ng MTB-MLE. Ito ay magpapayaman sa kanilang kultura sa patuloy na pag-unlad ng kani-kanilang wika.

Mag-aaral Makatutulong sa kanila na magamit ang unang wika at magkaroon ng lakas ng loob na magpahayag ng nais na ipahayag sa loob ng klase. Sabi nga ni Baker (2000) ang batang may sapat na kakayahan sa pagsasalita ng kanyang unang wika ay higit na may literasi sa pag-aaral ng pangalawang wika at may positibong resulta sa pagkatuto.

Mga Susunod na Mananaliksik Ang mga matutuklasan sa pag-aaral na ito ay maaaring maging batayan ng mga susunod pang mananaliksik na nais mag-aral tungkol sa MTB – MLE kurikulum at pag-implementasyon nito. Makatutulong din ang mungkahing disenyo ng ebalwasyon ng implementasyon na binuo ng mananaliksik.

Depinisyon ng mga Termino

Nakatala sa ibaba ang mga terminong ginamit sa pag-aaral na binigyang kahulugan ayon sa pagkakagamit nito sa pag-aaral.

Bikol	Ito ang wikang nag-uugat sa karamihan ng mga taong matatagpuan sa kabikolan, gamit ng mga Bikolano upang ipahayag ang kanilang saloobin, damdamin at pagkakaunawaan (Fernandez, 2013). Sa pag-aaral na ito, ang Bikol ang tumutukoy sa unang wika o Mother Tongue ng mga Bikolano sa Rehiyon 5.
Ebalwasyon	Ito ay proseso ng pagtataya, base sa nakalap na mga datos, sa lebel ng pag-unlad ng isang indibidwal na pagkatuto o pagiging epektibo ng isang programa. Sa pag-aaral na ito ay nakatuon ang mananaliksik sa pangangalap ng datos upang makabuo ng isang pagtataya sa kalagayan ng implementasyon ng kurikulum ng MTB –MLE sa Rehiyon 5.
Implementasyon	Tumutukoy ito sa pagpapatupad ng isang programa sa edukasyon upang matugunan ang pangangailangan ng mga kabataan sa wastong pagkatuto batay sa mga pag-aaral. Ang pag-aaral na isinagawa ay nakatuon sa implementasyon ng programang MTB-MLE ng Kagawaran ng Edukasyon na ipinatupad simula noong 2009.
Kurikulum	Isang organisadong set ng pormal na edukasyon at pagsasanay sa intensyon o nilalayong marating. (David Pratt,

1980).Sa kasalukuyang pag-aaral, binigyang pansin ang kurikulum ng MTB-MLE ng Kagawaran ng Edukasyon.

Modelo

Mga ginamit na modelong kurikulum o teorya sa pag-aaral upang mailatag ang kabisaan at kahalagahan nito sa pananaliksik at ginamit na batayan.

MTB –MLE

Nahahati ito sa dalawa: 1) bilang isang asignatura 2) bilang midyum ng pagtuturo.Ang unang wika (mother tongue) bilang asignatura ay nakapokus sa pagdebelop ng kasanayan sa pagbabasa at pagsasalita ng mga mag-aaral sa baitang 1-3.Bilang midyum ng pagtuturo ang unang wika (mother tongue) ay ginamit sa pagtalakay ng aralin sa lahat ng asignatura maliban sa asignaturang Filipino at Ingles mula kinder hanggang sa ikatlong baitang (DepEd Order no.16, 2012).

Rehiyong Bikol

Tumutukoy ito sa mga lugar na nasa gitnang bahagi ng bansa at buntot ng Luzon na kinabibilangan ng apat na punong probinsya tulad ng Camarines Norte, Camarines Sur, Albay, at Sorsogon. Dalawa sa mga islang probinsiya nito ay ang Catanduanes at Masbate. Ito ay may pitong siyudad, 3,471 na barangay na nahahati sa labing-anim na distritong pangkongreso (Selencio, 2014).

Unang Wika

Ang inang wika o unang wika (LI) ay tumutukoy sa wika o mga wika na unang natutuhan ng isang bata, kung saan siya nakauugnay, at kinikilala bilang isang katutubong wikang ginagamit niya. Sa pag-aaral ang unang wikang binigyang pokus ay ang wikang Bikol.

Kabanata 2

METODOLOHIYA

Inilahad sa kabanatang ito ang pamamaraang ginamit sa pananaliksik, paglalarawan ng mga kalahok, ginamit na teknik, paraan ng pagsagawa at pagpapakahulugan ng datos ng ebalwasyon ng implementasyon sa pagtuturo ng MTB-MLE K-3 sa Rehiyon 5.

Disenyo ng Pag-aaral

Ginamit sa pag-aaral ang palarawang disenyo ng pag-aaral, na sumuri, nagtala at nagpaliwanag ng mga kalagayang umiiral sa ngayon. Ayon kay Tyrus (1994) ang palarawang pagsusuri ay isang paraan ng pagtatamo ng mga eksaktong bilang ng mga katanungan tungkol sa isang sitwasyon. Tinangkang ilarawan ang isang kondisyon o kalagayan upang makabuo ng mapananaligang datos mula sa ginawang pag-aaral.

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng dalawang basehan ng datos, ang pangunahin at pangalawang datos. Ang pangunahing mga datos ay naglalaman ng mga impormasyong nakuha sa propayl ng mga paaralang kabilang sa pag-aaral na ginamit sa ebalwasyon ng kurikulum samantala ang ikalawang datos ay sa mga impormasyong nakapaloob o nakuha sa mga dokumento tulad ng aklat, dyornal, mga website, mga kaugnay na literatura at mga pag-aaral.

Ganapan ng Pag-aaral

Ang Rehiyong Bikol ay matatagpuan sa gitnang bahagi ng bansa sa buntot ng Isla ng Luzon. Ito ay binubuo ng apat (4) na malalaking probinsiya ng Camarines Norte, Camarines Sur, Albay, at Sorsogon at dalawang (2) Islang probinsya tulad ng Catanduanes at Masbate. Ito ay may pitong (7) siyudad, 107 na bayan, at 3,471 na mga barangay na nahahati sa labing-anim (16) na Distrito ng Kongreso. Ang kabuoang kalupaan nito ay humigit-kumulang 17,632,400 kwadro kilometro at may populasyon na 5,420,411 batay noong 2012.

Ang probinsya ng Albay na matatagpuan naman sa gitnang parte ng rehiyon ay lugar ng pamosong Bulkang Mayon na matatawag na perpektong “cone” na hugis. Ang Legazpi City na nasa Albay rin ay tinatawag namang “Gateway City” ng Bikol. Ang Albay ay may sukat na 2,552.6 kwadro kilometro at nahahati sa 15 munisipalidad, tatlong (3) siyudad at 720 na barangay. Sa kasalukuyan, ito ay may tatlong distritong Kongresyonal. Ang probinsiya ay may populasyong 1,090,907 noong May 1, 2000 na nagpapakita ng bilang ng populasyon na 427.4 tao kada kuardro kilometro. Ang populasyon nito ay lumakinang 1.77 porsyento simula 1995 hanggang 2000.

Samantala, sa dulong Hilagang bahagi naman ay ang probinsya ng Camarines Norte na ang capital ay ang Daet. Ito ay kilala bilang pinakaunang bayan na nagtayo ng bantayog ng ating pambansang bayani na si, Dr. Jose P. Rizal. Ang Camarines Norte ay binubuo ng 12 munisipalidad, 282 na barangay at dalawang Distritong Kongresyonal na nakapalibot sa sukat na 2,112.5 kwadro

kilometro. Ang populasyon nito ay 458,840 simula noong Mayo 1, 2000 na may pinakamababang paglaki ng populasyon sa buong probinsya ng Bikol na umaabot lamang ng 0.94 porsyento simula 1995 hanggang 2000. Sa siyudad naman ng Naga sa probinsya ng Camarines Sur ay matatagpuan ang Colegio de Sta. Isabel na kilala bilang pinakaunang normal na paaralan para sa mga babae sa Silangan.

Sa probinsya ng Catanduanes ay makikita ang ipinagmamalaking mga puting buhangin sa karagatan at mga resorts na matataguriang paraisong Isla sa Pasipiko. Ang probinsya ng Masbate naman ay matatagpuan sa gitna ng Pilipinas, kilalang lugar sa pagmimina at industriya ng bakahan. Ang Sorsogon naman ay probinsyang kilala sa mga makasaysayang lugar at nakakabighaning mga lugar. Lugar din ito ng mga naglalakihang isda tulad ng pating na tinatawag sa lokal na pangalang butanding. Bilang isang estratehikong lugar sa Pilipinas, ang rehiyong Bikol ay madaling lakbayin mapalupa man, himpapawid, o karagatan. Ang ekonomiya sa rehiyong Bikol ay agrikultural na kalahating porsyento ng manggagawa rito ay nakadepende sa nabanggit na industriya. Dahil sa lokasyon nito, ang Rehiyon 5 ay kilala sa mga natural na resorts at mapuputing buhangin sa dalampasigan at may labintatlong lugar pangisdaan na naghahatid ng isda sa mga pangunahing palengke hanggang sa Metro Manila. Pagmimina ang isa sa mga pangunahing nagbibigay sigla sa ekonomiya ng rehiyon. Ito rin ang lugar ng dalawang pangunahing malalaking geothermal fields

na nagsusuplay ng kuryente sa Luzon o ang Luzon Power Grid. (Tingnan sa Apendiks ang lokasyon ng mga lugar at mapa ng Rehiyong Bikol).

Mga Kalahok sa Pag-aaral

Sa pagpili sa mga tagatugon ng pag-aaral na ito, ginamit ng mananaliksik ang “purposive sampling method” sa pagpili ng mga paaralang elementarya sa Rehiyong Bikol. Ang metodolohiyang ito ay tinatawag ding panghuhusgang pagpili o pagpiling subhektibo, isa itong uri ng “non-probability sampling technique”. Ang teknik na ito ay nakatuon lamang sa pagpili kung saan ang mga yunit na kinuha ng mananaliksik ay nakabatay lamang sa kanyang mataas na pagkilatis o paghuhusga. Sa pagpili ng mga guro, ginamit ng mananaliksik ang tinatawag na “Stratified sampling” kung saan ang teknik na ito ay kumuha ng pinili ayon sa representasyon nito bilang isang grupo sa isang malaking grupo kung saan doon pumili lamang ang mananaliksik ng mas maliit na parte upang maging basehan ng pag-aaral. Ayon nga kay Zulueta at Costales (2003) ang ganitong uri ng pagpili ay nakasiguro na ang bawat grupo ay tiyakang nabigyan ng representasyon. Ang Slovin pormula ang ginamit upang makuha ang tamang dami ng kalahok sa pananaliksik.

Sa ginamit na pamamaraan sa pagpili na may kabuoang 156 na binubuo ng 13 na administrador, 108 na mga guro at 35 na mga magulang/ tao sa komunidad. Ang Talahanayan 1 ay nagpapakita ng distribusyon ng populasyon sa pag-aaral na ito.

Talahanayan 1

Mga Kalahok sa Pag-aaral

Paaralan	Bilang ng mga Kalahok		
	Administrador	Guro	Mga Tao sa Komunidad
Camarines Norte	3	19	5
Camarines Sur	3	23	5
Albay	1	12	5
Masbate	1	10	5
Sorsogon	2	16	5
Naga City	2	18	5
Catanduanes	1	10	5
Kabuoan	13	108	35

Ang mga kalahok ay pinasagot sa inihandang talatanungan na may kinalaman sa ebalwasyon ng implementasyon ng kurikulum sa MTB-MLE sa Rehiyon 5 batay sa input, konteksto, proseso, at produkto. Sila ay sumagot din sa ilang katanungan sa panayam. Ginawa ito sa kanilang libreng oras at ang mananaliksik mismo ang kumuha ng mga datos upang masiguro ang isandaang porsyento ng pagkalap ng datos at ginabayan sila sa tamang pagsagot. Ang mga tugon ng mga kalahok ay mananatiling konpidensyal at ginamit lamang para sagutin ang layunin ng pag-aaral na ito.

Paraan ng Paglikom ng Datos

Batay sa mga layunin ng pag-aaral na ito, ang mananaliksik ay nagsagawa ng paglikom ng datos gamit ang mga pangunahing instrumento sa pag-aaral tulad ng paggamit ng tseklist, at interbyu-patnubay sa pakikipanayam.

Pasimulang obserbasyon. Upang mas maintindihan ng mananaliksik ang napiling paksa, nararapat lamang na magkaroon ng kanya-kanyang obserbasyon at impormal na interbyu sa mga guro sa mga paaralan sa mga lugar na kasangkot ng pag-aaral. Gayundin, bumisita ang mananaliksik sa mga piling paaralan sa Rehiyon 5 upang obserbahan ang implementasyon ng MTB-MLE.

Paghahanda ng Talatanungan. Naghanda ng talatanungan (Tingnan sa Apendiks C) ang mananaliksik at ipinataya ito sa tagapayo at mga kaguro. Nagkaroon din ng pilot testing ng mga talatanungan sa mga guro na hindi kalahok sa pag-aaral upang makita ang kabisaan nito.

Naghanda rin ng patnubay sa pakikipanayam ang mananaliksik at mga tanong na nagbibigay- daan sa malayang pakikipag-usap na may kaugnayan sa implementasyon ng MTB-MLE. Nasa talahanayan 2 ang mga bahagi ng Talatanungan. (Tingnan sa Apendiks C ang kabuoang talatanungan).

Talahanayan 2

Talatanungan sa Pagtataya

Nilalaman	Dami ng Aytem	Lalagyan ng Aytem	Porsyento
Bahagi I – Kaalaman sa Nilalaman at Layunin ng MTB-MLE	11	1 – 11	42.31
Bahagi II – Proseso ng Implementasyon ng MTB	5	12 – 16	19.23
Bahagi III – Konteksto ng Implementasyon ng MTB	5	17 – 21	19.23
Bahagi IV – Produkto ng Implementasyon ng MTB	5	22 – 26	19.23
Kabuoan	26	42	100.00%

Ang datos ng pag-aaral na ito ay kinuha gamit ang talatanungang binuo batay sa layunin ng pag-aaral. Ang mga balangkas na ito ay binuo ng apat na bahagi base sa modelo ni Stufflebeam, ang Bahagi I ay Input, Bahagi II ay Proseso ng implementasyon ng MTB-MLE Bahagi III ay Konteksto ng implementasyon ng MTB-MLE at ang Bahagi IV ay produkto ng implementasyon ng MTB-MLE Ang balangkas nito ay binuo mismo ng mananaliksik upang tugunan ang pag-aaral.

Pagkalap ng Datos.

Sa pagkalap ng datos, ang mananaliksik ay humingi ng pahintulot sa Kagawaran ng Edukasyon sa Rehiyon 5 at pati na rin sa mga kalahok. Ang kanilang tugon ay kinuha lamang sa kanilang ibinigay na libreng oras.

Ang pagpili ng mga kalahok ay hindi tumitingin sa kasarian, katayuan o estado, pati na rin kung nabibilang sa pangkat-etniko. Ito ay base sa talaang ibinigay ng Kagawaran ng Edukasyon sa Rehiyon 5 na inirekomenda ng kani-kanilang punongguro. Unang ginawa ng mananaliksik ang pagkalap gamit ang inihandang mga talatanungan. Ang pamamaraang ito ay isang matipid at epektibong paraan para makuha ang mga kaalaman ng mga piling tao gayon din ang publiko. Sa gayong paraan, madaling malalaman ng mananaliksik ang statistikal na datos ng kanyang paksa at magbibigay ng daan upang mas mapatibay ang magiging mga pokus at argumento ng pag – aaral. Ang pagkalap din ay mas nakikitang epektibo ng mananaliksik upang makakuha ng mas katiwa-tiwalang datos mula sa mga piling tao. Sa ganitong pamamaraan, natiyak ng mananaliksik ang katumpakan ng mga impormasyon gayundin ang kinalabasan ng pag-aaral na ito.

Ang nasabing pagkalap ay personal na gawa ng mananaliksik na ibinatay niya sa mga nais na matamong impormasyon mula sa mga kalahok. Sa ganitong pamamaraan ay nakuha niya agad ang mga impormasyon, diretso sa punto at tiyak na kasagutan.

Pag-aanalisa ng Datos

Ang Slovin pormula ang ginamit upang makuha ang tamang dami ng respondyente sa pananaliksik.

$$n = \frac{N}{1 + N (e)^2}$$

Kung saan:

n = kalahok

N = kabuoang kalahok

e = desired margin of error (porsyentong ginawa para sa hindi saktong sukat dahil sa paggamit

ng sampol imbis na ang buong populasyon.)

Weighted mean naman ang ginamit upang malaman ang implementasyon ng MTB-MLE sa Rehiyon 5 ayon sa modelo ni Stufflebeam batay sa apat na saligan tulad ng input, proseso, konteksto, at produkto na gumagamit ng 4-puntos na Likert scale.

$$WM = \frac{\sum F}{N} \times SV$$

Kung saan:

WM = Weighted mean

$\sum F$ = Sum of the frequency an item rated

SV = assigned scale value for a particular Item

N = bilang ng kalahok na sumagot sa partikular na aytem.

Ginampanang Tungkulin ng Mananaliksik

Ang mananaliksik ay gumawa ng mga obserbasyon at nagbigay ng mga talatanungan upang magkaroon ng maayos na ebalwasyon ng kurikulum sa pagtuturo ng MTB-MLE sa Rehiyon 5. Upang makalikom ng isandaang porsyentong pagbalik ng mga talatanungang may makabuluhang sagot ay mismong ang mananaliksik ang kumuha at pumunta sa iba't ibang lugar sa Rehiyon 5 na saklaw ng pag-aaral.

Paraan ng Balidasyon

Ang tanong ng pagiging maayos ng pag-aaral na ito ay sinasagot ng balidasyon. Si Welman et al (2005) ay binigyang depinisyon ang balidasyon bilang “isang kasukdulan kung saan ang napag-alaman sa pagsasaliksik ay mainam na naipahayag kung ano talaga ang nangyayari sa sitwasyon”. Sa proseso ng pag-aaral na ito, bilang isang tagapag-obserba ang mananaliksik ay umiwas na magsalita sa silid-aralan o opisina upang makapakinig nang husto at maitala ang matibay na datos. Ang mananaliksik ay binigyang balidasyon ang mga nakuhang kaalaman at presentasyon sa mga lugar ng pag-aaral. Kaya naman, ang prosesong ito ay binigyang garantiya ang balidasyon at kasiguruhan ng pag-aaral na nagsibing pagtukoy ng may pagiging sensitibo sa lugar ng pag-aaral.

Gayundin, upang mas tumaas ang balidasyon ng ginamit na talatanungan sa pag-aaral na ito ay minarapat ng mananaliksik na ang unang burador ng talatanungan ay ipakita sa kanyang tagapayo, propesor at mga kaguro na

nagbigay ng ilang mungkahi para sa higit na kawastuhan. Pagkatapos ay ginamit ito sa mga piling paaralan sa Bicol na kalahok sa pag-aaral. Sa Talahanayan 3 naman ay makikita ang mga indikasyon na tumatalakay sa konteksto ay makikita na sa sampung indikasyon ay mayorya sa mga indikasyon ay mabisa at tatlo lamang ang may katamtamang bisa. Sa kabuoan ay may weighted mean na 3.73 na may interpretasyong Mabisa.

Talahanayan 3

Pagtanggap sa Kabisaan sa Nilalaman ng Talatanungan sa Konteksto ayon sa Pagsusuri ng mga Juror N=3

Mga Indikasyon sa Konteksto	Weighted Mean	Ranggo	Interpretasyon
1. May suporta ang administrasyon sa pagpapatupad ng MTB-MLE	4.00	3	Mabisa
2. May kaalaman at kasanayan ang administrasyon sa pagpapatupad ng MTB-MLE	3.67	6.5	Mabisa
3. May positibong pagtanggap ang administrasyon sa polisiya	4.00	3	Mabisa
4. May ginagamit na gabay sa pagsubaybay at ebalwasyon sa mga guro ang administrasyon	3.33	9	Katamtamang Bisa
5. May kahandaan ang mga guro at mga magulang sa pagpapatupad ng bagong kurikulum.	3.33	9	Katamtamang Bisa
6. May kalakasan ang programa ng MTB-MLE sa iba pang naunang kurikulum.	4.00	3	Mabisa
7. Ang nilalaman ng programa ay nakabatay sa mga pangangailangan ng mga bata.	3.67	6.5	Mabisa
8. Tumutugon ang mga guro sa mga polisiya at pagpapatupad na nararapat para sa programa.	4.00	3	Mabisa
9. May mga handang batayan upang masukat ang kalinangan ng mga mag-aaral sa pagtugon sa programa.	3.33	9	Katamtamang Bisa
10. May mga bahagi sa programa ng MTB-MLE na lumilinig sa kasangkutan ng komunidad o mga magulang sa paggamit ng unang wika.	4.00	3	Mabisa
Average Weighted Mean	3.73	-	Mabisa

Matutunghayan sa Talahanayan 4 ang resulta ng pagsusuri sa input. Makikitang ang kabuoang weighted mean ay 3.70 na nagsasabing Mabisa nga talaga ang mga indikasyon sa input.

Talahanayan 4

Pagtanggap sa Kabisaan sa Nilalaman ng Talatanungan sa Input ayon sa Pagsusuri ng mga Juror N=3

Mga Indikasyon sa Input	Weighted Mean	Ranggo	Interpretasyon
1. Tiyak at malinaw ang mga layunin ng MTB sa pangangailangan sa pagkatuto ng mga mag-aaral	4.00	3	Mabisa
2. Nakaaangkop ang mga layunin ng kurikulum sa pandaigdigang pamantayan	4.00	3	Mabisa
3. Mayroong mga batayang aklat sa pagtuturo ng kani-kanilang Unang Wika	3.67	8	Mabisa
4. May mga "supplementary materials" na ginagamit sa pagtuturo	3.67	8	Mabisa
5. Gumagamit ng iba't ibang kagamitang panturo ang guro	4.00	3	Mabisa
6. Angkop ang mga inihandang kagamitang panturo sa antas ng mga mag-aaral	4.00	3	Mabisa
7. Naaayon ang mga kagamitang panturo sa nakatakda sa kurikulum	4.00	3	Mabisa
8. Sapat ang bilang ng mga guro na nagtuturo ng Unang Wika	3.67	8	Mabisa
9. May sapat na kaalaman at kasanayan ang mga guro sa pagtuturo ng kani-kanilang Unang Wika	3.33	9.5	Katamtamang-Bisa
10. Angkop ang natapos na ispesyalisasyon ng guro sa kanyang itinuturong asignatura	3.00	11	Katamtamang-Bisa
11. Naihanda ang mga guro sa pagpapa-tupad sa pamamagitan ng pagsasanay, seminar at iba pa.	3.33	9.5	Katamtamang-Bisa
Average Weighted Mean	3.70	-	Mabisa

Sa mga indikasyon naman na tumatalakay sa proseso ay makikita sa Talahanayan 5 na sa kabuoang interpretasyon sa sampung indikasyon ay katanggaptanggap ang talatanungang aytem na proseso dahil sa weighted mean na 3.80 o may interpretasyon na Mabisa.

Talahanayan 5

Pagtanggap sa Kabisaan sa Nilalaman ng Talatanungan sa Proseso ayon sa Pagsusuri ng mga Juror N=3

	Mga Indikasyon sa Proseso	Weighted Mean	Ranggo	Interpretasyon
1.	Naaayon sa programa ng DepEd ang pagpapatupad MTB-MLE	3.67	7.5	Mabisa
2.	Maayos ang pagpapatupad ng programa ng MTB-MLE	4.00	2.5	Mabisa
3.	Nagagamit ng mga guro ang mga kaalaman at kasanayan na nakuha sa pagsasanay ng MTB-MLE	3.67	7.5	Mabisa
4.	Nakikilahok ang mga mag-aaral sa pagpapatupad ng MTB-MLE.	4.00	2.5	Mabisa
5.	Nagagamit ng mga guro at mag-aaral ang mga inihandang aklat para sa pag-aaral ng unang wika.	3.67	7.5	Mabisa
6.	May oryentasyon ang Kagawaran ng Edukasyon sa pagpapatupad ng programa.	4.00	2.5	Mabisa
7.	Naipatatupad ng mga administrador ang mga layunin sa implementasyon ng MTB-MLE.	4.00	2.5	Mabisa
8.	Nakikilahok ang mga magulang at komunidad sa programa ng MTB-MLE.	3.67	7.5	Mabisa
9.	Sapat ang pondo ng pamahalaan sa pagpapatupad ng programa	3.67	7.5	Mabisa
10.	Mas naging madali para sa mga guro ang pagtuturo gamit ang iba-ibang metodolohiya sa paggamit ng unang wika sa pagtuturo.	3.67	7.5	Mabisa
	Average Weighted Mean	3.80	-	Mabisa

Sa Talahanayan 6 naman ay ang talatanungang may kinalaman sa produkto at base sa mga indikasyon ay lumalabas na halos lahat ng aytem ay mabisa at dalawa lamang sa sampung indikasyon ang may katamtamang bisa. Gayunpaman, sa kabuoan ay masasabing mabisa ang mga indikasyon sapagkat may weighted mean na 3.73 o may interpretasyong mabisa.

Talahanayan 6. Pagtanggap sa Kabisaan sa Nilalaman ng Talatanungan sa Produkto ayon sa Pagsusuri ng mga Juror N=3

Mga Indikasyon sa Produkto	Weighted Mean	Ranggo	Interpretasyon
1. Nakatutulong ang mga kaalaman at kasanayang matatamo sa pamamagitan ng MTB-MLE	4.00	2.5	Mabisa
2. Nakatutulong ang MTB-MLE sa pagsusulong ng epektibong pagtuturo at epektibong pagkatuto	4.00	2.5	Mabisa
3. Naipahahayag ng mga guro ang mga terminolohiya sa wastong gamit nito.	3.33	9.5	Katamtamang Bisa
4. Nakapagsasalita nang mahusay at wasto ang mga bata gamit ang kanilang unang wika.	3.67	6.5	Mabisa
5. Nakababasa nang maayos at may pag-unawa ang mga bata gamit ang kanilang unang wika.	3.67	6.5	Mabisa
6. Nakikisalamuha ang mga bata sa mga usapan at talakayan sa loob ng klase gamit ang natutuhan na kaalaman sa MTB-MLE.	3.67	6.5	Mabisa
7. Nakabubuo ng mga dayalogo ang mga bata mula sa mga kaalaman at kasanayan ng kurikulum ng MTB-MLE.	4.00	2.5	Mabisa
8. Nakagagawa ng mga maiikling tala, kwento at iba pang output na pasulat ang mga bata.	4.00	2.5	Mabisa
9. Nauunawaan ng maayos ng mga bata ang pagbibilang, mga numero, at mga operasyon nito gamit ang unang wika.	3.33	9.5	Katamtamang Bisa
10. Nagagamit ng mga bata ng tama at maayos ang unang wika sa pakikipagtalastasan sa kanilang komunidad batay sa kanilang pagkatuto sa kurikulum ng MTB-MLE.	3.67	6.5	Mabisa
Average Weighted Mean	3.73	-	Mabisa

Samakatuwid ay lahat ng indikasyon sa talatanungan ay mabisa ayon na rin sa pagsusuri ng mga “Juror” o ekspertong sinangguni ng mananaliksik. Dahil dito ay masasabing balido ang mga aytem. May isang aytem din sa indikasyon ang pinalitan ng mananaliksik upang umakma sa suhestiyon ng mga eksperto na batay na rin sa kanilang mungkahi. Dahil dito ay nakuha ng mananaliksik ang nararapat na mga indikasyong sasagot sa mga layunin ng kasalukuyang pag-aaral.

Etikal na Konsiderasyon

Sa dahilang laging dapat na bigyang diin lalo na kapag ang mananaliksik ay gumagawa ng disenyo at pamamaraan ng pag-aaral na siya ay dapat ginagabayan ng mga sumusunod na etikal na mga prinsipyo: pagpapaalam na may pagkonsente, respeto sa pagiging pribado at konpidensyal, walang masamang mangyayari sa mga kalahok ng mananaliksik, at walang dayang gagawin sa mga kalahok. (Gilbert, 2008).

Ang mananaliksik ay minarapat na gawing konpidensyal ang mga datos na nakuha sa mga kalahok maging ang mga rekord ng boses base sa interbyu at pati na rin ang mga talatanungang nakuha sa pag-aaral. Ipinaalam din sa mga kalahok na sa loob na matapos ang pag-aaral ay sisirain at itatapon ang mga nalikom na datos upang maiwasang mapunta sa mga mananaliksik at gamitin sa mali ang mga datos. Gayundin naman, ang mananaliksik ay humingi ng

pahintulot sa Departamento ng Edukasyon upang makapagsagawa ng pananaliksik at ebalwasyon ng MTB-MLE K-3 Kurikulum sa Rehiyon Bikol.

Kabanata 3

RESULTA AT PAGTALAKAY NG DATOS

Ang kabanatang ito ay sumasaklaw sa pagtalakay ng pag-aaral, pag-aanalisa at pagpapakahulugan sa resulta batay sa masusing pananaliksik gamit ang obserbasyon, panayam at talatanungan kaugnay sa ebalwasyon ng implementasyon ng kurikulum ng MTB-MLE sa Rehiyon 5.

Pagsusuri ng Implementasyon ng Kurikulum ng MTB-MLE

Ang pagsusuri ng implementasyon ng kurikulum ay ibinatay sa CIPP evaluation model ni Stufflebeam (1971) kung saan may apat na sukatan ng maayos at mabisang implementasyon. Ito ay ang 1) Konteksto; 2) Input o Nilalaman; 3) Proseso; at 4) Produkto.

Konteksto

Ang kontekstong ebalwasyon ay tumutukoy sa kapaligiran ng programa. Layunin nitong mailarawan ang isang makabuluhang kapaligiran, mapakita ang ninais at aktwal na kalagayan kaugnay sa kapaligiran, matutukan ang mga nakaligtaang pangangailangan at pagkakataon at masuri ang mga dahilan ng hindi pagtugon sa mga pangangailangang ito. Makikita sa Talahanayan 7 ang kabuoang datos ng mga Sumagot sa Konteksto ng Implementasyon ng MTB sa Rehiyon 5.

Sa talahanayan mapapansing may sampung indikasyon at ang pinakauna ay tumutukoy sa suporta ng administrasyon sa pagpapatupad ng MTB-MLE. Ang

mga administrador at mga guro ay sumasang-ayon dito na may anim (6) sa administrador at animnapu't walo (68) naman sa mga guro.

Talahanayan 7

Kabuoang Datos ng mga Sumagot sa Konteksto

Indikasyon	Administrador			Guro			Tao sa Komunidad					
	HS	S	HLS	HS	HS	S	HLS	HS	HS	S	HLS	HS
1. May suporta ang administrasyon sa pagpapatupad ng MTB-MLE	4	6	3	0	26	68	12	2	9	7	10	4
2. May kaalaman at kasanayan ang administrasyon sa pagpapatupad ng MTB-MLE	9	3	1	0	21	68	12	4	5	11	8	3
3. May positibong pagtanggap ang administrasyon sa polisiya	10	2	1	0	20	71	11	3	3	10	12	6
4. May ginagamit na gabay sa pagsubaybay at ebalwasyon sa mga guro ang administrasyon	3	3	2	5	18	14	37	39	5	6	11	10
5. May kahandaan ang mga guro at mga magulang sa pagpapatupad ng bagong kurikulum ng MTB-MLE	5	3	5	0	25	64	15	4	10	4	7	4
6. May kalakasan ang programa ng MTB-MLE sa iba pang naunang kurikulum.	5	6	2	0	29	50	16	9	8	5	11	6
7. Ang nilalaman ng programa ay nakabatay sa mga pangangailangan ng mga bata.	4	5	4	0	33	45	17	8	7	11	9	4
8. Tumutugon ang mga guro sa mga polisiya at pagpapatupad na nararapat para sa programa.	6	4	3	0	28	45	17	14	7	12	4	5
9. May mga handang batayan upang masukat ang kalinangan ng mga mag-aaral sa pagtugon sa programa.	3	5	3	0	26	44	20	11	5	7	10	6
10. May mga bahagi sa programa ng MTB-MLE na lumilina sa kasangkutan ng komunidad o mga magulang sa paggamit ng unang wika.	3	4	4	0	19	44	21	14	3	8	14	5
KABUOAN	48	46	32	0	267	548	152	83	54	86	114	63

Malaking bilang naman sa mga tao sa komunidad ang hindi lubusang sumasang-ayon dito na may sampung (10) bilang. Ipinapakita lamang na suportado ng administrasyon ang pagpapatupad ng MTB-MLE kahit na may mga balakid sa pagpapatupad nito. Marami sa mga guro ang naniniwalang makabuluhan ang MTB-MLE sa pagtamo ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral. Samantalang ang mga magulang naman ay may pagdududa pa rin sa tunay na epekto nito sa kanilang mga anak. Ayon sa isang Tagapamanihala ng mga Paaralan sa rehiyon,

“Isang matagumpay na pag-aaral ang patuloy na pagsasakatuparan ng mga guro sa buong Rehiyon na maituro nang maayos at wasto sa pangangailangan ng mga bata ang MTB-MLE sa bawat probinsya. Nakalulungkot nga lang na may ilang mga magulang na hindi na ito ginagamit sa loob ng kanilang tahanan at sa araw-araw na pakikipag-usap. Pero hindi po sumusuko ang ating mga guro na patuloy na bigyan ng sapat at wastong pagkatuto ang mga bata”.

Isang hamon sa panig ng mga namumuno na patuloy na mahikayat ang mga magulang na gamitin ang unang wika mula sa pag-aaral ng Grade 1 hanggang Grade 3.

Ang ikalawang indikasyon naman ay tumutugon sa pag-alam kung may kaalaman at kasanayan ang administrasyon sa pagpapatupad ng MTB-MLE at lumalabas na higit na maraming bilang ng mga administrador ang higit na sumasang-ayon dito na may siyam (9) sa labintatlong (13) sumagot. Mas marami naman sa mga guro ang tumugon sa interpretasyon na sumasang-ayon na may animnapu't walo (68) at labing-isa (11) naman sa mga tao sa komunidad. Ibig sabihin nito ay may tiwala kahit ang komunidad na binubuo ng mga magulang ng

mga mag-aaral sa kapasidad ng administrasyon sa pagpapatupad ng MTB-MLE sa mga paaralan.

Sa ikatlong indikasyon naman ay inalam kung may positibong pagtanggap ang administrasyon sa polisiya na sinang-ayunan naman ng mga guro na may pinakamataas na bilang na pitumpu't isa (71) na sumasang-ayon. Ang administrasyon naman ay higit na sumasang-ayon na may sampu (10) sa (13) labintatlong populasyon at tanging ang tao sa komunidad lamang ang hindi lubusang sumasang-ayon na may labing-dalawa (12). Kaya naman maaaring masabing positibo talaga ang pagtangkilik ng mga administrador sa mga polisiyang ibinibigay ng Kagawaran ng Edukasyon lalo na ito ay nagmula sa nasyonal upang kanilang ipatupad.

Ang ikaapat na indikasyon ay tumutukoy kung may ginagamit na gabay sa pagsubaybay at ebalwasyon sa mga guro ang administrasyon. Mapanpansing umamin ang mga administrado na may pagkukulangan sa ganitong aspeto na may lima (5) ang hindi sumasang-ayon mula sa administrador samantalang halos anim (6) lamang sa labintatlo (13) ang may positibong pananaw rito. Subalit sa mga guro mapapansing karamihan ng mga sumagot ay hindi sumasang-ayon na may ginagamit na gabay sa pagsubaybay at ebalwasyon ang mga administrador na may tatlumpu't siyam (39) na tugon at ganon din ang tugon ng mga tao sa komunidad na naniniwalang kulang o hindi sapat ang gabay sa pagsubaybay at ebalwasyon sa mga guro na dapat na ginagawa ng administrasyon na halos dalawampu't isa (21) ang negatibo ang pananaw sa

indikasyon na ito. Inaasahan na ito ng mananaliksik sapagkat sa pakikipanayam sa mga kalahok ay nabanggit na nilang may kakulangan nga sa gabay pagsubaybay at inaasahang makatutulong kung mayroong ganito sa pagpapatupad nila ng MTB-MLE. .Naniniwala ang ilan na may ginagawang ebalwasyon ang administrasyon sa implementasyon ng MTB-MLE ngunit makikita sa pahayag ng ilang mga guro na wala silang nakikitang gabay sa pagsubaybay tuwing ang mga ito ay papasok sa loob ng klase. Ayon sa mga guro kahit mayroong mga obserbasyong ginagawa ang mga superbisor sa MTB-MLE wala silang gabay sa pag-eebalweyt ng epektibong pagtuturo ng mga guro at gayundin sa pagsukat ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral. Makikita ang malaking pangangailangan dito sa programa ng MTB-MLE sapagkat ito ang magbibigay pamantayan sa maayos na pagsukat nito.

Sa ikalimang indikasyon na kung may kahandaan ang mga guro at mga magulang sa pagpapatupad ng bagong kurikulum, higit na sumasang-ayon ang mga administrador na may lima (5) na may ginagawang ebalwasyon ang administrasyon sa implementasyon ng MTB-MLE. Ang mga guro naman ay sumasang-ayon na mayroong animnapu't apat (64) na tugon, at kahit ang mga tao sa komunidad ay higit na sumasang-ayon na may sampu (10) na tugon. Ayon sa isang Tagapamanihala ng mga Paaralan sa Rehiyon,

“Naniniwala ako sa kakayahan ng mga guro na maipatupad ang programang ito sapagkat nagkaroon ng ilang mga pagsasanay para sa pagtuturo ng MTB-MLE sa probinsya. Alam ko na handa ang mga guro na maibahagi ang kanilang mga natutuhan sa kanilang mga mag-aaral. Sa kabila ng ilang mga kakulangan ng programa tulad ng aklat at iba pa ay nanatiling panatag ang

aming loob na susuportahan ng mga magulang ang pag-aaral ng kanilang anak ng wikang Bikol”.

Sa ikaanim na indikasyon ay inalam kung may kalakasan ang programa ng MTB-MLE sa iba pang naunang kurikulum at napag-alaman na sa mga administrador ay mas madami ang sumasang-ayon o may 6 na sumagot. Sa mga guro naman ay 50 na mas marami ang sumagot sa sumasang-ayon at may 11 naman na tao sa komunidad ang hindi lubusang sumasang-ayon. Ibig sabihin sa panig ng mga administrador at guro ay positibo sila sa programa ng MTB-MLE pero hindi ang mga tao sa komunidad na ang iba nga ay walang alam sa programang MTB-MLE at ang tanging alam nila ay matagal na itong parte ng kurikulum.

Sa ikapito namang indikasyon ay tungkol sa nilalaman ng programa kung nakabatay sa mga pangangailangan ng mga bata. Ang mga administrador, guro, at tao sa komunidad ay pare-parehong sumasang-ayon ang may pinakamaraming sagot na may bilang na 5, 45, at 11 ng nakasunod-sunod. Inaasahan na ito sapagkat tanging positibo lamang ang mithiin ng programa upang mas mapaunlad ang kahusayan at kaalaman ng mga mag-aaral. Ibig lamang ipahiwatig nito na epektibo ang programa ng MTB-MLE ayon sa opinyon ng mga kalahok.

Ang ikawalong indikasyon ay inalam kung tumutugon ang mga guro sa mga polisiya at papapatupad na nararapat para sa program at nakitang higit na sumasang-ayon ang mga administrador dito na may 6. Samantala, sumasang-ayon naman ang mga guro na may 44 at hindi lubusang sumasang-ayon ang

mga tao sa komunidad na may 12. Ipinapakita lamang na may iba't ibang opinyon ang mga kalahok tungkol dito pero lahat naman ay may positibong pagtingin dito.

Ang ikasiyam namang indikasyon ay inalam kung may mga handang batayan upang masukat ang kalinangan ng mga mag-aaral sa pagtugon sa programa at napansing tanging mga administrador na may 5 at mga guro na may 44 ang sumasang-ayon dito. Samantalang, may 10 naman sa mga tao sa komunidad ang hindi lubusang sumasang-ayon dito. Ibig sabihin ay mayroon mga handang batayan pero hindi ito alam o pansin ng mga tao sa komunidad.

Ang ikasampu naman ay tinanong kung may mga bahagi sa programa ng MTB-MLE na lumilinang sa kasangkutan ng komunidad o mga magulang sa paggamit ng unang wika. Sa panig ng mga administrador ay may 4 na sumasang-ayon at may 4 ring hindi lubusang sumasang-ayon kaya naman may ibang mga administrador na hindi naniniwalang sangkot ang mga magulang sa programang MTB-MLE. Samantala, ang mga guro naman ay lubusang naniniwala dito kaya naman may 44 ang sumasang-ayon at batay naman sa opinyon ng mga tao sa komunidad mas marami ang hindi lubusang sumasang-ayon dito na may 14. Ibig lamang sabihin nito na kulang pa sa pakikisangkot ang mga magulang o tao sa komunidad sa programa ng MTB-MLE.

May ilan namang mga magulang ang nagbigay ng kanilang obserbasyon sa paggamit ng wikang Bikol sa mga paaralan sa Rehiyon. Sabi nila,

"Dai na dapat pigtutukdo ini sa eskwelahan ta iyo na ang pig gagamit sa harong sa arualdaw. Mau na sinda kayan manunud an sa eskwelahan ta iyo na sana ang gagamiton mula sa grade 1 sagkod grade 3."

Ibig sabihin nito na hindi na dapat itinuturo ang wikang Bikol sa paaralan dahil ito na ang ginagamit sa bahay sa araw-araw. Wala na sila nyan matutuhan sa paaralan at gamit na mula pa grade 1 hanggang grade 3. Sa bagay na ito ay may ilang mga magulang na nababahala sa paggamit ng wikang Bikol sa K-3 dahil may nakikita silang mga aspeto na maaaring magdala ito sa kanilang mga anak ng problema pagdating ng grade 4. Ilan dito ay nagsasabi na baka malito ang kanilang anak pagtungtong ng grade 4 sapagkat wikang Filipino at Ingles na ang gagamitin ng mga bata.

"Baad magkanda riribonng na an samuyang mga aki kayan pag-abot sa grade 4 ta haloy na nagparagamit ning wikang bikol".

Ibig sabihin nito "Baka malito na ang aming anak pagdating sa grade 4 at matagal nang naggamit ang wikang Bikol". May ilan namang nagsasabi na ayaw nila ang paggamit ng wikang Bikol bilang gamit ng guro sa pagtuturo sapagkat kailanman ay hindi ito makakatulong sa mga bata pagdating sa kolehiyo at sa paghahanap ng trabaho.

Sa kabuoan ng kontekstong ebalwasyon, higit na sumasang-ayon ang mga administrador na may apatnapu't walo (48) at ang mga guro naman na may limang-daan at apatnapu't walo (548) ay sumasang-ayon dito. Samantala hindi lubusang sumasang-ayon ang mga tao sa komunidad na mayroong isandaan at labing-apat (114). Ang mga nabanggit na bilang ang may pinakamalaking bahagi

sa interpretasyon kaya masasabing ang pananaw ng mga kalahok ay nakasalig sa mga batayang datos na nalikom sa kasalukuyang pag-aaral.

Makikita naman sa Talahanayan 8 ang kabuoang datos ng sampung indikasyon batay sa kanya -kaniyang mga probinsiya o lungsod.

Talahanayan 8. Kabuoang Datos ng mga Sumagot na Guro ayon sa Konteksto

Indikasyon	CNorte		CSur		Albay		Masbate		Sorsogon		Naga		Cat		Kaburuan		
	W m	I	W m	I	W M	I	W M	I	W M	I	W M	I	W M	I	W M	I	R
May suporta ang administrasyon sa pagpapatupad ng MTB-MLE	2.89	SA	2.91	SA	3.08	SA	3.20	SA	2.94	SA	2.89	SA	3.10	SA	3.00	SA	3
May kaalaman at kasanayan ang administrasyon sa pagpapatupad ng MTB-MLE	3.11	SA	3.09	SA	3.33	SA	3.00	SA	3.38	SA	3.06	SA	2.70	SA	3.09	SA	2
May positibong pagtanggap ang administrasyon sa polisiya	2.68	SA	3.04	SA	3.00	SA	3.10	SA	3.56	HS	3.39	SA	3.00	SA	3.11	SA	1
May ginagamit na gabay sa pagsubaybay at ebalwasyon sa mga guro ang administrasyon	2.37	HLS	2.39	HLS	2.50	HLS	2.80	SA	2.19	HLS	2.50	HLS	2.40	HLS	2.45	HLS	10
May kahandaan ang mga guro at mga magulang sa pagpapatupad ng bagong kurikulum ng MTB-MLE	3.26	SA	2.91	SA	3.08	SA	2.70	SA	3.06	SA	2.89	SA	2.90	SA	2.97	SA	5
May kalakasan ang programa ng MTB-MLE sa iba pang naunang kurikulum.	2.89	SA	2.91	SA	3.08	SA	3.20	SA	2.94	SA	2.89	SA	3.10	SA	2.95	SA	6
Ang nilalaman ng programa ay nakabatay sa mga pangangailangan ng mga bata.	3.11	SA	3.09	SA	3.33	SA	3.00	SA	3.38	SA	3.06	SA	2.70	SA	2.99	SA	4
Tumutugon ang mga guro sa mga polisiya at pagpapatupad na nararapat para sa programa.	2.68	SA	3.04	SA	3.00	SA	3.10	SA	3.56	HS	3.39	SA	3.00	SA	2.81	SA	8
May mga handang batayan upang masukat ang kalinangan ng mga mag-aaral sa pagtugon sa programa.	2.37	HLS	2.39	HLS	2.50	HLS	2.80	SA	2.19	HLS	2.50	HLS	2.40	HLS	2.82	SA	7
May mga bahagi sa programa ng MTB-MLE na lumiliin sa kasangkutan ng komunidad o mga magulang sa paggamit ng unang wika.	3.26	SA	2.91	SA	3.08	SA	2.70	SA	3.06	SA	2.89	SA	2.90	SA	2.68	SA	9

Panukatan : 3.51 – 4.00 – Higit na Sumasang-ayon (HS)
 2.51 – 3.50 – Sumasang-ayon (SA)
 1.51 – 2.50 – Hindi Lubusang Sumasang-ayon (HLS)
 1.00 – 1.50 – Hindi Sumasang-ayon (HDS)

Sa kabuoan ng sampung indikasyon ay lahat halos ng datos ay may interpretasyong sumasang-ayon (SA) na pinangungunahan ng positibong pagtanggap ng administrasyon sa polisiya ng MTB-MLE na may weighted mean (WM) na 3.11. Ang pinakamababa naman ay ang pagkakaroon ng ginagamit na gabay sa pagsubaybay at ebalwasyon sa mga guro ang administrasyon na may WM na 2.45 at interpretasyong Hindi Lubusang Sumasang-ayon (HLS). Bawat probinsiya at lungsod ay halos may ganitong interpretasyon sa pang-apat na indikasyon at lahat ay may interpretasyong sumasang-ayon naman sa lahat ng indikasyong natitira.

Ibig lamang sabihin sa talahanayan na tumutukoy sa implementasyon ng kurikulum ng MTB-MLE ayon sa konteksto na kulang o hindi sapat ang mga kagamitang pansubaybay at ebalwasyon upang masukat ang kahandaan, kawastuhan, at pagpapatupad ng MTB-MLE sa Rehiyon 5. Higit na atensyon ang kailangan upang magkaroon ng aksyon sa ganitong kondisyon sapagkat ang ebalwasyon ang maituturing na salik gabay upang malaman ang mga pangangailangan ng isang programa lalo na kung ito ay ukol sa pag-unlad ng kasanayan ng mga mag-aaral at paglago ng edukasyon gamit ang unang wika. Sa katunayan ang mga programa ng Kagawaran ng Edukasyon ay naniniwalang dapat ipabatid ang edukasyon sa wikang nauunawaan ng mag-aaral sapagkat isang estratehikong papel ang ginagampanan ng wika sa paghubog sa mga

unang taon ng mga mag-aaral. Gayundin ang kahalagahan na maunawaan ng administrasyon kung ang guro ba ay may sapat na kakayanan upang maipatupad nang mabuti ang MTB-MLE.

Sa pagtataya nga ni Bognot (2015) ay kailangan ang pagsubaybay o pagmomonitor sa programa ng MTB-MLE dahil ito ay isa sa mahalagang pundasyon sa pagtuturo at pagkatuto dahil simula ito ng proseso ng pagkatuto ng mga mag-aaral mula sa Kindergarten hanggang ikatlong baitang. Maliban dito ayon kina Durban at Catalan (2012) ay hindi sapat ang tamang pagmonitor ng mga programang ipinatutupad kundi dapat tutukan ang pag-uugali at oryentasyon ng mga guro at tulong ng pamahalaan.

Input o Nilalaman

Ang input na ebalwasyon ang nagbibigay ng mga impormasyon kaugnay sa layunin, kagamitang panturo, kasanayan ng mga guro at mungkahing estratehiya sa pagtatamo ng mga mithiin ng programa at kinikilala dito ang mga paraan kung paano iimplementa ang mga napiling estratehiya.

Makikita sa Talahanayan 9 ang labing-isang indikasyon sa input o nilalaman.

Talahanayan 9.Kabuoang Datos ng mga Sumagot sa Input o Nilalaman

Indikasyon	Administrador				Guro				Tao sa Komunidad			
	HS	S	HL S	H S	HS	S	HL S	H S	HS	S	HL S	H S
1. Tiyak at malinaw ang mga layunin ng MTB sa pangangailangan sa pagkatuto ng mga mag-aaral	2	10	1	0	26	57	19	6	10	14	11	0
2. Nakaaaangkop ang mga layunin ng kurikulum sa pandaigdigang pamantayan	7	4	2	0	21	55	28	4	9	8	10	7
3. Mayroong mga batayang aklat sa pagtuturo ng kani-kanilang Unang Wika	4	8	1	0	20	45	26	17	15	10	9	0
4. May mga "supplementary materials" na ginagamit sa pagtuturo	2	10	1	0	19	54	25	9	9	10	11	5
5. Gumagamit ng iba't ibang kagamitang panturo ang guro	1	11	1	0	29	69	8	1	7	11	12	5
6. Angkop ang mga inihandang kagamitang panturo sa antas ng mga mag-aaral	3	9	1	0	28	62	12	6	5	9	11	10
7. Naaayon ang mga kagamitang panturo sa nakatakda sa kurikulum	2	6	5	0	20	65	13	10	10	6	7	12
8. Sapat ang bilang ng mga guro na nagtuturo ng Unang Wika	6	5	2	0	20	52	24	12	10	10	10	5
9. May sapat na kaalaman at kasanayan ang mga guro sa pagtuturo ng kani-kanilang Unang Wika	5	4	4	0	17	55	23	13	11	10	2	12
10. Angkop ang natapos na ispesyalisasyon ng guro sa kanyang itinuturong asignatura	3	7	3	0	20	62	21	4	14	11	10	0
11. Naihanda ang mga guro sa pagpapatupad sa pamamagitan ng pagsasanay, seminar at iba pa.	4	6	3	0	23	59	19	7	9	10	14	2
KABUOAN	39	80	24	0	243	635	218	89	109	109	107	58

Sa unang indikasyon na tiyak at malinaw ang mga layunin ng MTB sa pangangailangan sa pagkatuto ng mga mag-aaral karamihan sa mga sumagot na kinabibilangan ng mga administrador, mga piling guro at mga piling tao sa

komunidad ay sumasang-ayon dito. Sa administrador ay may 10, sa guro ay may 57 at sa tao sa komunidad naman ay may 14. Ipinapakita lamang na para sa kanila ay nauunawaan nila nang maayos ang nilalaman ng layunin ng MTB sa pag-aaral ng mga mag-aaral.

Ang ikalawang indikasyon naman ay tungkol sa pagkaangkop ng mga layunin ng kurikulum sa pandaigdigang pamantayan. Mas tiwala naman ang mga administrador dahil sa bilang na pito (7) sa kabuuang (13) labintatlo ang nagsasabing higit na sumasang-ayon samantalang ang mga guro ay mas marami ang sumasang-ayon na may bilang na limampu't lima (55) sa kabuoang (108) at ang sa komunidad naman ay hindi sila lubusang sumasang-ayon na may bilang sampu (10) sa kabuoang tatlumpu't limang tao (35). Dahil dito masasabing mas higit na naniniwala ang mga administrador sa kaangkupan ng mga layunin ng MTB kaysa sa mga guro at ang komunidad naman ay hindi sa kanila malinaw ang layunin nito kaya naman sa panayam ay marami sa kanila ang talagang nababahala sa paggamit ng unang wika lalo na ang mga magulang ng mga mag-aaral.

Sa ikatlong indikasyon na kung may batayang aklat ba sa pagtuturo ng kani-kanilang unang wika, mas marami sa administrador ang sumasang-ayon na may walo (8); sa guro naman ay may apatnapu't lima(45) habang ang mga tao sa komunidad ay naniniwalang mayroon talagang mga batayang aklat kaya naman sila ay higit na sumasang-ayon na may labinlimang bilang (15). Masasabing may mga sangguniang aklat na talagang ginagamit ang mga mag-

aaral ngunit hindi ito sapat para masabing may iba't ibang sanggunian maliban sa mga ipinamigay ng Kagawaran ng Edukasyon at masasabi rin na sa ibang wikang ginagamit bilang unang wika ay wala pang mga lathalain na naisulat kaya naman limitado lamang sa mga wikang Tagalog at Bikol ang mga sangguniang aklat na magagamit sa MTB - MLE. Ayon sa isang punongguro sa lalawigan ng Camrines Norte ay maging ang mga kagamitan na gamit sa pagtuturo ay nagmula na sa Rehiyon ng Calabarzon na nasa wikang Tagalog. Dagdag pa niya,

"Hirap ang mga bagong tubo sa lalawigan ng Camarines Norte na gamitin ang wikang Bikol na dati namang sinasalita ng mga tao rito". Sa pagkakaalam ko ay galing sa lalawigan ng Calabarzon ang mga batayang aklat na ipinagagamit sa mga bata".

Sa ikaapat na indikasyon na nagsasabing may mga "supplementary" o dagdag materyales na ginagamit sa pagtuturo ay sumasang-ayon ang administrador at guro na may bilang na sampu (10) at limampu't apat (54) ngunit sa komunidad ay hindi lubusang sumasang-ayon na may malaking bahagi ng sagot na may labing-isa (11). Dito ay mas may punto ang mga tao sa komunidad sa mga pagkukulang sa mga supplementary o dagdag na babasahin sapagkat kahit ang mga guro mismo na dumaan sa panayam ay pinatotohanan nila na marami ang pangangailangan sa mga materyales lalo na ang mga babasahing nakasulat sa unang wika na makatutulong nang lubos sa MTB lalo na sa mga lathalaing nakasulat sa mga minor na unang wika.

Ayon sa panayam sa mga guro, isa pa sa hamon sa kanila ay ang paggawa ng mga babasahin at ilang mga kagamitan sa pagtuturo ng mother

tongue para sa mas ikagaganda ng kanilang pagtuturo. Ayon sa kanila, kulang ang ilang mga batayang aklat na ipinamahagi ng Kagawaran para magamit ng mga bata sa pag-aaral ng Mother tongue. Sinisikap ng mga guro na bumuo ng mga babasahin na angkop sa kanilang lugar at mas maiintindihan ng mga bata sa patuloy na pag-aaral. Ganundin ang paghahanda nila ng mga tanong na gagamitin sa pagsusulit ay minsan ring nakasasagabal sa kanila. Ginagawan nila ito ng maayos at wastong pagsasalin sa wikang Bikol upang masagutan nang wasto ng mga mag-aaral lalo't higit sa ilang asignatura tulad ng sa Matematika na may kakaibang katumbas na bilang sa wikang Bikol.

Sa ikalimang indikasyon tungkol sa paggamit ng iba't ibang kagamitang panturo ng mga guro, lahat ng kalahok ay sumasang-ayon; na may labing-isa (11) sa administrador, animnapu't siyam (69) sa mga guro, at labing-isa(11) naman sa mga tao sa komunidad. Nangangahulugan lamang na may mga kagamitang panturo ng unang wika ang mga guro at ito rin ay sa tulong ng masisipag na guro na sila mismo ang gumagawa ng mga materyales bilang panturo sa MTB-MLE kaya nga sa pakikipanayam ng mananaliksik ay minsan silang nahihirapang magsalin mula wikang Ingles patungo sa unang wika tulad ng Bikol dahil kadalasan ang mga kagamitan ay nakasulat sa wikang Ingles kaya sila mismo ang nagsasalin nito.

Sa ikaanim naman na tumutukoy sa kaangkupan ng mga inihandang kagamitang panturo sa antas ng mga mag-aaral nakitaan ng pagsang-ayon ang mga administrador na may bilang na siyam(9)at sa guro naman ay animnapu't

dalawa (62)samantalang sa mga tao sa komunidad ay may siyam(9) na bilang lamang.Makikita rin na labing-isa naman (11) ang hindi lubusang sumasang-ayon. Kaya nangangahulugang may palagay ang mga magulang na kulang pa sa kaangkupan ang mga kagamitan na inihahanda sa pagtuturo ang mga guro. Subalit para sa mga guro na mismong nagtuturo at tagapamahala ay naniniwala silang ang mga kagamitang panturo ay sapat na para sa higit na ikahuhusay ng pagtuturo ng unang wika.

Sa ikapitong indikasyon naman na tungkol sa pag-ayon ng mga kagamitang panturo sa nakatakda sa kurikulum. Ang mga administrador ay sumasang-ayon na may anim na bilang (6) gayundin ang mga guro na may animnapu't dalawa (62) ang sumasang-ayon. Samantala, ang mga tao sa komunidad ay hindi sumasang-ayon na may bilang na labingdalawa (12). Higit na ipinapakita rito ang hindi pagsang-ayon ng mga magulang sa mga kagamitang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng MTB. Ngunit mula sa ilang mga magulang ay napapansin nilang tinuturuan ng Bikol ang kanilang anak ngunit tubo naman silang Tagalog at iyan ang ilan sa mga problema ng magulang sa kagamitang panturo. Kaya palagay ng mga magulang ay nahihirapan ang kanilang mga anak na maunawaan at matutuhan ang tinuturo ng guro. Gayundin, may mga mag-aaral na marunong magsalita ng wikang Bikol ngunit mas binibigyang diin ang pagtuturo ng Tagalog. Ito ang nagbibigay kalituhan sa panig ng mga magulang at mag-aaral sa kagamitang panturo at sa itinakda ng kurikulum.

Sa panayam sa karamihan ng mga guro, malaking problema sa kanila ang ginagamit nilang Curriculum Guide sapagkat nakasulat ito sa wikang Ingles samantalang ang ihahanda nilang gabay sa pagkatuto ay sa wikang Bikol na para sa kanila, ginagawan na lamang nila ito ng paraan dahil iyon ang ibinigay ng DepEd Central Office.

"Pig gigibuhan mi na sana ning paagi na mailipat sa wikang bikol ta iyo man lang ang pig tao kan DepEd Central Office. Ginagawan na lamang po naming ng paraan sa paglipat sa wikang Bikol sapagkat yan ang bigay ng DepEd Central."

Isang hamon para sa mga guro ang mga terminolohiya mula sa Ingles patungo sa wikang Bikol na nagdadagdag pa ito ng oras sa kanilang trabaho.

Sa ikawalong indikasyon naman ay tinatalakay ang sapat na bilang ng mga guro na nagtuturo ng unang wika. Ang tatlong pangkat ng mga kalahok ay may iba't ibang pananaw ukol dito. Una ay ang mga administrador na higit na sumasang-ayon na sapat ang bilang ng mga guro na may bilang na anim (6) mula sa labing-tatlo (13). Samantala, ang mga guro naman ay sumasang-ayon na may limampu't dalawa (52) at ang mga tao sa komunidad ay pantay pantay na mayroong higit na sumasang-ayon, sumasang-ayon, at hindi lubusang sumasang-ayon na may sampung (10) bilang. Ibig sabihin lamang nito, sa kabuuan ay sapat naman talaga ang mga guro na naitalagang magturo ng MTB-MLE kurikulum sa iba't ibang probinsya ng Rehiyon 5. Ngunit batay sa panayam ng mananaliksik ay ilan lamang sa kanila ang may sapat na pagsasanay at kasanayan sa pagtuturo nito at ang ilan pa ay iba naman ang kinalakihang unang wika kaya sila rin ay nahihirapan sa pagtuturo ng wikang Bikol.

Sa ika siyam na indikasyon ay natutukan ang pag-alam sa kasapatan ng kaalaman at kasanayan ng mga guro sa pagtuturo ng kanilang unang wika. Ang mga administrador at guro ay sumasang-ayon dito na may lima (5) mula sa labintatlo (13) at limampu't lima (55) mula sa isandaan at walong (108). Samantala, ang mga tao sa komunidad ay hindi sumasang-ayon dito na may labingdalawang (12) bilang. Kaya naman, tulad ng nabanggit kanina na sapat ang guro na magtuturo ngunit ilan lamang sa kanila ay may kakayahang magturo batay sa karanasan, kasanayan, at kaalaman. Ang iba ay hindi sanay sa paggamit ng nakatalagang unang wikang gagamitin sapagkat kahit sila ay hindi gumagamit nito at nagkataon lamang na napunta sila sa paaralan at lugar na may ginagamit na unang wikang . Kaya naman karamihan ay nahihirapang umakma at sapilitang inaaral pa ito at ang iba naman ay gumagamit na lamang ng Tagalog upang gawing unang wika kahit na ang dapat na ituro ay Bikol. May ilan ding mga guro na hindi taal na taga Bikol na siya namang nakatalaga sa grade 1 hanggang grade 3 kung kaya nagsusumikap siya na mag-aral muna ng ng Bikol sa kanyang pagtuturo.

"Hindi po ako taga rito sa Legaspi City dahil ako ay taga Marikina dahil sa naasawa ko po ay taga rito kaya lumipat kami ng tirahan at ng trabaho dito sa Legaspi".

Makikitang isa ito sa dapat na maikonsidera ng mga tagapamahala ng paaralan na kung sakali ay mas mainam na bigyan nila ng pagkakataon na magturo ang mga guro na mas bihasa at sapat ang kaalaman sa pagtuturo ng wikang Bikol. Kaya ayon sa panayam sa mga magulang ay may mga

pagkakataon na hindi lubusang naiintindihan ng kanilang mga anak ang itinuturo ng mga guro sapagkat may ilang mga guro na sa halip na maitama ang paggamit ng Bikol ay mali ang katumbas na pagtuturo nito.

"Dai daa nakukua kan si aki ko an sabot sabihon kan si saiyang maestra ta taga Daet man daa ito naglipat sana igdi kan ralaugan pa sana. Ta baad nag-aadal pa sana an maestra kan bikol."

Ibig sabihin ng magulang na, hindi naiintindihan ng kanyang anak ang ibig sabihin ng guro dahil ito ay taga Daet. Bagong lipat ang guro sa lugar kung kaya ito ay nagsisimula pa lamang na mag-aral ng wikang Bikol. Ang Daet ay sakop ng Camarines Norte na isa sa probinsya ng Rehiyon 5 at karamihan sa mga tao ay nagsasalita ng wikang Filipino o Tagalog at Tagalog ang gamit na Mother tongue sa Camarines Norte sapagkat ito ay malapit na sa lugar ng Quezon. Dominante ang paggamit ng Tagalog bilang mother tongue ng mga taga Camarines Norte.

Sa ikasampung indikasyon na tungkol sa kaangkupan ng natapos na ispesyalisasyon ng guro sa kanyang itinuturong asignatura mapapansin sa talahanayan na lahat halos ay sumasang-ayon na may pito(7) sa mga administrador at animnapu't dalawa (62) sa mga guro. Mas naniniwala ang mga tao sa komunidad na naaangkop ang mga natapos na espesyalisasyon ng mga guro dahil may labing-apat (14) na higit na sumasang-ayon. Ipinapakita lamang na may tiwala ang mga magulang, administrador, at maging ang mga guro na nakaayon ang kanilang tinapos sa asignaturang kanilang itinuturo.

Sa ikalabing-isang indikasyon na ukol sa pagiging handa ng mga guro sa pagpapatupad sa pamamagitan ng pagsasanay, seminar at iba pa. Makikita na

sumasang-ayon ang mga administrador dito na may anim (6) gayundin ang mga guro na may limampu't siyam (59). Samantala, hindi lubusang sumasang-ayon ang mga tao sa komunidad na kinabibilangan ng mga magulang na may bilang na labing-apat (14). Kung may makapagsasabi ng kanilang kahandaan ay maaaring mas kapani-paniwalang mayroon talagang kahandaan ang mga guro sa pagpapatupad ng MTB sapagkat sila mismo ang nagpapatotoo na mayroong ginawang mga pagsasanay sa pagpapatupad nito at sila naman ay naniniwalang alam nila ang kanilang ginagawa. Subalit may kakulangan lamang sa kanilang pagsasanay mula sa kanilang kaalaman at kasanayan sa pagpapatupad ng MTB kung paano ito ituturo nang maayos at ang wastong paggamit ng iba't ibang mga materyales sa pagtuturo. Dagdag pa ng mga guro ay ang kakulangan nila sa pagsasanay sa paggamit ng wikang Bikol bilang bahagi sana ng pagpapaunlad sa pagtuturo. Ayon sa kanila mas maganda na magkaroon ng pangkalahatang pagsasanay ang mga guro ng MTB-MLE sa bawat probinsya upang magkaparepareho sila ng pagkaunawa sa ilang terminolohiya at mga katumbas na salita sa pagtuturo ng MTB-MLE.

"Gusto mi po sana na magkaugwa ning sarong training workshop an gabos na maestra sa MTB ta nganing magkaugwa kami ning saro na pag intindi sa mga katukduan kan MTB".

Sa kabuoan ay sumasang-ayon ang mga administrador, guro, at mga tao sa komunidad sa input o kaalaman sa nilalaman at layunin ng MTB-MLE dahil sa kabuoan ng datos ay mapapansing ang may pinakamalaking bahagi ay ang interpretasyong sumasang-ayon na mayroong walumpung (80) sa kabuoang 143

sa administrador, anim na raan at tatlumpu't lima (635) sa kabuoang 1185 sa mga guro, at isandaan at siyam (109) sa kabuoang 383 sa mga tao sa komunidad.

Makikita sa Talahanayan 10 ang kabuoang tugon ng mga kalahok sa mga piling probinsya at lungsod ng Rehiyon 5.

Talahanayan 10.Kabuoang Datos ng mga Sumagot na Guro ayon Sa Input o Nilalaman

Indikasyon	CNorte		CSur		Albay		Masbate		Sorsogon		Naga		Cat		Kaburuan	
	W m	I	W m	I	W M	I	W M	I	W M	I	W M	I	W M	I	W M	I
Tiyak at malinaw ang mga layunin ng MTB sa pangangailangan sa pagkatuto ng mga mag-aaral	3.00	SA	3.04	SA	3.17	SA	2.80	SA	3.06	SA	2.72	SA	2.80	SA	2.97	SA
Nakaaangkop ang mga layunin ng kurikulum sa pandaigdigang pamantayan	3.00	SA	2.78	SA	3.08	SA	3.00	SA	2.88	SA	2.61	SA	2.80	SA	2.89	SA
Mayroong mga batayang aklat sa pagtuturo ng kani-kanilang Unang Wika	1.84	HL S	2.26	HL S	2.42	HL S	2.80	SA	2.63	SA	2.56	SA	3.10	SA	2.42	HL S
May mga "supplementary materials" na ginagamit sa pagtuturo	2.58	SA	2.82	SA	3.25	SA	3.20	SA	2.56	SA	2.56	SA	2.80	SA	2.83	SA
Gumagamit ng iba't ibang kagamitang panturo ang guro	3.26	SA	3.18	SA	3.33	SA	3.10	SA	3.25	SA	3.17	SA	2.80	SA	3.22	SA
Angkop ang mga inihandang kagamitang panturo sa antas ng mga mag-aaral	3.05	SA	3.00	SA	3.08	SA	2.90	SA	2.94	SA	3.11	SA	3.20	SA	3.01	SA
Naaayon ang mga kagamitang panturo sa nakatakdang kurikulum	2.74	SA	2.91	SA	3.08	SA	2.70	SA	2.75	SA	3.11	SA	2.80	SA	2.88	SA
Sapat ang bilang ng mga guro na nagtuturo ng Unang Wika	1.89	HL S	2.96	SA	3.08	SA	2.80	SA	2.50	HL S	3.17	SA	3.00	SA	2.73	SA
May sapat na kaalaman at kasanayan ang mga guro sa pagtuturo ng kani-kanilang Unang Wika	1.79	HL S	2.27	HL S	2.17	HL S	3.00	SA	2.56	SA	3.11	SA	2.80	SA	2.48	HL S
Angkop ang natapos na ispesyalisasyon ng guro sa kanyang itinuturong asignatura	3.11	SA	2.82	SA	3.00	SA	3.00	SA	2.69	SA	2.83	SA	3.10	SA	2.91	SA
Naihandang mga guro sa pagpapatupad sa pamamagitan ng pagsasanay, seminar at iba pa.	3.00	SA	3.05	SA	3.08	SA	3.10	SA	2.50	HL S	2.67	SA	3.10	SA	2.90	SA

Panukatan : 3.51 – 4.00 – Higit na Sumasang-ayon (HS)
 2.51 – 3.50 – Sumasang-ayon (SA)
 1.51 – 2.50 – Hindi Lubusang Sumasang-ayon (HLS)
 1.00 – 1.50 – Hindi Sumasang-ayon (HDS)

Batay rito sa kabuoan halos lahat ay sumasang-ayon (SA) sa mga indikasyon at nangunguna ang paggamit ng mga guro ng iba't ibang kagamitang panturo na may kabuoang weighted mean (WM) na 3.22 o sumasang-ayon (SA). Dalawang indikasyon naman sa kabuoan ang may kinalabasang interpretasyon na hindi lubusang sumasang-ayon (HLS) at ito ay ang pagkakaroon ng sapat na kaalaman at kasanayan ng mga guro sa pagtuturo ng kani-kanilang unang wika na may weighted mean na 2.48 at ang pagkakaroon ng batayang aklat sa pagtuturo ng kani-kanilang unang wika na mayroong WM na 2.42.

Kung susuriin at titingnan naman sa bawat probinsiya o siyudad ay mapapansing sa Camarines Norte ay hindi lubusang sumasang-ayon ang mga guro na may sapat na bilang ng mga guro na nagtuturo ng unang wika na mayroong WM na 1.89 gayon din ang Sorsogon na may WM na 2.50. Sa Sorsogon ay ganon din na hindi sila lubusang sumasang-ayon na naihanda ang mga guro sa pagpapatupad ng MTB-MLE sa pamamagitan ng pagsasanay, seminar at iba pa na may WM na 2.50. Maliban sa mga nabanggit ay lahat naman ng probinsiya o siyudad na pinagkunan ng mga kalahok ay sumasang-ayon sa mga indikasyon.

Ipinapakita lamang na may kakulangan sa batayang aklat at iba pang reperensiya upang higit na magamit sa pagkatuto ang mga mag-aaral. Gayon din kailangan ng mga guro ang higit pang pagsasanay sa pagtuturo at pagpapatupad ng MTB-MLE sa Rehiyon 5. Ayon nga kay Mackenzie at Walker (2013) ay dapat isaalang-alang sa pagbuo ng kurikulum ang suporta sa pagbuo

ng mga murang materyales sa pagtuturo ng MTB-MLE sa pamamagitan ng paghubog sa mga kasanayang lokal sa pagpapalago ng mga libro, gabay at instrumentong ginagamit sa pagtuturo, pagganyak sa mga lokal na guro at komunidad na makibahagi sa pagbuo ng mga materyales sa pagtuturo ng unang wika, mga kaalaman, gawi at pagsiguro na ang mga lokal na pamahalaan ay tumutugon sa mga pangangailangan at badyet na magagamit gabay sa pagtuturo ng unang wika. Gayon din ang pagkilala sa pagsuporta sa mga guro upang maayos na mabigyang daan ang polisiya para sa unang wika sa pamamagitan ng mga pagsasanay, ensentibo, at pagbuo ng mas epektibong kurikulum panturo gamit ang unang wika.

Alinsunod din ito sa natuklasan ni Bognot (2015) sa kakulangan sa aklat at ortograpiya sa pagtuturo, pagsasanay ng mga guro at ang hindi pakikilahok ng mag-aaral sa paggamit ng unang wika. Malinaw na isinasaad ang mga natuklasan ng ibang mga mananaliksik ay hindi nalalayo sa hamong natuklasan sa kasalukuyang pag-aaral. Gayunpaman ay may pangangailangan pa rin ang mga kaguruan lalo na sa aspeto ng pagsasanay pati na rin ang kanilang kahusayan sa pagtuturo ng unang wika. Mainam din na madagdagan pa ang mga lathalaing nakasalin sa unang wika upang mas lalong lumago ito.

Proseso

Ang prosesong ebalwasyon naman ay nakatuon sa implementasyon ng mga desisyon na kumontrol at namamahala ng programa. Ginagamit ito upang

malaman ang ugnayan ng plinano at ng aktwal na gawain. Sa Talahanayan 11 ay makikita ang kabuoang datos ng mga sumagot sa proseso.

Tahanayan 11.Kabuoang Datos ng mga Sumagot sa Proseso

Indikasyon	Administrador				Guro				Tao sa Komunidad			
	HS	S	HLS	HS	HS	S	HLS	HS	HS	S	HLS	HS
1. Naaayon sa programa ng DepEd ang pagpapatupad MTB-MLE	6	5	2	0	22	65	17	4	4	10	17	4
2. Nakikilahok ang mga mag-aaral sa pagpapatupad ng MTB-MLE	5	5	3	0	29	67	7	5	5	9	10	8
3. Maayos ang pagpapatupad ng programa ng MTB-MLE	6	3	4	0	36	54	12	6	3	8	17	7
4. Nagagamit mga guro ang mga kaalaman at kasanayan na nakuha sa pagsasanay ng MTB-MLE	4	5	4	0	21	68	14	5	4	9	10	10
5. Nagagamit ng mga guro at mag-aaral ang mga inihandang aklat para sa pag-aaral ng unang wika.	6	4	3	0	24	66	11	7	8	7	12	8
6. May oryentasyon ang Kagawaran ng Edukasyon sa pagpapatupad ng programa.	4	6	3	0	18	69	14	7	3	2	13	8
7. Naipatatupad ng mga administrador ang mga layunin sa implementasyon ng MTB-MLE.	10	2	1	0	26	68	12	2	5	11	8	3
8. Nagagamit ng mga guro at mag-aaral ang mga inihandang aklat para sa pag-aaral ng unang wika.	3	3	2	5	18	69	14	7	5	6	11	10
9. Tumaas ang antas ng kasanayan at kaalaman ng mga mag-aaral gamit ang unang wika.	9	3	1	0	18	69	14	7	9	7	10	4
10. Mas naging madali para sa mga guro ang pagtuturo gamit ang iba-ibang metodolohiya sa paggamit ng unang wika sa pagtuturo.	5	8	0	0	25	64	15	4	3	10	12	6
KABUOAN	62	39	19	10	215	624	156	79	57	74	102	58

Sa unang indikasyon na tumukoy sa kung naaayon sa programa ng DepEd ang pagpapatupad ng MTB- MLE makikita na sa panig ng mga administrador marami sa kanila ang sumagot ng higit na sumasang-ayon na may anim (6) na bilang samantalang lima (5) ang sumasang-ayon, dalawa (2) ang hindi lubusang sumasang-ayon at walang hindi sumasang-ayon. Sa mga guro naman ay mas mataas ang bilang ng sumasang-ayon na may animnapu't lima (65) samantalang ang higit na sumasang-ayon ay dalawampu't dalawa (22) lamang at ang hindi lubusang sumasang-ayon ay may labim pito(17) at apat(4) naman ang hindi sumasang-ayon. Sa mga tao sa komunidad ay mas marami naman ang hindi lubusang sumasang-ayon na may labing-pito (17), sinundan ito ng sumasang-ayon na may sampu(10) at may parehong apat(4) sa higit na sumasang-ayon at hindi sumasang-ayon. Ibig sabihin ang mga tao sa komunidad ay kulang o walang oryentasyon sa pagpapatupad ng MTB-MLE sa kani-kanilang paaralan.

Sa ikalawang indikasyon tungkol sa pakikilahok ng mga mag-aaral sa pagpapatupad ng MTB-MLE makikitang sa mga administrador ay may parehong dami na lima (5) ang sumagot sa higit na sumasang-ayon at sumasang-ayon.

Sa mga guro naman ay mas marami ang sumasang-ayon na may animnapu't pito (67) at sa mga tao sa komunidad ay mas marami ang hindi lubusang sumasang-ayon na may sampu (10). Sa indikasyong ito makikita na mas nakikita ng mga guro ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa pagpapatupad ng MTB-MLE. Mas kakikitaan ng sigla ang mga mag-aaral na pumasok at

makisali sa talakayan sa klase. Nabawasan din ang mga drop-out o pagliban sa klase.

Ang ikatlong indikasyon naman ay nakatuon sa maayos na pagpapatupad ng program ng MTB-MLE. Ang sagot ng mga administrador ay positibo sa dahilang mas marami ang nagsabing higit silang sumasang-ayon na may anim (6) na tugon. Sa mga guro ay positibo rin sapagkat marami ang sumasang-ayon dito na may limampu't apat (54) na bilang sumagot nito. Ang naiiba lamang ay ang mga tao sa komunidad dahil hindi sila lubusang sumasang-ayon na maayos ang pagpapatupad ng programa na mayroong labing-pito (17). Sa datos na ito ay makikitang naniniwala ang mga administrador sa maayos na pagpapatupad ng MTB-MLE sa mga paaralan sa buong Rehiyon gayundin ang mga kaguruan. Samantala, ang mga magulang na bumubuo sa tao sa komunidad ay may pagtutol dito sapagkat para sa kanila may mga problema at suliranin sa programa ng MTB-MLE at kailangan itong masolusyunan tulad ng pagkalito kung ano ba talaga ang gagamiting unang wika sa mga parte na may nakatalagang unang wika pero ang pinapagamit ay Tagalog pa rin dahil nahihirapan ang mga guro na magturo ng wikang hindi naman sila sanay.

Isang malaking hamon para sa mga guro at administrador ng paaralan na ipatupad nang maayos at wasto ang bagong kurikulum na ito. Isang hamon na magsisilbing gabay ng bawat isa sa matagumpay na pagsasakatuparan ng paggamit ng unang wika sa mga paaralan. Wikang magiging kasangkapan sa patuloy na pag-angat ng kalidad ng edukasyon sa Pilipinas at maging sa pag-

unlad ng kultura ng isang rehiyon. Ayon sa isang superbisor sa MTB-MLE sa Rehiyon ay,

“Naniniwala ako na nagiging maayos ang pagpapatupad ng programang MTB-MLE sa aming probinsya sapagkat inihanda na ang mga bata sa panimula ng programa. Ganun din ay may mga aklat na bagong dating ngayong taon na gagamitin sa sunod na pasukan sa aming dibisyon na magagamit lalo na ng mga nasa kindergarten”.

Ang ikaapat na indikasyon ay tumutukoy kung nagagamit ng mga guro ang mga kaalaman at kasanayan na nakuha sa pagsasanay ng MTB-MLE. Para sa mga administrador ay sumasang-ayon sila na nagagamit ng mga guro ang kanilang natutuhan sa pagsasanay na mayroong lima (5) mula sa labing-tatlong (13) administrador ang sumagot, sinundan ito ng higit na sumasang-ayon na may apat (4) ngunit mayroon ding apat (4) na hindi lubusang sumasang-ayon. Para sa mga guro mas marami ang sumasang-ayon dito na may animnapu't walo (68) mula sa isandaan at walo (108) na sinundan din ng higit na sumasang-ayon na may dalawampu't isa (21) subalit may mga hindi lubusang sumasang-ayon na maylabing-apat (14) at hindi sumasang-ayon na may lima (5). Higit na kapansin pansin ang sagot ng tao sa komunidad sapagkat may parehong malaking parte ang negatibong sagot na hindi lubusang sumasang-ayon at hindi sumasang-ayon na may tig-sampu (10) kaya mahigit sa kalahati ang may pagdududa kung talagang nagagamit ng mga guro ang kanilang natutuhan sa pagsasanay ng MTB-MLE sa pagtuturo nito. Kung tutuusin, mas marami sa pagsasanay na ito ay patungkol sa implementasyon ng kurikulum ngunit kung ang mga teknik sa pagtuturo at mga sangguniang dapat na ituro ay may mga

pagkukulang nga ang mga guro sa ganitong aspeto gaya na rin ng sinabi nila ng kapanayamin ng mananaliksik hinggil dito.

Ang ikalimang indikasyon naman ay ang pagtukoy kung nagagamit ng mga guro at mag-aaral ang mga inihandang aklat para sa pag-aaral ng unang wika na nakitaang ang administrador at mga guro ay naniniwalang mayroon sapagkat karamihan sa administrador ay higit na sumasang-ayon na may anim (6) at ang mga guro ay sumasang-ayon na may animnapu't anim (66) na tugon. Ngunit ang datos sa mga tao sa komunidad ay nagsasabing hindi lubusang sumasang-ayon dito na may labindalawa (12) sa ganitong interpretasyon. Ngunit kung titingnan nang mabuti at pagsasamahin ang datos ng higit na sumasang-ayon at sumasang-ayon na parehong positibong naniniwalang nagagamit ng mga guro at mag-aaral ang mga inihandang aklat para sa pag-aaral ng unang wika na may labing-lima (15) na mas higit sa labing-dalawa (12) na nabanggit kanina. Kaya naman ang mananaliksik ay naniniwalang napupunuan rin ng mga administrador ang mga pangangailangan ng mga guro sa MTB-MLE lalo na sa mga aklat bilang panturong gamit para sa K-Grade 1, 2, at 3.

Sa ikaanim namang indikasyon ay inalam kung may oryentasyon ang Kagawaran ng Edukasyon sa pagpapatupad ng programa ay napag-alamang sa mga administrador ay mas marami ang sumasang-ayon na may anim (6) sa labintatlong sumagot. Sa mga guro naman ay may animnapu't siyam (69) na sumasang-ayon rin. Ngunit para naman sa mga tao sa komunidad ay hindi sila lubusang sumasang-ayon na may labintatlo (13) sa tatlumpung taong sumagot.

Sa pagkakataong ito ay mas mainam na panigan ang sagot ng mga administrador sapagkat sila ang nakakaalam nang higit kung may mga oryentasyon ba silang ginagawa at batay rito ay mayroon namang oryentasyon ngunit para sa kanila ay hindi ito sapat upang mabigyang linaw ang mga proseso ng programa ng MTB-MLE.

Sa ikapitong indikasyon ay inalam kung naipatatupad ng mga administrador ang mga layunin sa implementasyon ng MTB-MLE. Sa mga administrador ay higit silang sumasang-ayon dito kaya naman may 10 sa labintatlong sumagot dito. Sa mga guro ay sumasang-ayon sila dahil may 68 na sumagot nito gayon rin naman ang mga tao sa komunidad na may 11. Ibig lamang ipahiwatig nito ay naniniwalang naipatatupad naman ng maayos ang MTB-MLE at ito ay nagaganap sa halos lahat ng paaralan.

Sa ikawalong indikasyon ay inalam kung nagagamit ng mga guro at mag-aaral ang mga inihandang aklat para sa pag-aaral ng unang wika. Napag-alaman na batay sa mga administrador ay hindi sila sumasang-ayon rito na may lima (5) sa labintatlong kalahok na sumagot sa aytem na ito. Samantala, may 69 na mga guro ang sumasang-ayon rito at marami naman sa mga tao sa komunidad ang hindi lubusang sumasang-ayon na may 11 at hindi sumasang-ayon na may 10 kaya naman masasabing malaking bahagi ng mga magulang ang kinukulangan pa rin sa mga aklat sa pagtuturo ng MTB-MLE.

Sa ikasiyam na indikasyon ay inalam kung tumaas ang antas ng kasanayan at kaalaman ng mga mag-aaral gamit ang unang wika. Ang mga

administrador ay higit na sumasang-ayon rito na may siyam (9) na sumagot. Ang mga guro naman ay sumasang-ayon lamang na may 69 at ang mga tao sa komunidad na binubuo ng magulang ay hindi lubusang sumasang-ayon na may 10. Ibig sabihin, may pagkatuto rin namang nagaganap sa paggamit ng unang wika lalo na sa mga aralin tulad ng pagbasa, pagsulat, at pagbibilang.

Sa ikasampung indikasyon naman ay inalam kung mas naging madali para sa mga guro ang patuturo gamit ang iba't ibang metodolohiya sa paggamit ng unang wika sa pagtuturo. Napag-alamang sumasang-ayon ang mga administrador dito na may walo (8) at ang mga guro na may 64. Samantala, ang mga tao sa komunidad naman ay hindi lubusang sumasang-ayon dito na may 12 na sumagot. Sa puntong ito ay mas may timbang ang opinyon ng mga guro ukol dito na naniniwala silang naging madali nga para sa kanila ang paggamit ng unang wika sa pagtuturo.

Sa kabuoan ng datos na nakuha ay higit na sumasang-ayon ang administrador na may animnaput dalawa (62) at sumasang-ayon ang mga guro na may anim na daan at dalawampu't apat (624) sa proseso samantala, ang komunidad naman ay hindi lubusang sumasang-ayon na may isandaan at dalawa (102) na bilang. Kaya may malaking pagkakaiba sa mga sagot sa pagitan ng mga nasa akademiko na binubuo ng mga guro at administrador at ng nasa komunidad na binubuo ng magulang. Magkaiba ang kanilang mga pananaw sa mga programang ipinapatupad para sa maayos na MTB-MLE.

Kung susuriin naman sa anggulo na kasagutan ng mga kalahok batay sa kani-kanilang munisipalidad o lunsod, sa kabuoan na halos lahat ng indikasyon ay may interpretasyong sumasang-ayon (SA) at pinangungunahan ito ng paniniwalang naaayon sa programa ng Kagawaran ng Edukasyon ang pagpapatupad ng MTB-MLE na may WM na 3.08. Ang pinakamababa naman na indikasyon na nagagamit ng mga guro ang mga kaalaman at kasanayan na nakuha sa pagsasanay ng MTB-MLE na may WM lamang na 2.39 o interpretasyong Hindi Lubusang Sumasang-Ayon (HLS). Halos lahat ay sumasang-ayon sa mga indikasyon maliban lamang ang Catanduanes na hindi lubusang sumasang-ayon na nagagamit ng mga guro ang mga kaalaman at kasanayan na nakuha sa pagsasanay ng MTB-MLE na mayroong WM na 2.40 o HLS. Lahat rin ay hindi lubusang sumasang-ayon sa maayos na pagpapatupad ng programa ng MTB-MLE.

Makikita sa Talahanayan 12 ang kabuoang tugon ng mga guro sa bawat probinsya at lungsod.

Talahanayan 12.Kabuoang Datos ng mga Sumagot na Guro ayon sa

Proseso

Indikasyon	CNorte		CSur		Albay		Masbate		Sorsogon		Naga		Cat		Kabuuang		R
	W m	I	W m	I	W M	I	W M	I	W M	I	W M	I	W M	I	W M	I	
Naaayon sa programa ng DepEd ang pagpapatupad ng MTB-MLE	3.26	SA	3.09	SA	3.00	SA	3.10	SA	3.13	SA	3.00	SA	3.00	SA	3.08	SA	1
Nakikilahok ang mga mag-aaral sa pagpapatupad ng MTB-MLE	3.11	SA	3.00	SA	3.00	SA	2.80	SA	2.94	SA	3.06	SA	3.10	SA	3.00	SA	3
Nagagamit ng mga guro ang mga kaalaman at kasanayan na nakuha sa pagsasanay ng MTB-MLE	2.11	HL S	2.41	HL S	2.17	HL S	2.80	SA	2.38	HL S	2.44	HL S	2.40	HL S	2.39	HL S	10
Maayos ang pagpapatupad ng programa ng MTB-MLE	2.95	SA	2.96	SA	3.08	SA	2.70	SA	3.00	SA	2.94	SA	2.50	HL S	2.88	SA	6
Nagagamit ng mga guro at mag-aaral ang mga inihandang aklat para sa pag-aaral ng unang wika.	3.21	SA	2.96	SA	3.00	SA	3.20	SA	3.06	SA	2.89	SA	2.80	SA	3.02	SA	2
May oryentasyon ang Kagawaran ng Edukasyon sa pagpapatupad ng programa.	2.95	SA	2.91	SA	3.00	SA	3.00	SA	2.93	SA	3.00	SA	2.80	SA	2.94	SA	5
Naipatatupad ng mga administrador ang mga layunin sa implementasyon ng MTB-MLE	3.26	SA	3.00	SA	3.00	SA	2.90	SA	3.00	SA	2.93	SA	2.90	SA	3.00	SA	3
Nagagamit ng mga guro at mag-aaral ang mga inihandang aklat para sa pag-aaral ng unang wika	2.95	SA	3.05	SA	2.67	SA	2.60	SA	2.75	SA	2.82	SA	2.90	SA	2.82	SA	8
Tumaas ang antas ng kasanayan at kaalaman ng mga mag-aaral gamit ang unang wika.	2.95	SA	2.87	SA	2.58	SA	2.60	SA	2.93	SA	3.00	SA	2.89	SA	2.83	SA	7
Mas naging madali para sa mga guro ang pagtuturo gamit ang iba-ibang metodolohiya sa paggamit ng unang wika sa pagtuturo.	3.21	SA	2.65	SA	2.73	SA	2.50	HL S	2.69	SA	2.67	SA	2.60	SA	2.72	SA	9

Panukatan : 3.51 – 4.00 – Higit na Sumasang-ayon (HS)
 2.51 – 3.50 – Sumasang-ayon (SA)
 1.51 – 2.50 – Hindi Lubusang Sumasang-ayon (HLS)
 1.00 – 1.50 – Hindi Sumasang-ayon (HDS)

Ibig lamang ipahiwatig ng resultang nakuha na kulang pa ang mga ginagawang hakbang ng pamunuan upang mas mapabuti ang pagpapatupad ng MTB-MLE sa iba't ibang lugar sa Rehiyon 5. Ito ay sinang-ayunan din ng mga gurong nakilahok sa pakikipagpanayam upang matukoy ang mga hamon sa implementasyon ng MTB-MLE na isinagawa ng mananaliksik.

Ayon nga kay Stone (2012) na ang propesyunal na pagsulong sa mga oportunidad ng paggamit ng MTB-MLE ay nagpapabisa sa kakayahan ng mga guro at sa kanilang pagtangkilik sa unang wika. Isa ring balakid sa magandang pagpapatupad ng programa ng kurikulum ng MTB-MLE ang kakulangan sa pagkilala lalo na ng mga nakatataas dahilan upang mawalan ng mahabaang polisiyang mag-uudyok ng pagkabuo nito at paghina ng kalidad ng konsepto nito lalo na sa disenyo at paggamit (Kashora, 2015).

Produkto

Sa produktong ebalwasyon ay kinakalap ng ebalweytor ang mga datos upang malaman kung ang produkto ng pinal na kurikulum ay nagtataglay ng kanilang plinano o inaasahan.

Sa Talahanayan 13 naman ay makikita ang kabuoang datos na nakuha sa aspetong produkto o ang naging kinalabasan ng mga plinano at makikita sa naging resulta ng mga natutuhan at kasanayang nakuha ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral.

Talahanayan 13

Kabuoang Datos ng mga Sumagot sa Produkto

Indikasyon	Administrador				Guro			Tao sa Komunidad				
	HS	S	HLS	HS	HS	S	HLS	HS	HS	S	HLS	HS
1. Nakatutulong ang mga kaalaman at kasanayang matatamo sa pamamagitan ng MTB-MLE	7	2	4	0	27	58	17	6	6	10	5	8
2. Nakatutulong ang MTB-MLE sa pagsusulong ng epektibong pagtuturo at epektibong pagkatuto	5	4	4	0	23	60	19	6	3	10	14	5
3. Naipahahayag ng mga guro ang mga terminolohiya sa wastong gamit nito.	3	6	4	0	25	61	18	4	10	7	4	8
4. Nakapagsasalita nang mahusay at wasto ang mga bata gamit ang kanilang unang wika.	5	3	5	0	30	61	14	3	6	8	7	3
5. Nauunawaan ng maayos ng mga bata ang pagbibilang, mga numero, at mga operasyon nito gamit ang unang wika.	6	5	2	0	24	67	12	5	5	5	6	9
6. Nakikisalamuha ang mga bata sa mga usapan at talakayan sa loob ng klase gamit ang natutuhan na kaalaman sa MTB-MLE.	3	5	4	0	29	41	22	10	3	15	6	10
7. Nakabubuo ng mga dayalogo ang mga bata mula sa mga kaalaman at kasanayan ng kurikulum ng MTB-MLE.	4	4	3	0	21	42	19	12	4	12	5	11
8. Nakagagawa ng mga maiikling tala, kwento at iba pang output na pasulat ang mga bata.	2	5	3	0	23	48	21	11	9	10	7	5
9. Nakababasa nang maayos at may pag-unawa ang mga bata gamit ang kanilang unang wika.	2	4	7	0	23	44	21	12	5	8	15	4
10. Nagagamit ng mga bata ng tama at maayos ang unang wika sa pakikipagtalastasan sa kanilang komunidad batay sa kanilang pagkatuto sa kurikulum ng MTB-MLE.	6	3	3	0	23	44	17	13	3	7	13	5
Kabuoan	43	41	39	0	248	526	180	82	54	92	82	68

Sa unang indikasyon ay ipinakita ang sagot ng mga kalahok sa tanong kung nakatutulong ba ang mga kaalaman at kasanayang matatamo sa pamamagitan ng MTB-MLE. Malaking bahagi ng sagot ng mga kalahok ay sa

interpretasyon na sumasang-ayon at lahat sila ay ganito ang pananaw. Sa administrador ay may pito (7), sa guro naman ay may limampung'tulo (58) at sampu (10) sa mga tao sa komunidad. Ibig sabihin ay sumasang-ayon ang mga kalahok na may mabuting naidudulot ang mga natututuhan sa MTB-MLE sa pagtuklas ng bagong mga kaalaman at kasanayan. Kahit na may mga pagdududa sa mga tao sa komunidad ay marami pa rin ang naniniwalang may mabuting epekto ang paggamit at pag-aaral ng unang wika sa mga mag-aaral.

Halos kalahati ng mga magulang ay may positibong atityud tungkol sa paggamit ng unang wika sa pag-aaral ng kanilang anak sa K-3. Ani nila

"Maray man na padagos ang pag-adal ning mga kaakian kan satuyang tataramon ta nganing dai ini mawara sa paghaloy kan panahon".

Nangangahulugan ito na mabuti naman na patuloy na ginagamit ng mga bata ang wikang Bikol upang ito ay hindi mawala sa pagdating pa ng panahon. Para sa kanila ay magandang gamitin ang Bikol dahil mananatiling matibay at kailanman ay hindi malilimutan ang sariling wika hanggang sa kanilang pagtanda at maging sa pagtungtong nila sa high school at sa kolehiyo. Sabi pa nila ay nagiging matatag ang pundasyon ng mga bata sa larangan ng wika. Naniniwala din ang ilan na ito ay may malaking ambag sa patuloy na pag-unlad ng kanilang kultura.

Sa ikalawang indikasyon na sumasagot kung nakatutulong ang MTB-MLE sa pagsusulong ng epektibong pagtuturo at epektibong pagkatuto, makikita sa talahanayan na mas kumpiyansa ang mga administrador dito na may lima (5) tugon na higit na sumasang-ayon. Samantala, ang mga guro naman na

sumasang-ayon ay may animnapung (60) bilang sa kabuoang 108 na sumagot. Ang mga tao sa komunidad na sumasang-ayon na may sampu (10) ngunit may hindi lubos na sumasang-ayon na may bilang na labing-apat (14). Ipinapakita lamang nito na malaki ang tiwala ng mga guro at administrador sa mabuting epekto ng MTB-MLE lalo na kung maayos itong maituturo sa mga paaralan. Samantalang may ilang pangamba at pagdududa ang mga magulang sa epekto ng pag-aaral ng mga bata at pagkatuto ng wika sa dahilang ang iba sa kanila ay hindi na ginagamit sa bahay ang wikang Bikol kundi Tagalog at Ingles. May ilan pa na hindi unang wika ang wikang Bikol dahil ibang varayti ng wikang Bikol ang ginagamit nila sa bahay o lugar.

Sa ikatlong indikasyon ay sumagot ang mga kalahok kung naipahahayag ng mga guro ang mga terminolohiya sa wastong gamit nito. Sa talahanayan mapapansing mas kakikitaan ng kumpiyansa ang mga tao sa komunidad na may sampu (10) na higit na sumasang-ayon. Samantala, ang administrador at mga guro naman ay sumasang-ayon rin dito na may anim (6) para sa administrador at animnapu't isang (61) naman para sa mga guro. Sa ganitong resulta ay masasabing ang mga magulang ay naniniwalang nakatulong ang pag-aaral ng unang wika upang mas maintindihan ng kanilang mga anak ang mga aralin sapagkat gumagamit ng wikang madali nilang naiintindihan. Ganito rin ang pananaw ng mga guro at administrador na mas nakitaan nila ng pagka-aktibo ang ilang mag-aaral lalo na kung mas higit nilang nauunawaan ang kanilang itinuturo.

Sa ikaapat na indikasyon na tumutukoy kung nakapagsasalita nang mahusay at wasto ang mga bata gamit ang kanilang unang wika, mapapansin sa talahanayang sumasang-ayon dito ang mga guro at tao sa komunidad na mayroong bilang na animnapu't(61) para sa mga guro at walo (8) sa mga tao sa komunidad. Subalit nahahati ang pananaw ng mga administrador dito sapagkat may parehong lima (5) na higit na sumasang-ayon at sa hindi lubusang sumasang-ayon. Ang ibig lamang sabihin nito, kahit na may paniniwala ang mga administrador na may mga resulta ng pagkatuto ay mas gusto pa rin nilang magkaroon ng mas malinaw na batayan upang maunawaan at malaman talaga batay sa ebalwasyon kung nakatutulong ang MTB-MLE sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Inaasahan na ito, sapagkat sa patuloy na pagsasaliksik ay napansin na may pangangailangan sa epektibong gamit ng ebalwasyon para masukat nang maayos ang pagkatuto ng mga mag-aaral gamit ang MTB-MLE kurikulum.

Batay naman sa isang panayam na isinagawa ng mananaliksik sa isang punongguro sa lalawigan ng Camarines Norte sinabi niya na isang malaking dagok hindi lang sa lalawigan maging sa buong rehiyon ng Bikol ang pagkawala ng paggamit ng wikang Bikol sa Camarines Norte. Mula noong ipalabas ang kautusan na nag-uutos na ipagamit ang unang wika sa bawat rehiyon ay halos isang taon lamang na ginamit ng mga taga Camarines Norte ang wikang Bikol sa pagtuturo sapagkat karamihan sa mga guro at maging mga bata ay hindi na nagsasalita ng wikang Bikol kundi wikang Tagalog na. Sinabi ng punongguro na,

“Halos mag-iisang taon lamang ginamit ang wikang Bikol sa Camarines Norte sapagkat hindi maintindihan ng mga guro at maging ng mga

bata ang salitang ito. Kaya paglipas ng isang taon ay ginamit ang wikang Tagalog sa pagtuturo ng Mother Tongue sa buong lalawigan ng Camarines Norte”.

Nakakahiya anyay sa mga karatig lalawigan na kaming mga taga-Camarines Norte ay sakop ng Bikol ngunit kapansin- pansin ang pagkawala ng mga taong nagsasalita ng wikang Bikol. Kung kaya unti- unti nang napapalitan ang kinagisnang wika mula sa Bikol patungong Tagalog. Aniya,

“Ito ay isang hamon sa mga guro at mga magulang na muli nating ibalik ang pagtuturo ng wikang Bikol upang muling nating pagyamanin at makatulong tayo sa pag-angat ng kultura ng ating Rehiyon”.

Ngunit ito’y hindi lang hamon para sa mga guro maging isang pagkumbinsi para sa mga magulang at buong komunidad ng bawat lugar na patuloy na gamitin ang unang wika na siya nating unang naging sandata sa pakikipag-usap sa loob ng tahanan, gamit sa pakikipaglaro sa labas ng bahay, gamit sa pakikipagkuwentuhan sa tindahan at maging sa pakikipagtransaksyon sa pamahalaan. Tulungan natin ang ating mga kaguruan na maging mayaman sa pagtuturo at makabuluhang pagkatuto sa paggamit ng unang wika.

Sa ikalimang indikasyon, kung nauunawaan nang maayos ng mga bata ang pagbibilang, mga numero, at mga operasyon nito gamit ang unang wika, makikita sa talahanayan na higit na sumasang-ayon ang mga administrador dito na may anim (6) sa labintatlong (13) sumagot. Samantala, ang mga guro naman ay sumasang-ayon lamang na may animnapu’t pito (67) sa 108 na tumugon. Ang negatibong opinyon dito ay mga tao sa komunidad na hindi sumasang-ayon na may siyam (9) sa dalawampu’t lima (25) na tumugon. Pero kung titingnang

mabuti ang dami ng sumagot ay masasabing mayroong mga pagsubok na naisagawa upang sukatin ang kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbibilang ng numero at kung paano ito gagamitin sa pagbuo ng pahayag sa pagsasalita at maging sa pagsulat.

Sa ikaanim na indikasyon naman ay inalam kung nakikisalamuha ang mga bata sa mga usapan at talakayan sa loob ng klase gamit ang natutuhan na kaalaman sa MTB-MLE. Makikitang sa indikasyong ito ay lahat ng kalahok ay sumasang-ayon dito na may lima (5) sa mga administrador, 41 sa mga guro, at 15 sa mga tao sa komunidad. Ibig sabihin ay aktibo ang mga bata dahil sa mas naiintindihan nila ang wikang ginagamit at hindi sila nahihiya sa paggamit nito. Batay sa pahayag ng isang guro,

“Nahihikayat naming makilahok sa talakayan ang mga bata at napakapositibo sila na magsalita ayon sa kanilang nauunawaan at nakapagpapahayag din ang mga bata ng gusto nilang sabihin sa amin at maging sa kanilang mga kaklase”.

Sa ikapitong indikasyon ay inalam kung nakabubuo ng mga dayalogo ang mga bata mula sa mga kaalaman at kasanayan ng kurikulum ng MTB-MLE. Makikita sa talahanayan na ang mga administrador ay nahati ang opinyon sapagkat may apat (4) na higit na sumasang-ayon at apat (4) rin na sumasang-ayon pero sa kabuuan sila ay positibo ukol dito. Ang mga guro naman ay sumasang-ayon dito na may 42 sa kanila ang sumagot nito. Gayundin, ang mga tao sa komunidad ay sumasang-ayon rin dito sapagkat may 12 sumagot ng ganito. Ibig sabihin ay mas nagiging mapahayag ang mga bata o mag-aaral dahil sa mas naiintindihan nila ang wikang ginagamit at mas magaan sa kanilang pag-

iisip ang pagbuo ng mga salita upang ipahayag ang kanilang nauunawaan. Ayon sa isang guro,

“May nasusulat na silang mga dayalog kapag kami ay nagpapagawa ng mga usapan sa klase at ganun din sa obserbasyon ko ay nakabubuo na sila ng mga usapan gamit ang wikang Bikol lalo na kung sila ay naglalaro sa labas. Napansin ko rin ang malaya nilang paggamit ng wikang bikol sa mga simpleng usapan kapag sila ay nagkukwentuhan”.

Sa ikawalong indikasyon naman kung nakagagawa ng mga maiikling tala, kwento at iba pang output na pasulat ang mga bata ay sumasang-ayon ang mga administrador sa dahilang may limang (5) sumagot sa labintatlong kalahok. Gayundin, may 48 naman na samasang-ayon dito sa mga guro at 10 naman sa mga tao sa komunidad. Ibig lamang sabihin ay nakasusulat nang maayos ang mga bata sa tulong na rin ng MTB-MLE kurikulum.

Sa ikasiyam na indikasyon ay naitanong kung nakababasa nang maayos at may pag-unawa ang mga bata gamit ang kanilang unang wika. Napag-alamang hindi kumpiyansa ang mga administrador dito sapagkat mas marami ang hindi lubusang sumasang-ayon dito na may pito (7) na sumagot gayundin ang mga tao sa komunidad na may 15 na sumagot. Samantalang ang mga guro lamang ang sumasang-ayon dito na may 44 na sumagot. Ang ipinapahiwatig lamang nito ay may kailangan pang karagdagang pagsisikap mula sa mga guro na lalo pang paigtingin ang pagbabasa at pag-unawa ng mga bata. Ayon sa ilang magulang,

“Napansin ko na ngayong nasa ikatlong markahan na ay mahina pa rin sa pagbabasa ang aking anak. Minsan naririnig ko ay paisa isa pa din siya sa pagbabasa ng mga salita. Nakukulangan pa kami sa ipinapakitang husay ng mga

guro sa pagtuturo ng wikang Bikol. Kung minsan ay tinuturuan pa namin dito sa bahay para madali siyang matutong magbasa”.

Sa ikasampung indikasyon ay inalam kung nagagamit ng mga bata nang tama at maayos ang unang wika sa pakikipagtalastasan sa kanilang komunidad batay sa kanilang pagkatuto sa kurikulum ng MTB-MLE. Makikitang may pagkakaiba-iba ang kanilang opinyon sapagkat para sa mga administrador ay mas marami ang naniniwalang higit na sumasang-ayon sila rito dahil may anim (6) na sumagot nito. Ang mga guro naman ay sumasang-ayon dito dahil may 44 na sumagot nito at ang mga tao sa komunidad naman ay hindi lubusang sumasang-ayon dahil may 13 na sumagot dito. Sa puntong ito ay mas may bigat ang sagot ng mga tao sa komunidad sapagkat sila ang higit na nakararanas nito at dahil sa hindi sila lubusang sumasang-ayon ay masasabing may mga pangangailangan na mas itaas ang kakayahan ng mga guro upang magkaroon ng mas mabisang pagkatuto ang mga mag-aaral. Sabi ng ilang magulang,

“May pagkakataon na kapag ang mga bata ay nagsasalita sa kalye o sa lansangan maging sa simbahan ay nagagamit na nila ang wikang Bikol sa pakikipag-usap, minsan ng kami ay nasa isang Mall ay nagsimulang gumamit ng wikang Tagalog ang kanyang kapatid kaya dere-deretso naman sila sa paggamit ng wikang Tagalog. Ngunit minsan naman ay nagiging banyaga sila dahil ang ibang mga magulang ay kinakausap sila sa wikang Ingles”.

Sa kabuoan, mas may kumpiyansa ang mga administrador sa produkto ng MTB-MLE sa Rehiyon 5 na ipinakita ng mas malaking parte ng sumagot na higit na sumasang-ayon na may 43 na sumagot at ang karamihan ng mga guro naman ay sumasang-ayon na may 526 na sumagot at sa mga tao sa komunidad

ay sumasang-ayon rin naman na may 92 na sumagot pero kung susumahin marami rin ang hindi lubusang sumasang-ayon. Sa Talahanayan 14 ay makikita ang kabuoang datos na nakuha sa aspetong produkto sa pananaw ng mga guro, administrador, at piling tao sa komunidad batay sa mga probinsiya o lungsod.

Talahanayan 14.Kabuoang Datos ng mga Sumagot na Guro ayon Sa

Produkto

Indikasyon	CNorte		CSur		Albay		Masbate		Sorsogon		Naga		Cat		Kabuoan		
	Wm	I	Wm	I	WM	I	WM	I	WM	I	WM	I	WM	I	WM	I	R
Nakatutulong ang mga kaalaman at kasanayang matatamo sa pamamagitan ng MTB-MLE	3.21	SA	2.91	SA	2.92	SA	2.90	SA	2.94	SA	2.94	SA	3.00	SA	2.97	SA	3
Nakatutulong ang MTB-MLE sa pagsusulong ng epektibong pagtuturo at epektibong pagkatuto	3.32	SA	2.87	SA	3.17	SA	2.50	HL S	2.94	SA	2.67	SA	2.90	SA	2.91	SA	4
Naipahahayag ng mga guro ang mga terminolohiya sa wastong gamit nito.	3.26	SA	2.78	SA	3.17	SA	2.90	SA	3.13	SA	2.94	SA	2.70	SA	2.98	SA	2
Nakapagsasalita nang mahusay at wasto ang mga bata gamit ang kanilang unang wika.	3.26	SA	2.87	SA	3.08	SA	3.20	SA	3.06	SA	3.11	SA	3.20	SA	3.11	SA	1
Nauunawaan ng maayos ng mga bata ang pagbibilang, mga numero, at mga operasyon nito gamit ang unang wika.	2.26	HL S	2.43	HL S	2.42	HL S	2.80	SA	2.50	HL S	2.44	HL S	2.40	HL S	2.47	HL S	10
Nakikisalamuha ang mga bata sa mga usapan at talakayan sa loob ng klase gamit ang natutuhan na kaalaman sa MTB-MLE.	2.86	SA	2.92	SA	3.17	SA	2.90	SA	2.64	SA	2.88	SA	2.70	SA	2.87	SA	5
Nakabubuo ng mga dayalogo ang mga bata mula sa mga kaalaman at kasanayan ng kurikulum ng MTB-MLE.	3.00	SA	2.80	SA	3.09	SA	2.50	HL S	2.62	SA	2.75	SA	2.44	HL S	2.74	SA	8
Nakagagawa ng mga maikling tala, kwento at iba pang output na pasulat ang mga bata.	2.88	SA	2.91	SA	3.17	SA	2.60	SA	2.73	SA	2.67	SA	2.56	SA	2.79	SA	6
Nakababasa nang maayos at may pag-unawa ang mga bata gamit ang kanilang unang wika.	3.06	SA	2.85	SA	3.00	SA	2.40	HL S	3.00	SA	2.59	SA	2.30	HL S	2.74	SA	8
Nagagamit ng mga bata ng tama at maayos ang unang wika sa pakikipagtalastasan sa kanilang komunidad batay sa kanilang pagkatuto sa kurikulum ng MTB	3.00	SA	2.70	SA	3.00	SA	2.63	SA	2.93	SA	2.69	SA	2.60	SA	2.79	SA	6

Panukatan : 3.51 – 4.00 – Higit na Sumasang-ayon (HS)
 2.51 – 3.50 – Sumasang-ayon (SA)
 1.51 – 2.50 – Hindi Lubusang Sumasang-ayon (HLS)

Sa puntong ito kung titingnan ang talahanayan ay makikitang nangunguna ang ikaapat na aytem na nagpapahiwatig na nakapagsasalita nang mahusay at wasto ang mga bata gamit ang kanilang unang wika na may WM na 3.11 o interpretasyon na Sumasang-ayon (SA). Samantala, isang indikasyon ang may ibang interpretasyon na HLS o hindi lubusang sumasang-ayon na nauunawaan ng maayos ng mga bata ang pagbibilang, mga numero, at mga operasyon nito gamit ang unang wika na may WM na 2.47 lamang. Makikita sa ganitong resulta na nahihirapan ang mga bata sa paraan ng pagbibilang ng numero at operasyon nito gamit ang unang wika dahil sa mga kakaibang termino sa numero.

Sa ganitong resulta masasabing hindi sapat o kulang ang mga gamit pang-ebalweyt upang masukat ang kaalaman at kasanayan ng Kindergarten, Grades 1, 2 at 3 na gumagamit ng MTB-MLE. Ang MTB-MLE ay dinesenyo na nakagiya sa mithiin na “Every Child-A-Reader and A-Writer” sa Grade 1.

Sa pag-aaral nga ni Valerio (2015) ay hindi pa sigurado ang mga guro sa kahusayan ng mga gamit panturo kung tunay nga ba itong nakatutulong upang mapalago ang edukasyong MTB lalo na at may mga kakulangan sa gamit panturo tulad ng libro at iba pang materyales. Gayundin ay dapat na ikonsidera ang polisiyang pagbuo ng mga materyales sa pagbasa na naaayon sa unang wika ng mga mag-aaral.

Sa panuntunan ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) sa paggamit ng pondo sa materyales at paggawa ng programa ng MTB-MLE ay may dalawampung porsyento (20%) and nakalaan sa pagmonitor at pag-ebalweyt sa

programa ng MTB-MLE. Kaya naman inaasahang may polisiyang sumasaklaw upang punuan ang kakulangang ito na nabanggit sa pag-aaral. Nasa mga humahawak na lamang ng programa at tamang direktiba ang kailangan upang magkaroon ng maayos na implementasyon ng MTB-MLE lalo na sa Rehiyon 5. Lalong higit sapagkat ang kurikulum na balangkas ng Kagawaran ng Edukasyon ay naaayon sa edukasyong multilingguwal na batay sa unang wika na nagsisimula kung saan nagmula ang mga mag-aaral at kung ano na ang alam nila kaya kailangang may mga materyales panturo at sapat na gamit pang-ebalweyt sa pagtukoy ng bisa nito sa pagsulong ng pag-aaral ng mga mag-aaral.

Mga Hamon ng Implementasyon ng MTB- MLE sa Rehiyon

Batay sa resulta ng ginawang pag-aaral sa pamamagitan ng talatanungan at isinagawang panayam sa mga administrador, guro at magulang, natuklasan ang mga hamon at suliranin ng pagpapatupad ng MTB-MLE sa programa sa Rehiyon 5.

Natuklasan sa mga administrador ang sumusunod:

- a. May mga guro na hindi taga-Bikol at hindi bihasa sa paggamit nito kaya nahihirapan silang magturo at magsanay sa paggamit nito;
- b. Kawalan ng tiwala ng mga magulang sa programang MTB-MLE
- c. Kakulangan sa mga pagsasanay ng mga guro sa paggamit at pagtuturo gamit ang MTB;

d. May mga parte sa Rehiyon 5 tulad ng Camarines Norte na nahahati sa dalawa ang unang wikang ginagamit ngunit mas pinapaboran ang Tagalog imbes na wikang Bikol dahilan upang hindi na mapaunlad ang wikang Bikol sa lugar na ito;

e. Kulang ang ibinigay na suporta ng administrasyon upang mas mapabuti pa nila ang pagtuturo ng unang wika; at

f. May ilang mga guro ay walang sapat na kasanayan sa pagsasalita ng Mother Tongue na isang hadlang rin na maituro nila ito nang mas mahusay sa mga bata.

Natuklasan sa mga guro ang sumusunod:

a. Takot ng mga magulang na malito ang mga mag-aaral sa paglipat-lipat ng lenggwahe;

b. Hindi lahat ng mag-aaral ay marunong ng Bikol dahilan upang hindi maunawaan ang itinuturo ng guro;

c. Nahihirapan ang mga guro sa pagsasalin sa wikang Bikol lalo na at ang gabay sa kurikulum at ibang materyales panturo ay nasa wikang Ingles;

e. May mga bata na hindi marunong ng wikang Bikol dahilan upang hindi nila maunawaan ang itinuturo ng guro;

f. Ang gabay na kurikulum ay nakasulat sa wikang Ingles na isang nagpapahirap sa mga guro upang bumuo ng kanilang plano sa pagkatuto.

g. May ilang mga babasahin o aklat na hindi angkop gamitin sa pagtuturo sapagkat hindi maintindihan ang mga halimbawa dito.

Natuklasan sa mga tao sa komunidad ang sumusunod:

a. Paghihikayat sa mga magulang na gumamit ng unang wika sa pakikipagpanayam sa kanilang anak lalo na sa bahay;

b. Ilan sa mga mag-aaral ay hindi talagang gumagamit ng unang wika ng lugar kung kaya't hindi nila madaling matutuhan ang paggamit ng Mother Tongue ng mga guro.

c. May ilang mga magulang na walang suporta sa pag-aaral ng mga anak sa paggamit ng MTB sa kanilang mga tahanan.

Mungkahing Disenyo ng Ebalwasyon ng Implementasyon ng MTB-MLE

Ang mungkahing disenyo ay nakapaloob sa balangkas na binuo ng mananaliksik upang maging maayos ang implementasyon ng MTB-MLE. Ito ay sumasaklaw sa iba't ibang konsiderasyon sa pagtataya ng kurikulum batay sa mga isinagawang pag-aaral ng mga propesyunal tulad ng kay Talmage (1985) at Stufflebeam (1979) at iba pa na nagbibigay ng kabuuang saklaw upang makamit ang mas mainam na pagtataya ng kurikulum.

Dito ay isinaalang-alang ang panloob na pagpapahalaga, instrumental, komparatibo/paghahambing, idealisasyon, at pagpapahalaga sa desisyon na tumataguyod sa isang holistikong pagtingin na nakatuon sa pundasyon ng edukasyon tulad ng administrador, guro, mag-aaral, at ng komunidad at

isasaalang-alang ang konteksto, input, proseso at produkto ng implementasyon ng MTB-MLE sa Rehiyon 5.

Ang modelong ito ay tumatalakay sa naging pag-aaral ng dalawang dalubhasa na kung saan sinusuri sa teoryang ito ang mga naging gampanin at gawain ng mga administrador sa pagpapatupad ng programa. Ganun din ang mga guro na siyang naghahatid kaalaman sa mga bata at naging instrumento sa pagkatuto ng mga bata. Ang naging kinalabasan ng ginawang pagpupunyagi ng mga guro ay makikita sa ikinikilos at kakayahan ng mga bata na magsagawa ng kasanayan at ipakita ang kaalaman na nakuha sa ipinatupad na programa sa paraang pasalita maging sa pasulat. Mayroon ding mahalagang bahagi ang mga tao sa komunidad sapagkat sila ang makapagsasabi kung ang mga natutuhan ng mga bata ay nagagamit nila sa pakikipag-usap sa kanilang pamayanan. Bahagi rin sila upang manatiling matatag ang programa kung patuloy nilang sinusuportahan ang kani-kanilang anak na gamitin ang unang wika sa pakikisalamuha sa kanilang kapwa.

Sa pagpapatupad ng isang programa ay lagi itong may kaakibat na suliranin na kailangang bigyan ng solusyon. Sa patuloy na pag-iimplementa ng programa ng MTB-MLE sa buong bansa ay natukoy ang ilang suliranin. Isang hamon para sa mga administrador at guro ng paaralan at maging ng mga tao sa komunidad kung paano bibigyan ng epektibong solusyon ang mga suliraning ito. Una dito ay ang kawalan ng kaalaman at kasanayan ng mga administrador ng paaralan sa pagpapatupad ng MTB-MLE na inaasahan ng lahat na dapat ay may

sapat na kaalaman ang mga administrador sa programang ito. Pangalawa, ay ang kawalan ng mga kagamitan ng administrador sa pag-eebalweyt sa mga guro ng nagtuturo ng unang wika. Upang makita ang lahat ng problemang nararanasan ng mga guro at mga bata ay kailangan ang maayos na pagsubaybay sa programa at kailangan ang sapat na kagamitan upang mamonitor ang performans ng mga guro at output ng mga bata. Pangatlo ay ang kakulangan ng mga batayang aklat sa pagtuturo ng MTB-MLE. Mahalaga na sapat ang mga kagamitan sa pagtuturo sapagkat ito ay isang susi upang makamit ang makabuluhang pagkatuto. Kapag kulang sa mga kagamitan ay maaaring maging dahilan ito ng mababang lebel ng pagkatuto ang mga mag-aaral. Pang-apat ay ang hindi angkop ang mga ginagamit na kagamitang panturo na nakatakda sa kurikulum. Mahalagang angkop ang ginagamit na kagamitang panturo ng mga guro upang sa ganun ay makita ang kabisaan nito sa pagtuturo sa mga bata. Panlima ay ang kakulangan sa pagsasanay ng mga guro na nagtuturo ng unang wika. Isang sangkap upang magkaroon nang epektibong pagtuturo ang mga guro ay ang nakukuha nilang mga kaalaman at kasanayan mula sa mga pagsasanay upang maibahagi ito sa mga mag-aaral. Pang-anim ay ang walang maayos na oryentasyon sa mga magulang at ilang tao sa komunidad para sa pagpapatupad ng MTB-MLE sa bawat lugar. Mahalagang magkaroon ng oryentasyon sa lahat ng stakeholder ng paaralan sa anumang mga pagbabago at ipapatupad na programa sapagkat sila rin ay bahagi ng pag-unlad nito at makatuwang ang komunidad sa isinusulong na programa. Pampito

ay ang kakulangan sa paghikayat ng mga magulang na gamitin sa tahanan ang MTB- MLE upang maging bihasa ang kanilang mga anak. Ang patuloy na pagpapagamit ng mga magulang sa unang wika ay mahalagang bagay upang tuloy- tuloy na maging gamitin ng mga bata ang kinagisnang wika at magamit nila ito sa pakikipag-usap sa isa't isa.

Sa pagkakataong ito ay makikita ng administrador, guro at mga tao sa komunidad kung paano magiging maayos ang pagpapatupad ng isang programa kung nasuri nila nang maayos ang mga suliranin na maaaring kaharapin at dito ay maari nilang maging gabay ang mungkahing ito sa pagpapatupad ng MTB- MLE sa kani-kanilang mga rehiyon at maging sa buong Kagawaran ng Edukasyon sa buong Pilipinas. Gayundin, makatutulong ang nabuong talatanungan sa pagtataya ng implementasyon ng MTB-MLE para sa mga guro ng unang wika mula Kinder hanggang baiting III. (Makikita sa Apendiks E ang Mungkahing Disenyo ng Ebalwasyon ng Implementasyon ng MTB-MLE)




Figura 2. Balangkas ng Mungkahing Disenyo ng Ebalwasyon ng Implementasyon ng MTB-MLE

Kabanata 4

LAGOM, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Ang kabanatang ito ay nagpapahayag ng buod, natuklasan, konklusyon at rekomendasyon ayon sa kinalabasan ng kasalukuyang pag-aaral hinggil sa ebalwasyon ng implementasyon ng kurikulum ng MTB-MLE sa Rehiyon 5.

Lagom

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa ebalwasyon ng implementasyon ng kurikulum sa pagtuturo ng MTB-MLE K-3 sa Rehiyon 5. Ito ay humanap sa mga kasagutan sa mga impormasyong galing sa mga piling kalahok na mga administrador, guro at mga tao sa komunidad.

Gamit ang modelong pang-ebalwasyon ni Stufflebeam (1971), inalam ng mananaliksik ang implementasyon ng MTB-MLE sa Rehiyon 5 batay sa apat na indikasyon tulad ng input, konteksto, proseso, at produkto. Tinukoy rin ang mga hamon o suliranin sa implementasyon ng MTB-MLE. Ang mga resulta ay ginamit upang makabuo ng mungkahing disenyo ng ebalwasyon ng implementasyon ng MTB-MLE kurikulum. Gamit ang “purposive sampling method”, “non-probability sampling technique” at “Stratified sampling” sa pagpili ng mga paaralang elementarya at bilang o dami ng mga kalahok, may 13 administrador, 108 na guro at 35 tao sa komunidad ang kumatawan bilang kalahok ng pag-aaral na ito. Ang mga pangunahing lugar sa Rehiyon 5 na ginamit sa pag-aaral ay ang Camarines Norte, Camarines Sur, Albay, Sorsogon, Naga City, Masbate, at Catanduanes. Sa pag-aaral na ito ay tanging Central Bikol ang ginamit bilang

pamantayang wika base sa pag-aaral ni Epstein (1967). Dahil ang Rehiyon 5 ay binubuo ng iba't ibang probinsiya at lungsod na may iba't ibang dayalekto o wika ay tanging Tagalog at Bikol lamang ang mga unang wika na isinaalang-alang sa pag-aaral na ito dahil ito ang mga nakasaad sa polisiya ng DepEd na kasama sa walong (8) pangunahing wika.

Kinalabasan ng Pag-aaral

Batay sa resulta ng pag-aaral ang mga sumusunod ay natuklasan:

1. Sa kabuoan ay sumasang-ayon ang mga administrador, guro, at mga tao sa pamayanan sa implementasyon MTB-MLE ayon sa konteksto, input o nilalaman, proseso, at produkto.
 - a. Sa konteksto sa kabuoan ng sampung indikasyon ay lahat halos ng administrador ay umaayon sa interpretasyong Higit na Sumasang-Ayon (HS) na may bilang na apatnapu't walo (48). Ang mga guro naman ay mas marami ang Sumasang-ayon (S) na may bilang na 548 at ang mga tao sa komunidad naman ay Hindi Lubusang Sumasang-ayon (HLS) na may bilang na 114.
 - b. Sa input ay ay sumasang-ayon ang mga administrador, guro, at mga tao sa komunidad sa input o kaalaman sa nilalaman at layunin ng MTB-MLE dahil sa kabuoan ng datos ay mapapansing ang may pinakamalaking bahagi ay ang interpretasyong sumasang-ayon na mayroong walumpung (80) sa kabuoang 143 sa administrador, anim na

raan at tatlumpu't lima (635) sa kabuoang 1185 sa mga guro, at isandaan at siyam (109) sa kabuoang 383 sa mga tao sa komunidad.

c. Sa Proseso naman sa kabuoan ng datos na nakuha ay higit na sumasang-ayon ang administrador na may animnaput dalawa (62) at sumasang-ayon ang mga guro na may anim na raan at dalawampu't apat (624) sa proseso samantala, ang komunidad naman ay hindi lubusang sumasang-ayon na may isandaan at dalawa (102) na bilang. Kaya may malaking pagkakaiba sa mga sagot sa pagitan ng mga nasa akademiko na binubuo ng mga guro at administrador at ng nasa komunidad na binubuo ng magulang. Magkaiba ang kanilang mga pananaw sa mga programang ipinapatupad para sa maayos na MTB-MLE.

d. Sa Produkto sa kabuoan ng sampung indikasyon ay mas may kumpiyansa ang mga administrador sa produkto ng MTB-MLE sa Rehiyon 5 na ipinakita ng mas malaking parte ng sumagot na higit na sumasang-ayon na may 43 at ang karamihan ng mga guro naman ay sumasang-ayon na may 526 at sa mga tao sa komunidad ay sumasang-ayon rin naman na may 92 pero kung susumahin marami rin ang hindi lubusang sumasang-ayon.

2. Sa kabuoan ay sumasang-ayon ang mga guro at magulang sa iba't ibang salik implementasyon ng MTB-MLE ayon sa input o nilalaman, proseso,

konteksto, at produkto. Ang bawat elemento sa ebalwasyon ay nailahad batay sa mga sumusunod na natuklasan.

- a. Sa Konteksto sa kabuoan ng limang indikasyon ay lahat halos ng datos ay may interpretasyong sumasang-ayon (SA) na na pinangungunahan ng positibong pagtanggap ng administrasyon sa polisiya ng MTB-MLE na may weighted mean (WM) na 3.11. Ang pinakamababa naman ay ang pagkakaroon ng ginagamit na gabay sa pagsubaybay at ebalwasyon sa mga guro ang administrasyon na may WM na 2.45 at interpretasyong Hindi Lubusang Sumasang-ayon (HLS). Bawat probinsiya at lungsod ay halos may ganitong interpretasyon sa pang-apat na indikasyon at lahat ay may interpretasyong sumasang-ayon naman sa lahat ng indikasyong natitira..
- b. Sa input ay nangunguna sa ang paggamit ng mga guro ng iba't ibang kagamitang panturo na may WM na 3.22 o interpretasyon na sumasang-ayon (SA). Ang pinakamababa naman ay ang pagkakaroon ng mga batayang aklat sa pagtuturo ng kani-kanilang unang wika na mayroon lamang WM na 2.42 o interpretasyon na hindi lubusang sumasang-ayon (HLS).
- c. Sa proseso ay pinangungunahan ito ng paniniwalang naaayon sa programa ng Kagawaran ng Edukasyon ang pagpapatupad ng MTB-MLE na may WM na 3.08. Ang pinakamababa naman na indikasyon na

nagagamit ng mga guro ang mga kaalaman at kasanayan na nakuha sa pagsasanay ng MTB-MLE na may WM lamang na 2.39 o interpretasyong Hindi Lubusang Sumasang-Ayon (HLS).

d. Sa Produkto nangunguna ang ikaapat na aytem na nagpapahiwatig na nakapagsasalita nang mahusay at wasto ang mga bata gamit ang kanilang unang wika na may WM na 3.11 o interpretasyon na Sumasang-ayon (SA). Samantala, isang indikasyon ang may ibang interpretasyon na HLS o hindi lubusang sumasang-ayon nanauunawaan nang maayos ng mga bata ang pagbibilang, mga numero, at mga operasyon nito gamit ang unang wika na may WM na 2.47 lamang.

3. Batay sa mga panayam sa mga administrador, mga guro, at mga tao sa komunidad tungkol sa implementasyon ng MTB-MLE kurikulum ang natuklasan sa pag-aaral ang mga sumusunod:

Natuklasan sa mga administrador ang mga sumusunod:

- a. May mga guro na hindi taga-Bikol at hindi bihasa sa paggamit nito kaya nahihirapan silang magturo at magsanay sa paggamit nito;
- b. Kawalan ng tiwala ng mga magulang sa programang MTB-MLE
- c. Kakulangan sa mga pagsasanay ng mga guro sa paggamit at pagtuturo gamit ang MTB;
- d. May mga parte sa Rehiyon 5 tulad ng Camarines Norte na nahahati sa dalawa ang unang wikang ginagamit ngunit mas pinapaboran ang

Tagalog imbes na wikang Bikol dahilan upang hindi na mapaunlad ang wikang Bikol sa lugar na ito;

e. Kulang ang ibinibigay na suporta ng administrasyon upang mas mapabuti pa nila ang pagtuturo ng unang wika; at

f. May ilang mga guro ay walang sapat na kasanayan sa pagsasalita ng Mother Tongue na isang hadlang rin na maituro nila ito nang mas mahusay sa mga bata.

Natuklasan sa mga guro ang mga sumusunod:

a. Takot ng mga magulang na malito ang mga mag-aaral sa paglipat-lipat ng lenggwahe;

b. Hindi lahat ng mag-aaral ay marunong ng Bikol dahilan upang hindi maunawaan ang itinuturo ng guro;

c. Nahihirapan ang mga guro sa pagsasalin sa wikang Bikol lalo na at ang gabay sa kurikulum at ibang materyales panturo ay nasa wikang Ingles;

d. May mga bata na hindi marunong ng wikang Bikol dahilan upang hindi nila maunawaan ang itinuturo ng guro;

e. Ang gabay na kurikulum ay nakasulat sa wikang Ingles na isang nagpapahirap sa mga guro upang bumuo ng kanilang plano sa pagkatuto.

f. May ilang mga babasahin o aklat na hindi angkop gamitin sa pagtuturo sapagkat hindi maintindihan ang mga halimbawa dito.

Natuklasan sa mga tao sa komunidad ang mga sumusunod:

- a. Paghihikayat sa mga magulang na gumamit ng unang wika sa pakikipagpanayam sa kanilang anak lalo na sa bahay;
- b. Ilan sa mga mag-aaral ay hindi talagang gumagamit ng unang wika ng lugar kung kaya't hindi nila madaling matutuhan ang paggamit ng Mother Tongue ng mga guro.
- c. May ilang mga magulang na walang suporta sa pag-aaral ng mga anak sa paggamit ng MTB sa kanilang mga tahanan.

Limitasyon ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa ebalwasyon ng implementasyon ng kurikulum sa pagtuturo ng MTB-MLE K-3 sa Rehiyon 5. Ito ay humanap sa mga kasagutan sa mga impormasyong galing sa mga piling kalahok administrador, guro at mga magulang sa komunidad.

Gamit ang modelong pang-ebalwasyon ni Stufflebeam (1971) para sa mainam na pagdedesisyon batay sa mga nakalap na impormasyon ay inalam ng mananaliksik ang pagtataya sa implementasyon ng MTB-MLE sa Rehiyon 5 batay sa apat na indikasyon tulad ng input, konteksto, proseso, at produkto. Tinukoy rin ang mga hamon sa implementasyon ng MTB-MLE. Ang mga resulta ay ginamit upang makabuo ng mungkahing disenyo ng ebalwasyon sa implementasyon ng MTB-MLE kurikulum. Gamit ang “purposive sampling method”, “non-probability sampling technique” at “Stratified sampling” sa pagpili

ng mga paaralang elementarya at bilang o dami ng mga kalahok, may 13 administrador, 108 na guro at 35 magulang/tao sa komunidad ang kumatawan bilang kalahok sa pag-aaral na ito. Ang mga pangunahing lugar sa Rehiyon 5 na ginamit sa pag-aaral ay ang Camarines Norte, Camarines Sur, Albay, Sorsogon, Naga City, Masbate, at Catanduanes. Sa pag-aaral na ito ay tanging Bikol-Naga o Central Bikol ang ginamit bilang pamantayang wika base sa pag-aaral ni Epstein (1967). Dahil ang Rehiyon 5 ay binubuo ng iba't ibang probinsiya at lungsod na may iba't ibang dayalekto o wika ay tanging Tagalog at Bikol lamang ang mga unang wika na isinaalang-alang sa pag-aaral na ito dahil ito ang mga nakasaad sa polisiya ng DepEd na kasama sa walong (8) wika. Ang mga tugon ng respondyente ay mananatiling konpidensyal at gagamitin lamang para sagutin ang layunin ng pag-aaral na ito.

Konklusyon

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral na ito, narito ang sumusunod na kongklusyon:

1. May mga kakulangan sa batayang aklat at kagamitan sa pagtuturo ng wikang Bikol. Ang gabay rin sa pagtuturo ay nasa wikang Ingles at kailangan pang isalin sa wikang Bikol ng mga guro. May kakulangan sa kasanayan ang mga guro sa pagtuturo at pagpapatupad ng MTB-MLE. Ang ibang guro ay hindi nagsasalita ng wikang Bikol kaya nahihirapan sila sa pagtuturo nito.

2. Lumabas sa mga panayam na maraming magulang ang hindi nakauunawa sa tunay na layunin at mabuting epekto ng MTB-MLE sa pagpapaunlad ng kaalaman ng kanilang anak. Karamihan sa mga mag-aaral ay hindi gumagamit ng wikang Bikol sa kanilang tahanan kaya nahihirapan sila sa pagsasalita nito

3. Nakikita sa resulta ng pag-aaral na may mga positibong atityud ang mga guro sa pagtuturo ng MTB-MLE. Kailangan lamang nila ang patuloy na pagsasanay sa pagtuturo ng MTB-MLE at ang pagkakaroon ng angkop na kagamitan sa pagtuturo ng unang wika.

4. May suporta sa programa ng MTB-MLE ang mga administrador sa mga paaralan bagamat wala silang magawa sa kakulangan ng mga kagamitang panturo at mga aklat para sa bawat mag-aaral.

Rekomendasyon

1. Magsagawa ng mga pananaliksik sa pangangalap at paggamit ng mga lokal na kagamitan mula sa komunidad na magpapayaman sa kurikulum ng MTB-MLE.

2. Magbigay ng mga programang magbibigay oryentasyon sa mga magulang upang paigtingin ang paggamit ng unang wika tulad ng Bikol at iba pang varayti nito at ipabatid ang kabutihan nito sa pag-aaral ng mga mag-aaral.

3. Magkaroon ng iba't ibang pagsasanay sa pagtuturo ng MTB-MLE at pagsulat ng mga kagamitan at babasahin sa pagtuturo ng unang wika sa iba't ibang distrito sa Rehiyon 5.
4. Magkaroon ng komite na magsasagawa ng karagdagang pagsusuri sa implementasyon ng MTB-MLE kurikulum upang mapabuti ang implementasyon nito sa Rehiyon 5 at sa iba pang rehiyon.
5. Makabubuting magsagawa ng kaugnay na pananaliksik sa varayti ng wikang Bikol na ginagamit sa mga paaralan sa rehiyon upang magamit sa pagtuturo ng MTB-MLE.
6. Magsagawa nang patuloy na ebalwasyon sa kurikulum at implementasyon ng MTB-MLE.

Mga Sanggunian

- Ambatchew, M. D. (2010). *Traversing the linguistic quicksand in Ethiopia*. In K. Menken & O. García (Eds.), *Negotiating language policies in schools: Educators as policymakers*, New York: Routledge.
- Ball, J. (2010). "Enhancing learning of children from diverse language backgrounds: Mother tongue-based bilingual or multilingual education in the early years". UNESCO. Retrieved 22 June 2015 from: <http://unesdoc.unesco.org/images/0018/001869/186961e.pdf>
- Bermundo, Cezar B. and Bermundo Alex B. (2007), *Simplified Statistics for Researchers with Statistical Software Program in CD format*, Bermundo & Bermundo Publishing House, Legazpi City.
- Bautista, Ma. Lourdes S. (2007). *Sociolinguistics and the Institute of National Language*.
- Benson, C. (2004c). The importance of mother tongue-based schooling for educational quality. Background paper for EFA Global Monitoring Report 2005. Paris: UNESCO
- Biber, B. 2005. *Awareness in the Learning Process: A Comment, Dimensions of Language Experience* New York: Agathon Press.
- Bobbitt, Franklin. 1924. *How to Make a Curriculum* Boston: Houghton Mifflin
Charters, W. W., Curriculum Construction New York: Macmillan.
- Chimbutane, F. (2011). *Rethinking bilingual education in postcolonial contexts*. Tonawanda, NY: Multilingual Matters.
- Cruz, N. (2015). *The Implementation of Mother Tongue Based Multilingual Education in Grade 1 in the Public Elementary School in Pangasinan 1*. Dela Salle University Research Campus. Vol.3
- Cummins, J. (1984). *Bilingualism and special education: Issues in assessment and pedagogy*. Clevedon, England: Multilingual Matters

Daling, R. (2017). D-Strat. Teaching Model: A Mother Tongue Approach in Teaching English Language. Surigao del Sur State University- San Miguel Campus International Journal of Education and Research. Vol. 5

De Jesus, Belen et.al.2004. *Guide Book on Thesis, Writing Philippine Association for Graduate Education.*

Dekker, D. (2010). *What is mother tongue-based multilingual education?*

Nolasco F, Datar & Azurin 1995 (Eds.) Starting where the children are Dutcher, N. The use of first and second language in education. A review of international experience. Pacific Island Discussion Paper Serie No. 1. Washington DC: World Bank

Dick, W., Carey, L., and Carey, J., 2001. The Systematic Design of Instruction New York: Longman, cited in Abbie Brown and Timothy D. Green, *The Essentials of Instructional Design*, Upper Saddle River, NJ: Pearson, Merrill, Prentice Hall.

Dutcher, N. (2003). Promise and perils of mother tongue education Center for AppliedLinguistics, Washington, DC. USA.manila: 170+ Talaytayan MLE, Inc.

Eisner, Elliot W., 1998. The Enlightened Eye (Upper Saddle River, NJ: Merrill).

Epstein, Jon. 1967. Standard Bikol, Peace Corps, Dept. of State, Washington

Fernandez, C.H. (2013). “Ang Panitikang Pilipino at Bikol: Proseso ng Pagtuturo at Pagkatuto”, Inilimbag na Disertasyon sa Filipino, University of Saint Anthony.

Forest W. Parkay, et.al. 2002. Becoming a Teacher, 2nd Edition, USA, Allyn and Bacon.

Gilbert, N. (2008). Researching Social Life. SAGE, London.

Hampel, R. (2008). Progressive versus traditional education. Retrieved from Batas <http://www.faqs.org/childhood/Pa-Re/Progressive-Education.html>

Republika Blg. 10533. "Batas sa Pinabuting Batayang Edukasyon ng 2013".

Hillway Tyrus, 1994 introduction to Research, Bostow, Mass Houghton Mifflin Co., Hornberger, N., & Vaish, V. (2009). Multilingual language policy and school linguistic practice: Globalization and English-language teaching in India, Singapore and South Africa. *Compare*, 39(3), 305-320.

Iyamu, E., & Ogiegbaen, S. E. A. (2007). Parents and teachers 'perceptions of mother-tongue medium of instruction policy in Nigerian primary schools. *Language, culture and curriculum*.

Kashora, Phoebe (2015). Evaluation of Curriculum Design and Delivery: A Case for Zimbabwe Staff College. Doctor of Education, University of South Africa

Khosa, Martha (2012). Mother tongue Education: A Case Study of Grade Three Children. Masters Degree in Education. University of Johannesburg. Retrieved from <https://ujdigispace.uj.ac.za/bitstream/handle/10210/8370/Khosa.pdf?sequence=1>

Kirkpatrick, D. L., 1994. Evaluating Training Programs: The Four Levels (San Francisco Berrett-Koehler), cited in Abbie Brown and Timothy D. Green, *The Essentials of Instructional Design* (Upper Saddle River, NJ: Pearson, Merrill, Prentice Hall, 2006

Kopweh, Peter Salum (2014). Curriculum development in Tanzania: An investigation of the formulation, management and implementation of the 2005 curriculum reform in selected disadvantaged districts. PhD thesis. <http://theses.gla.ac.uk/5774/>


Mackenzie, P. and Walker, J., (2013). Global Campaign for Education Policy Brief, Mother-tongue education: policy lessons for quality and inclusion. Global Campaign for Education. Retrieved on August, 2018 from www.campaignforeducation.org


- Mackenzie, P. (2008). "Multilingual education among minority language communities with reference to the development of MLE programme in India". *International Network for Development, UK*.
- Mata, L. (2014). Pedagogical Competencies for Mother-Tongue Teacher Education. University of Bacau. *Educational Sciences, Theory & Practice*.
- Mina, Belen N. (2010). Evaluation of a Creative Curriculum in Preschool Literacy. Readiness. Applied Dissertation, Nova Southeastern University, *Fischler School of Education and Human Services*.
- Moyo, T. (2009). Linguistic Diversity and Development: *The Language Question and Social Justice in Southern Africa*. University of Zulul and Kwazulu-Natal, South Africa.
- Nolasco, R. (2010). "Ang Hamon ng MTB-MLE Sa mga Edukado ng Pilipinas Focus Lecture." Annual Conference and General Assembly of the Linguistics Society of the Philippines, Manila.
- Ocampo, Dina S. PhD (2017). Mother Tongue Based – Multilingual Education (MTB-MLE) in the Philippines. Department of Education.
- Ornstein, Allan C., Hunkins, Francis P. (2009) *Curriculum: Foundations, Principles, and Issues*. Fifth Edition, Pearson Education, Inc.
- Pado, Felicitas E. Ph. D. (2013). The Mother Tongue Based – Multilingual Education (MTB-MLE) in the K to 12 Programs. Department of Education.
- Palmer, Parker J., 1998. *The Courage to Teach: Exploring the Inner Landscape of a Teacher's Life* (San Francisco: Jossey-Bass).
- Parlett, M. and Hamilton, D. 1976. "Evaluation as Illumination: A New Approach to the Study of Innovative Programs," in G. V. Glass, ed., *Evaluation Studies Review Annual* , Beverly Hills, CA: Sage.

- Rodgers, T. S. (2001): "Language Teaching Methodology", in CAL Digest,
- Scriven, Michael, (1988). "The Methodology of Evaluation," in J. R. Gress and D. E. Purpel, eds., *Curriculum: An Introduction to the Field, 2nd ed.* (Berkeley, CA: McCutchan,) and Blaine R. Worthen and Vicki Spandel, "Putting the Standardized Test Debate in Perspective," *Educational Leadership* February 1991.
- Semerian, Teresita P. (2007). Istrategies Para sa Pagtuturo ng Filipino. Talumpating. Binigkas sa Pambansang Samahan ng mga Tagamasid at Tagapagtaguyod ng Wikang Filipino.
- Selencio, A.M. (2014). "Job Stress, Burnout and Coping Strategies of Police Officers in the Bicol Region". *Unpublished Dissertation for Doctor of Public Management, University of Northeastern Philippines.*
- Sevilla, Consuelo G. et.al, 1992. *Research Method*, Manila: National Bookstore,
- Siegel, Sidney (1990). *Non-parametric Statistics Statistics in Psychology*, New York: Mac Graw Hill Company Inc.
- Skinner, Charles A. (2008). *Essentials of Educational Psychology*, New Jersey: Prentice Hall Inc. Eaglewood Caffe.
- Stack, Eamon (2005). *An Evaluation of Curriculum Implementation in Primary Schools (English, Mathematics and Visual Arts)*. Stationary Office, Dublin.
- Stake, Robert E. (1967). "The Countenance of Educational Evaluation," *Teachers Record*
- Stone, R. P. (2012). A professional development program for the mother tongue-based teacher: Addressing teacher knowledge and attitudes about MTB MLE. (Unpublished doctoral dissertation). University of Massachusetts, Amherst.
- Stufflebeam, Daniel L., (1971). *Educational Evaluation and Decision Making* Itasca, IL: Peacock.
- Taba, Hilda, (1962). *Curriculum Development: Theory and Practice*, New York: Harcourt
- Taufeulungaki, An. (2004). *Language and Culture in the Pacific Region: Issues, Practices. and Alternatives. Pacific Islands Forum Secretariat*

- Thorndike, Robert L. (1982). *Applied Psychometrics* (Boston: Houghton Mifflin).
- Trudell, B. (2007). Local community perspectives and language of education in Sub-Saharan African communities. *International Journal of Educational Development*.
- Tyler, Ralph, 1949. *Basic Principles of Curriculum and Instruction*, Chicago: University of Chicago Press.
- UNESCO (2007). Mother tongue-based literary programmes: Case studies of Good Practice in Asia. Bangkok: *UNESCO Asia and Pacific Regional Bureau for Education*.
- Valerio, M. T. (2015). Current Perspectives on Mother-Tongue Based Instruction in the Newly Implemented K to 12 Curriculums of the Philippines. *British Journal of Education*, European Centre for Research Training and Development UK, Vol. 3, No. 9., retrieved from www.eajournals.org.
- Walter, S. & Dekker, D. (2011). Mother tongue instruction in Lubuagan: A case Study in the Philippines. *International Review of Education*.
- Wa-Mbaleka, S. (2014). English teachers' perceptins of the mother tongue-based.educatin policy in the Philippines. *European Journal of Research and Reflection in Educational Sciences*, 2.
- Welman, C. F. Kruger, & B. Mitchell (2005). *Literacy Goes to School: The Parents' Role in Young Children's Literacy Learning*. London: Paul Chapman Publishing.
- Worthen, Blaine R. and Sanders, James R., 1987. *Educational Evaluation: Alternative.Approaches and Practical Guidelines*, 2nd ed. New York: Longman.
- Wright, S.C., & Taylor, D. M. (1995). Identity and the language of the classroom:. Investigating the impact of heritage versus the second language instruction on personal and collective self-esteem. *Journal of Psychology*.

Apendiks A
Lokasyon ng Rehiyon Bicol



Apendiks B**Mapa ng Rehiyong Bikol**

Apendiks C

TALATANUNGAN SA PAGTATAYA NG IMPLEMENTASYON NG MTB-MLE PARA SA MGA GURO NG UNANG WIKA MULA KINDER HANGGANG BAITANG III

Para sa mga Kalahok sa Pananaliksik

Minamahal na kalahok,

Pagbati sa inyo!

Kasalukuyang nagsasagawa ang mananaliksik na nakalagda sa ibaba ng isang pag-aaral na may pamagat “**PAGTATAYA NG IMPLEMENTASYON NG MTB-MLE PARA SA MGA GURO NG UNANG WIKA MULA KINDER HANGGANG BAITANG III**” Nakalaan ang talatanungang ginawa para sa mga guro mula Kinder hanggang Grade III at administrador ng mga paaralan. Nilalayon nitong mangalap ng datos para sa isinasagawang pananaliksik upang mapabuti ang implementasyon ng nabanggit na kurikulum.

Hindi tumitingin sa kasarian, katayuan o estado, pati na rin pangkat-etniko ang pagpili ng kalahok sa pag-aaral. Nakabatay ito sa talaang ibinigay ng Kagawaran ng Edukasyon sa Rehiyon 5 na inirekomenda ng kani-kanilang punongguro. Makatutulong sa ikatatagumpay ng pag-aaral ang inyong pakikiisa at matapat na pagsagot sa nakalakip na talatanungan at makasisiguro po kayo na magiging kompidensiyal ang anumang impormasyong inyong maiibabahagi at gagamitin lamang ito sa pananaliksik.

Taus-puso na pinasasalamatan ang inyong malaking suporta. Patnubayan po kayo ng Poong Maykapal.

Lubos na sumasainyo,

EDGAR ABAN
Mananaliksik

Impormasyong Personal:

Pangalan: _____

Natapos na Kurso: _____

Pinagtuturuang Paaralan: _____

Bilang ng Taon sa Pagtuturo: _____

Wikang sinasalita o Unang wika: _____

Direksyon: Ang talatanungan pong ito ay inihanda para sa mga guro ng Kinder hanggang Baitang III. Hinihingi po ang inyong matapat na kasagutan para sa ikauunlad ng ating pagtuturo ng MTB-MLE.

A. Pagtataya sa Implementasyon ng MTB-MLE

Panuto: Sagutin ang bawat pahayag sa pamamagitan ng paglalagay ng tsek (*/*) sa bawat kolum

A. KONTEKSTO NG IMPLEMENTASYON	Higit na sumasang-ayon	Sumasang-ayon	Hindi lubusang sumasang-ayon	Hindi Sumasang-ayon
1. May suporta ang administrasyon sa pagpapatupad ng MTB-MLE				
2. May kaalaman at kasanayan ang administrasyon sa pagpapatupad ng MTB-MLE				
3. May positibong pagtanggap ang administrasyon sa polisiya				
4. May ginagamit na gabay sa pagsubaybay at ebalwasyon sa mga guro ang administrasyon				
5. May kahandaan				

ang mga guro at mga magulang sa pagpapatupad ng bagong kurikulum.ng MTB-MLE				
6. May kalakasan ang programa ng MTB-MLE sa iba pang naunang kurikulum.				
7. Ang nilalaman ng programa ay nakabatay sa mga pangangailangan ng mga bata.				
8. Tumutugon ang mga guro sa mga polisiya at pagpapatupad na nararapat para sa programa.				
9. May mga handang batayan upang masukat ang kalinangan ng mga mag-aaral sa pagtugon sa programa.				
10. May mga bahagi sa programa ng MTB-MLE na lumilinang sa kasangkutan ng komunidad o mga magulang sa paggamit ng unang wika.				
Iba pang sagot (Pakisulat):				
B. INPUT NG IMPLEMENTASYON NG MTB	Higit na sumasang-ayon	Sumasang-ayon	Hindi lubusang sumasang-	Hindi Sumasang-ayon

			ayon	
1. Tiyak at malinaw ang mga layunin ng MTB sa pangangailangan sa pagkatuto ng mga mag-aaral				
2. Nakaaangkop ang mga layunin ng kurikulum sa pandaigdigang pamantayan				
3. Mayroong mga batayang aklat sa pagtuturo ng kani-kanilang Unang Wika				
4. May mga “supplementary materials” na ginagamit sa pagtuturo				
5. Gumagamit ng iba’t ibang kagamitang panturo ang guro				
6. Angkop ang mga inihandang kagamitang panturo sa antas ng mga mag-aaral				
7. Naaayon ang mga kagamitang panturo sa nakatakda sa kurikulum				
8. Sapat ang bilang ng mga guro na nagtuturo ng Unang Wika				
9. May sapat na kaalaman at kasanayan ang				

mga guro sa pagtuturo ng kani-kanilang Unang Wika				
10. Angkop ang natapos na ispesyalisasyon ng guro sa kanyang itinuturong asignatura				
11. Naihanda ang mga guro sa pagpapatupad sa pamamagitan ng pagsasanay, seminar at iba pa				
Iba pang sagot (Pakisulat):				
C. PROSESO NG IMPLEMENTASYON NG MTB	Higit na sumasang-ayon	Sumasang-ayon	Hindi lubusang sumasang-ayon	Hindi Sumasang-ayon
1. Naaayon sa programa ng DepEd ang pagpapatupad MTB-MLE				
2. Nakikilahok ang mga mag-aaral sa pagpapatupad ng MTB-MLE				
3. Maayos ang pagpapatupad ng programa ng MTB-MLE				
4. Nagagamit mga guro ang mga kaalaman at kasanayan na nakuha sa pagsasanay ng MTB-MLE				

5. Nagagamit ng mga guro at mag-aaral ang mga inihandang aklat para sa pag-aaral ng unang wika.				
6. May oryentasyon ang Kagawaran ng Edukasyon sa pagpapatupad ng programa.				
7. Naipatatupad ng mga administrador ang mga layunin sa implementasyon ng MTB-MLE.				
8. Nagagamit ng mga guro at mag-aaral ang mga inihandang aklat para sa pag-aaral ng unang wika.				
9. Tumaas ang antas ng kasanayan at kaalaman ng mga mag-aaral gamit ang unang wika.				
10. Mas naging madali para sa mga guro ang pagtuturo gamit ang iba-ibang metodolohiya sa paggamit ng unang wika sa pagtuturo.				
Iba pang sagot (Pakisulat):				
D. PRODUKTO NG IMPLEMENTASYON NG MTB	Higit na sumasang-ayon	Sumasang-ayon	Hindi lubusang sumasang-ayon	Hindi Sumasang-ayon
1. Nakatutulong ang mga kaalaman at kasanayang matatamo sa pamamagitan ng				

MTB-MLE				
2. Nakatutulong ang MTB-MLE sa pagsusulong ng epektibong pagtuturo at epektibong pagkatuto				
3. Naipahahayag ng mga guro ang mga terminolohiya sa wastong gamit nito.				
4. Nakapagsasalita nang mahusay at wasto ang mga bata gamit ang kanilang unang wika.				
5. Nauunawaan ng maayos ng mga bata ang pagbibilang, mga numero, at mga operasyon nito gamit ang unang wika.				
6. Nakikisalamuha ang mga bata sa mga usapan at talakayan sa loob ng klase gamit ang natutuhan na kaalaman sa MTB-MLE.				
7. Nakabubuo ng mga dayalogo ang mga bata mula sa mga kaalaman at kasanayan ng kurikulum ng MTB-MLE.				

8. Nakagagawa ng mga maiikling tala, kwento at iba pang output na pasulat ang mga bata.				
9. Nakababasa nang maayos at may pag-unawa ang mga bata gamit ang kanilang unang wika.				
10. Nagagamit ng mga bata ng tama at maayos ang unang wika sa pakikipagtalastasan sa kanilang komunidad batay sa kanilang pagkatuto sa kurikulum ng MTB-MLE.				
Iba pang sagot (Pakisulat):				

Maraming salamat po!

Apendiks D

Gabay na Tanong sa Panayam

Resulta ng Panayam

1. Ano ang masasabi ninyo sa bagong kurikulum ng DepEd sa paggamit ng Mother Tongue o unang wika ng mga bata mula Grade1 hanggang Grade3?

Para sa mga Administrador

Ayon sa isang Tagapamanihala ng mga Paaralan sa rehiyon,

“Isang matagumpay na pag-aaral ang patuloy na pagsasakatuparan ng mga guro sa buong Rehiyon na maituro nang maayos at wasto sa pangangailangan ng mga bata ang MTB-MLE sa bawat probinsya. Nakalulungkot nga lang na may ilang mga magulang na hindi na ito ginagamit sa loob ng kanilang tahanan at sa araw-araw na pakikipag-usap. Pero hindi po sumusuko ang ating mga guro na patuloy na bigyan ng sapat at wastong pagkatuto ang mga bata”.

“Para sa aming mga administrador, ito ay isang malaking hamon para sa panibagong pagpapatupad ng bagong kurikulum na ito ng ating Kagawaran. Isang pagtalima para sa amin ang ipatupad ang programang ito. Sa kabila ng mga iba’t ibang maaaring maging suliranin sa pagpapatupad nito ay sisikapin ng pamunuan na maipatupad ito nang maayos.”

Sabi pa ng isa pang administrador,

“Ang programang ito ay napakaganda para sa ating mga nasa probinsya sapagkat hindi lang ito malaking tulong sa pagpapaunlad ng sistema ng ating edukasyon bagkus kasabay nito ang pag-unlad at muling pagkilala sa ating kulturang nakagisnan”.

Ayon sa isang superbisor sa MTB-MLE sa Rehiyon

“Naniniwala ako na nagiging maayos ang pagpapatupad ng programang MTB-MLE sa aming probinsya sapagkat inihanda na ang mga bata sa panimula ng programa. Ganun din ay may mga aklat na bagong dating ngayong taon na

gagamitin sa sunod na pasukan sa aming dibisyon na magagamit lalo na ng mga nasa kindergarten”.

Dagdag pa ng isa pang superbisor ng probinsya,

”Kahit na ito ay dagdag pasanin na trabaho para sa amin ay aming gagawin na maipalaganap at maging maayos ang pagsasakatuparan ng programang ito para sa kapakanan ng mga bata sa grado 1 hanggang 3.”

Batay naman sa isang punongguro sa lalawigan,

”Kailangan na ipatupad at mamonitor namin nang maayos ang pagpapatupad ng MTB-MLE sa paaralan upang makita ang maaaring maging suliranin at kakulangan ng programang ito. Sa ngayon ay nakita ko ang kakulangan ng mga kagamitan sa pagtuturo ng mga guro na galing sa Kagawaran ng Edukasyon. Kulang pa rin ang mga aklat at mga ilang mga gagamiting babasahin para sa mga pagsasanay sa mga bata.”

Sabi naman ng isa pang punongguro,

“Napapansin ko na sa paglipas ng mga taon ay napakaganda ng kurikulum na ito, sapagkat magandang pakinggan na ginagamit ng mga guro at mga bata ang wikang Bikol sa loob at labas ng silid-aralan na nagreresulta ng pag-angat ng kalidad ng wikang Bikol at isang kayaman ng aming rehiyon.”

Batay naman sa isang panayam na isinagawa ng mananaliksik sa isang punongguro sa lalawigan ng Camarines Norte sinabi niya na isang malaking dagok hindi lang sa lalawigan maging sa buong rehiyon ng Bikol ang pagkawala ng paggamit ng wikang Bikol sa Camarines Norte. Mula noong ipalabas ang kautusan na nag-uutos na ipagamit ang unang wika sa bawat rehiyon ay halos isang taon lamang na ginamit ng mga taga Camarines Norte ang wikang Bikol sa pagtuturo sapagkat karamihan sa mga guro at maging mga bata ay hindi na nagsasalita ng wikang Bikol kundi wikang Tagalog na. Sinabi ng punongguro na,

“Halos mag-iisang taon lamang ginamit ang wikang Bikol sa Camarines Norte sapagkat hindi maintindihan ng mga guro at maging ng mga bata ang salitang ito. Kaya paglipas ng isang taon ay ginamit ang wikang Tagalog sa pagtuturo ng Mother Tongue sa buong lalawigan ng Camarines Norte”. Nakakahiya anya sa mga karatig lalawigan na kaming mga taga- Camarines Norte ay sakop ng Bikol ngunit kapansin- pansin ang pagkawala ng mga taong

nagsasalita ng wikang Bikol. Kung kaya unti- unti nang napapalitan ang kinagisnang wika mula sa Bikol patungong Tagalog”.

“Ito ay isang hamon sa mga guro at mga magulang na muli nating ibalik ang pagtuturo ng wikang Bikol upang muling nating pagyamanin at makatulong tayo sa pag-angat ng kultura ng ating Rehiyon.” Ngunit ito’y hindi lang hamon para sa mga guro maging isang pagkumbinsi para sa mga magulang at buong komunidad ng bawat lugar na patuloy na gamitin ang unang wika na siya nating unang naging sandata sa pakikipag-usap sa loob ng tahanan, gamit sa pakikipaglaro sa labas ng bahay, gamit sa pakikipagkuwentuhan sa tindahan at maging sa pakikipagtransaksyon sa pamahalaan. Tulungan natin ang ating mga kaguruan na maging mayaman sa pagtuturo at makabuluhang pagkatuto sa paggamit ng unang wika”.

Para sa mga Guro

Ayon sa panayam sa mga guro, ang malaking problema sa bagong kurikulum na ito ay ang paggawa ng mga babasahin at ilang mga kagamitan sa pagtuturo ng mother tongue para sa mas ikagaganda ng kanilang pagtuturo. Ayon sa kanila, kulang ang ilang mga batayang aklat na ipinamahagi ng Kagawaran para magamit ng mga bata sa pag-aaral ng Mother tongue. Sinisikap ng mga guro na bumuo ng mga babasahin na angkop sa kanilang lugar at mas maiintindihan ng mga bata sa patuloy na pag-aaral. Ganundin ang paghahanda nila ng mga tanong na gagamitin sa pagsusulit ay minsan ring nakasasagabal sa kanila. Ginagawan nila ito ng maayos at wastong pagsasalin sa wikang Bikol upang masagutan nang wasto ng mga mag-aaral lalo’t higit sa ilang asignatura tulad ng sa Matematika na may kakaibang katumbas na bilang sa wikang Bikol.

Sa panayam sa isa pang guro, malaking problema sa kanila ang ginagamit nilang Curriculum Guide sapagkat nakasulat ito sa wikang Ingles samantalang ang ihahanda nilang gabay sa pagkatuto ay sa wikang Bikol na para sa kanila, ginagawan na lamang nila ito ng paraan dahil iyon ang ibinigay ng DepEd Central Office.

”Pig gigibuhan mi na sana ning paagi na mailipat sa wikang bikol ta iyo man lang ang pig tao kan DepEd Central Office. Sabi niya, Ginagawan na lamang po namin ng paraan sa paglipat sa wikang Bikol sapagkat yan ang bigay ng DepEd Central.”

Batay sa iba pang guro, pagdating sa nilalaman ng kurikulum ng MTB-MLE ay isang hamon para sa kanila ang mga terminolohiya mula sa Ingles patungo sa wikang Bikol na nagdadagdag pa ito ng oras sa kanilang trabaho. May ilan ding mga guro na hindi taal na taga Bikol na siya namang nakatalaga sa grade 1 hanggang grade 3 kung kaya nagsusumikap siya na mag-aral muna ng wikang Bikol sa kanyang pagtuturo.

"Hindi po ako taga rito sa Legaspi City d ako ay taga Marikina dahil sa naasawa ko po ay taga rito kaya lumipat kami ng tirahan at ng trabaho dito sa Bikol."

Ayon naman sa iba pang guro, sa tagal ng kanilang pagtuturo ng MTB-MLE sa kanilang paaralan ay hindi nila nakitaan ng monitoring guide o gabay sa pagmomonitor ang mga superbisor na pumupunta sa kanilang paaralan. Pumapasok umano ang mga ito at tinitingnan lang naman ang reaksiyon ng kanilang pagtuturo at kung paano nagbibigay ng reaksiyon o sago tang mga bata.

Para sa mga Magulang

May ilang mga magulang ang nagbigay ng kanilang obserbasyon sa paggamit ng wikang Bikol sa mga paaralan sa Rehiyon. Sabi nila,

"Dai na dapat pigtutukdo ini sa eskwelahan ta iyo na ang pig gagamit sa harong sa arualdaw. Mau na sinda kayan manunud an sa eskwelahan ta iyo na sana ang gagamiton mula sa grade 1 sagkod grade 3."

Ibig sabihin nito na hindi na dapat itinuturo ang wikang Bikol sa paaralan dahil ito na ang ginagamit sa bahay sa araw-araw. Wala na sila nyan matutuhan sa paaralan at gamit na mula pa grade 1 hanggang grade 3. Sa bagay na ito ay may ilang mga magulang na nababahala sa paggamit ng wikang Bikol sa K-3 dahil may nakikita silang mga aspeto na maaaring magdala ito sa kanilang mga anak ng problema pagdating ng grade 4. Ilan dito ay nagsasabi na baka malito ang kanilang anak pagtungtong ng grade 4 sapagkat wikang Filipino at Ingles na ang gagamitin ng mga bata.

"Baad magkanda riribonng na an samuyang mga aki kayan pag-abot sa grade 4 ta haloy na nagparagamit ning wikang bikol".

Ibig sabihin nito" Baka malito na ang aming anak pagdating sa grade 4 at matagal nang naggamit ang wikang Bikol". May ilan namang nagsasabi na ayaw

nila ang paggamit ng wikang Bikol bilang gamit ng guro sa pagtuturo sapagkat kailanman ay hindi ito makakatulong sa mga bata pagdating sa kolehiyo at sa paghahanap ng trabaho.

Sabi pa ng ibang magulang

,"Hindi kami nagkaroon ng mahabang pagpupulong sa paaralan para tanungin ng personal sa bagong kurikulum na ito. Basta binigyan kami ng papel na sasagutan na tungkol sa pagsisimula ng MTB-MLE sa grade 1 hanggang grade 3. Wala man sila sinabi, ang mga guro tungkol sa kabuoang programa ng kurikulum na ito."

Dagdag pa ng isang magulang, nagbago sila ng kurikulum sa grade 1 hanggang grade 3 pero kulang kulang naman mga kagamitan na binibigay sa mga bata. Yung aklat ng anak ko minsan hinihiram ng iba nyang kaklase. Kaya minsan kapag gagawa ng takda kailangan pa na magpaxerox nito para may magamit sa bahay.

Sabi naman ng ibang magulang,

"Minsan nalilito rin ang mga guro sa pagsasalita ng wikang Bikol lalo na yung baguhan na guro na inilagay sa grade 1. Mukhang hindi pa siya sanay sa pagsasalita at sa mga pinagagawa sa mga anak namin."

Subalit sabi naman ng ibang magulang, maganda sana ang bagong kurikulum dahil muling namumutawi sa mga bata ang wikang Bikol sa paaralan kaya nga lang pagdadating sa bahay nahihirapan na silang magsalita ng Bikol dahil gamit nila sa loob ng bahay ay wikang Tagalog na.

2. Natututo ba ang mga bata sa paggamit ng kanilang unang wika sa ganitong paraan ng pagtuturo ng mga gur0?

Para sa mga Administrador

Malaking tulong ang paggamit ng wikang Bikol sa pagtuturo ng mga guro dahil sa ganitong paraan ay mas nakapagpapahayag ng ayon sa kanilang pag-unawa at nakapagsasalita ang mga bata ayon sa kanilang nais sabihin dahil hindi sila nahihiya na gawin ito. May kakayahan ang mga bata na sumagot sa kanilang mga guro sapagkat hindi sila nahihiya na magsalita sa loob ng klase at hindi natatakot na magkamali. Ani ng isang superbisor sa Rehiyon.

Ayon sa isa pang superbisor ng Rehiyon, malaking tulong sa mga bata ang paggamit ng kanilang unang wika lalo na dito sa Bikol dahil may mga nasimulan nang pagsasanay para sa mga guro ng grado1 hanggang grado 3 na maaari nang magamit sa mahusay na pagtuturo ng mga guro. At patuloy tayong magsasagawa ng mga pagsasanay para sa mga guro dahil alam naming na kulang pa rin ang mga pagsasanay na naisagawa para sa tuluyang pagkatuto at maging maayos at epektibo ang kanilang pagtuturo.

Dagdag pa ng isang superbisor, sa susunod na mga taon ay dadami na ang mga kagamitang ipamamahagi ng Kagawaran sa bawat paaralan para may magamit na ang mga guro sa pagtuturo at sinisiguro nila na matututo nang mas maayos at may magandang kalalabasan ang mga pagsusumikap ng mga guro at mga bata. Nagsasagawa na sila ng taunang pagpapasumite ng ilang mga babasahin at manwal para sa mga bata at guro at ilang kasanayan sa MTB-MLE at ipinasusuri ito sa mga eksperto sa istruktura at nilalaman upang mas magamit sa bawat probinsya ng rehiyon. Ito ay pupunduhan ng Kagawaran kapag ito ay pumasa na sa pagsusuri.

Para sa mga Guro

Batay sa mga pahayag ng ilang mga guro, malaki ang naitutulong ng paggamit ng unang wika ng mga bata sa paaralan dahil mas nakapagsasalita ang mga ito ayon sa gusto nilang sabihin sa mga kaklase at sa aming mga guro. Hindi rin sila nahihirapan na magtanong kung hindi nila nauunawaan ang leksyon sa loob ng klase dahil nakapagsasalita sila ng mga bagay bagay na sa palagay nila ay may kaugnayan sa aming pag-aaral.

Ayon pa sa isang guro,

“kahit na kami ay nahihirapan sa pagtuturo ng wikang Bikol ay pinagsusumikapan naming maibigay nang buo at maayos ang mga leksyon sa bawat grading period. Ginagawan namin ng paraan ang mga bagay na magulo sa pag-unawa namin upang maging maayos sa paghahatid namin ng kaalaman sa mga bata. Sinisikap din namin na tanungin kung nasisiyahan ba ang mga bata na gamitin nila ang wikang Bikol sa pagsasalita at pagsusulat sa loob ng klase upang magkaroon kami ng pagtataya sa aming ginagawang pagtuturo.”

Dagdag pa ng isang guro, na kahit na kulang at kulang pa rin ang mga kagamitan nila sa pagtuturo ng MTB-MLE ay ginagawan nila ito ng paraan na matuto ang mga bata. Minsan nga daw ay sila mismo ang nagpapaxerox ng mga

babasahin upang sa ganun ay may magamit ang mga bata sa pagbabasa ng leksyon. Kaya masasabi nila na alam nila na natututo ang kanilang mga mag-aaral.

Ayon din sa isa pang guro,

“ang natutuhan namin sa mga pagsasanay na dinaluhan na may kaugnayan sa makabagong pagtuturo ay aming ibinabahagi sa mga bata. Ngunit sana naman po ay magkaroon pa kami ng mga pagsasanay lalo na sa MTB-MLE na magagamit namin sa aming pagtuturo. Dahil minsan ang laging ipinapadala sa mga pagsasanay ay yun lang mga Master Teacher o mga kilala lang dito sa aming probinsya. Sana magkaroon kami ng pangkalahatang pagsasanay upang maging pare-pareho ang aming itinuturo.”

Para sa mga Magulang

Ayon sa panayam sa mga magulang may mga pagkakataon na hindi lubusang naiintindihan ng kanilang mga anak ang itinuturo ng mga guro sapagkat may ilang mga guro na sa halip na maitama ang paggamit ng Bikol ay mali ang katumbas na pagtuturo nito.

“Dai daa nakukua kan si aki ko an sabot sabihon kan si saiyang maestra ta taga Daet man daa ito naglipat sana igdi kan ralaugan pa sana. Ta baad nag-aadal pa sana an maestra kan bikol”

Ibig sabihin ng magulang na, hindi naiintindihan ng kanyang anak ang ibig sabihin ng guro dahil ito ay taga Daet. Bagong lipat ang guro sa lugar kung kaya ito ay nagsisimula pa lamang na mag-aral ng wikang Bikol. Ang Daet ay sakop ng Camarines Norte na isa sa probinsya ng Rehiyon 5 at karamihan sa mga tao ay nagsasalita ng wikang Filipino o Tagalog at Tagalog ang gamit na Mother tongue sa Camarines Norte sapagkat ito ay malapit na sa lugar ng Quezon. Dominante ang paggamit ng Tagalog bilang mother tongue ng mga taga Camarines Norte.

3. Sa palagay ninyo, may malaki bang naitutulong ang paggamit ng Mother Tongue o unang wika sa pag-aaral ng inyong anak? Bigyan ng paliwanag.

Halos kalahati ng mga magulang ay may positibong atityud tungkol sa paggamit ng unang wika sa pag-aaral ng kanilang anak sa K-3. Ani nila

"Maray man na padagos ang pag-adal ning mga kaakian kan satuyang tataramon ta nganing dai ini mawara sa paghaloy kan panahon".

Nangangahulugan ito na mabuti naman na patuloy na ginagamit ng mga bata ang wikang Bikol upang ito ay hindi mawala sa pagdating pa ng panahon.

Para sa kanila ay magandang gamitin ang Bikol dahil mananatiling matibay at kailanman ay hindi malilimutan ang sariling wika hanggang sa kanilang pagtanda at maging sa pagtungtong nila sa high school at sa kolehiyo. Sabi pa nila ay nagiging matatag ang pundasyon ng mga bata sa larangan ng wika. Naniniwala din ang ilan na ito ay may malaking ambag sa patuloy na pag-unlad ng kanilang kultura.

4. May nararanasan bang mga problema ang inyong mga anak o maging kayong mga magulang sa paggamit ng Mother Tongue sa paaralan. Pakilahad po ng sagot.

Para sa mga Guro

Isang malaking hamon sa mga guro ay ang ilang mga mag-aaral na hindi gaanong nauunawaan ang wikang Bikol sapagkat ang ilan sa mga ito ay sinasanay ng kanilang mga magulang na gumamit ng wikang Tagalog o maging Filipino sa loob ng tahanan. Ang ilan pa nga ay nagsasalita ng wikang Ingles sa kanilang tahanan kung kaya ito ang nagbibigay sa kanila ng mas malaking hamon na maturuan nang tama at makasabay sa pag-aaral ng karamihan.

"May papira pira na mga aki na dai tatao kan pagtaram kan bikol kaya pighihigusan mi na matukduan sinda kan pagtaram, ngarig sa pagtapos kan taon ay ugwa man manud an."

Ibig sabihin nito, mayroong pa-ilan-ilang mga bata na hindi marunong magsalita ng Bikol kaya sinisikap namin na maturuan sila sa pagsasalita upang sa ganun ay matuto sila sa pagtatapos ng taon.

Ang pagsisikap na ginagawa ng mga guro na matuto ang mga bata ng unang wika ay isang kadakilaan para sa kanila. Ngunit malaking aspeto pa rin anyan na maipagpatuloy ito ng mga magulang at ng komunidad na patuloy na gamitin ang unang wika sa lahat ng pagkakataon upang hindi ito tuluyang mawala sa pandinig at pagkilala ng mga kabataan.

Para sa mga Magulang

Sa patuloy na pagpapatupad ng programang ito ay nananatiling kulang pa rin ang tiwala ng mga magulang sa bagong kurikulum ng Kagawaran. Nagkakaroon sila ng agam-agam na hindi na kailangan pang pag-aralan ang MTB-MLE sa grade 1 hanggang 3 dahil wikang Filipino na at minsan pa nga ay wikang Ingles ang ginagamit ng mga mag-aaral sa pamayanan. Sabi ng mga magulang,

“Karamihan sa mga magulang tulad namin ay wikang Filipino na ang ginagamit namin sa loob ng bahay at iyon na ang gamit namin sa pagkukwentuhan kapag sila ay walang pasok.”

Sabi pa ng ibang magulang,

“Minsan ay nahihirapan na ang aming anak sa pagsusulat gamit ang wikang Bikol, minsan naman sa pagbibilang ng mga numero ay nahihirapan din sila, maging sa pagbabasa nito.”

5. Ano ang iyong rekomendasyon para sa pagsasaayos ng programa ng MTB-MLE?

Para sa mga Administrador

Para sa mga administrador ng mga paaralan, ang programang ito ay nasimulan na kaya hinihikayat nila ang lahat lalo na ang mga magulang na makipagtulungan sa Kagawaran sa anumang mga nais nilang malaman at anumang nararanasang mga problema sa pag-iimplementa ng kurikulum na ito. Ganun din, sinisikap nila na maging maayos at maging matagumpay ang programang ito ng pamahalaan para sa ikauunlad ng larangan ng edukasyon. Dagdag pa ng isang superbisor,

“Kami po ay laging handa sa anumang pagbabago at pagsunod sa itinatakda ng batas na may kaugnayan sa akademya lalo’t para sa kapakanan ng ating mga mag-aaral. Sinisikap po ng Kagawaran na matugunan ang lahat ng pangangailangan ng mga guro at mag-aaral subalit dahil po sa may proseso ang lahat ay nakikiusap po kami na matuto tayong maghintay at tulungan po natin ang ating mga guro na maihatid ng lubos ang mga kaalaman at kasanayan na kailangan ng bawat isang mag-aaral”.

Para sa mga guro

Isa sa kahilingan nila sa Kagawaran na magkaroon pa ng mga pag-aaral at pagsasanay sa mga guro at nagtuturo ng MTB-MLE para maging maayos at maging makabuluhan ang kanilang ginagawa. Sinisikap din nila na maibigay ang lahat ng kanilang makakaya para sa kapakanan ng mga bata subalit ang lahat ng ito ay hindi minsan nangyayari kapag sila ay salat sa materyales sa pagtuturo. Sabi ng maraming guro,

“Masaya po kami na nagtuturo ng wikang Bikol at nagagampanan namin ang aming sinumpaang paglilingkod subalit dahil po sa kakulangan ng ating mga materyales sa pagtuturo ay nagiging hadlang ito sa patuloy na pagkatuto ng mga bata. Ganun din po na sana ay magkaroon ng isahang pagsasanay para sa aming mga guro na nagtuturo ng MTB-MLE upang sa ganun ay madagdagan pa ang aming kaalaman at kasanayan para maisalin namin ito sa mga bata”.

Para sa mga Magulang

Batay sa nararanasang mga problema ng mga magulang sa pag-aaral ng kanilang anak ay isa itong hamon para sa kanila na magkaroon ng pakikisangkot sa paaralan sa mga gawaing may kinalaman sa pag-aaral ng kanilang anak. Hindi natin pwedeng iasa sa mga guro ang lubusang pagkatuto ng mga bata. Kailangan din ng pagkakaroon ng paggabay sa mga mag-aaral sapagkat hindi sa lahat ng oras ay nasa paaralan ito. Mahalagang magkaroon tayo ng kamalayan sa mga programang ipinapatupad ng paaralan. Dagdag pa ng mga magulang,

“Sa panahon po na ipinapatupad ang programang ito, ang MTB-MLE, isang mahalagang bagay po ang aming natutuhan na kami ay bahagi ng pag-unlad at pagkatuto ng aming anak. Bilang magulang tayo rin ay may responsabilidad sa pag-aaral ng ating mga anak. Sana po ay makilahok tayo sa mga gawain sa paaralan upang magabayan din natin sila”.

Apendiks E

Mungkahing Disenyo ng Ebalwasyon ng Implementasyon ng MTB-MLE

A. Panimula

Ang mungkahing disenyo mahalagang sa pagpapatupad ng Mother Tongue Based-Multilingual Education sa Rehiyon 5 ay magsisilbi itong gabay sa mga administrador at guro ng paaralan at iba pang kasangkot sa pagpapalaganap ng Kautusang Tagapagpaganap bilang 74, serye 2009 na tumatalakay sa implementasyon ng MTB -MLE sa bawat lokalidad.

B. Layunin

Nilalayan na makapag- ambag ng isang disenyo ng ebalwasyon ng implementasyon ng MTB-MLE na magiging gabay ng mga administrador at guro ng paaralan at maging ng mga tao sa komunidad. Makita ang kabisaan ng mungkahing disenyo ng ebalwasyon sa pagsasagawa ng pagtataya ng mga kinauukulan para sa patuloy na pagbabago at pag-unlad sa paggamit ng unang wika saanmang panig ng bansa.

C. Mga Hakbang sa Ebalwasyon

Ang pinakamabisang paraan ay magkaroon ng pag-unawa sa ipinapatupad na programa at makapamilya ng disenyo ng ebalwasyon ng implementasyon na gagamitin. Sa pag-aaral na ito ay pinili ng mananaliksik ang disenyong ginawa ni Stufflebeam (1971) na may apat na elemento: 1) input/nilalaman; 2) konteksto; 3) proseso; at 4) produkto. Ang modelong ito ay

isang komprehensibong modelo ng ebalwasyon na may mahalagang ambag sa dulong na pamamahala ng desisyon.

Bawat isang elemento ay sumasalamín sa mga hakbangin na dapat isalang-alang sa pag-eebalweyt upang makapagbigay ng maayos at malinaw na sanggunian sa pamamahala ng desisyon. Sa input o nilalaman ay nagbibigay ito ng mga impormasyon kaugnay sa ginamit na pinagkunan at nakatuon sa pasilidad. Isinasaalang dito ang mga mungkahing estratehiya sa pagtatamo ng mga mithiin ng programa at knikilala dito ang mga paraan kung paano iimplementa ang mga napiling estratehiya. Ang mga pangunahing tanong na sinasagot dito ay 1) Tugma ba ang nilalaman sa mithiin at layunin ng programa?, 2) Angkop ba ang estratehiyang instruksiyunal?, 3) May iba pa bang estratehiyang magagamit upang matamo ang mga layunin, at 4) Ano ang basehan para masabing matatamo ang mga layunin gamit ang mga estratehiyang ito?

Sa elementong kontekstong ebalwasyon naman ay tumutukoy sa kapaligiran ng programa. Layunin nitong mailarawan ang isang makabuluhang kapaligiran, maipakita ang ninais at aktwal na kalagayan kaugnay sa kapaligiran, matutukan ang mga nakaligtaang pangangailangan at pagkakataon at masuri ang mga dahilan ng hindi pagtugon sa mga pangangailangang ito.

Sa elementong prosesong ebalwasyon naman ay nakatuon sa implementasyon ng mga desisyon na kumontrol at namamahala ng programa. Ginagamit ito upang malamang ang ugnayang ng plinano at ng aktwal na

gawain. Ilan sa estratehiya nito ang malaman ang mga depekto sa tuntunin ng disenyo o sa bahagi ng implementasyon. Gayon din ay nakapagbibigay ito ng impormasyon para sa mabuting pagdedesisyon at pati na rin ang pagpanatili ng mga hakbang habang isinasagawa ito. Ang prosesong ebalwasyon ay nagaganap sa tuwing implementasyon at ito ang unang proseso na isasagawa upang “i-debug” o alamin ang mga suliranin at hamon sa mga programa bago ang malawakang implementasyon. Itinutulot nito sa mga ebalweytor na mahulaan at malampasan ang mga problema.

Sa panghuling elemento ng disenyong ito ay ang produktong ebalwasyon at dito ay mayroon itong mga ebalweytor na kumakalap ng mga datos upang malaman kung ang produkto ng pinal na kurikulum ay nagtataglay ng kanilang plinano o inaasahan. Sumasagot rin ito sa tanong kung gaano kalawak ang natamo ng layunin.

Gabay na Tanong sa Pag-eebalweyt ng Implementasyon ng MTB - MLE

Sa panahon na matugunan na ang layunin at nasuri na ang pokus ng ebalwasyon, kailangang matukoy ang mga tiyak na tanong sa pag-eebalweyt. Ang mga sumusunod ay maaaring gabay na tanong sa pag-eebalweyt ng implementasyon ng MTB-MLE.

1. Malinaw ba na natukoy ang mga kritikal na isyu sa pagpapatupad ng polisiya?
2. Naipatupad ba ang polisiya batay sa mga pangangailangan nito?

3. Anong input at mga kagamitan ang kailangan sa pagpapatupad ng polisiya?
4. Anong mga aktibidades ang naisakatuparan habang ipinapatupad ang programa?
5. Ang mga resulta ba ng isinagawang aktibidades ay tumutugon sa inaasahang bunga ng programa?
6. Ang polisiya bang ipinapatupad ay tumutugon sa pangangailangan ng komunidad o kapaligiran?
7. Ano ang naging mga hadlang sa pagpapatupad ng polisiya?

D. Pagtukoy sa mga Suliranin sa Implementasyon

Sa pagpapatupad ng isang programa ay lagi itong may kaakibat na suliranin na kailangang bigyan ng solusyon. Sa patuloy na pag-iimplementa ng programa ng MTB-MLE sa buong bansa ay natukoy ang ilang suliranin. Isang hamon para sa mga administrador at guro ng paaralan at maging ng mga tao sa komunidad kung paano bibigyan ng epektibong solusyon ang mga suliraning ito.

1. Ang kawalan ng kaalaman at kasanayan ng mga administrador ng paaralan sa pagpapatupad ng MTB-MLE.
2. Kawalan ng mga kagamitan ng administrador sa pag-eebalweyt sa mga gurong nagtuturo ng unang wika.
3. Kakulangan ng mga batayang aklat sa pagtuturo ng MTB-MLE.

4. Hindi angkop ang mga ginagamit na kagamitang panturo na nakatakda sa kurikulum.
5. Kulang sa pagsasanay ang mga guro na nagtuturo ng unang wika.
6. Walang maayos na oryentasyon ang mga magulang at ilang tao sa komunidad para sa pagpapatupad ng MTB-MLE sa bawat lugar.
7. Kulang na paghikayat sa mga magulang na gamitin sa tahanan ang MTB upang maging bihasa ang kanilang mga anak.

C. Mga Mungkahing Disenyo sa Pagpapabuti ng Implementasyon

Ilan sa mga mungkahing gabay upang mas mabisang makapagsagawa ng ebalwasyon sa implementasyon ng MTB-MLE ay ang mga sumusunod:

1. Magkaroon ng mas malawak na pag-unawa sa ipinapatupad na programa batay sa input o nilalaman, konteksto, proseso, at produkto batay sa pag-aaral ni Stufflebeam.
2. Alamin at maglahad ng mga maaaring maging suliranin sa pagpapatupad ng programa.
3. Pagsasadokumento ng mga kalagayan at nagaganap sa pagpapatupad ng programa.
4. Pagkolekta ng mga impormasyon na magbibigay suporta sa ipinapatupad na programa.

5. Pagpatuloy ng pagdebelop sa proseso ng maayos na mga hakbangin sa pagpapatupad ng programa batay sa mga nakolektang impormasyon at solusyon sa mga suliranin at hamong nailahad.

Gayundin, makatutulong ang nabuong talatanungan sa pagtataya ng implementasyon ng MTB-MLE para sa mga guro ng unang wika mula Kinder hanggang baiting III.

Apendiks F**Liham sa Direktor ng Kagawaran ng Edukasyon**

Marso 4, 2019

DR. GILBERT T. SADSAD

Direktor
Rehiyon V Bikol
Kagawaran ng Edukasyon

Sir:

Maligayang araw po sa inyo!

Ang inyong lingkod ay kasalukuyang kumukuha ng Ph.D sa Filipino sa Philippine Normal University, Manila. Ako ay kasalukuyang gumagawa ng disertasyon para sa pagtamo ng titulong Doktor ng Pilosopiya sa Filipino. Layunin ng pananaliksik na magsagawa ng ebalwasyon sa implementasyon ng kurikulum sa MTB-MLE sa Rehiyon 5.

Kaugnay po nito, magsasagawa po ako ng sarbey sa mga piling distrito sa probinsya ng Albay. Tinitiyak ko pong pakaingatan at maibahagi ang magiging resulta ng pag-aaral sa Kagawaran ng Edukasyon.

Inaasahan ko po ang inyong positibong tugon sa kahilingang ito.

Maraming salamat po.

Lubos na gumagalang,

EDGAR P. ABAN

Estudyante, PhD Filipino

Nabatid:

LYDIA B. LIWANAG, Ph.D.

Tagapayo

Apendiks G
INFORMED CONSENT DOCUMENT

1. Pamagat: **EBALWASYON NG IMPLEMENTASYON NG KURIKULUM NG MOTHER TONGUE BASED - MULTILINGUAL EDUCATION (MTB-MLE) SA REHIYON 5**

2. Mananaliksik: Edgar P. Aban

3. Tunguhin: Ang pag-aaral na ito ay naglalayong magsagawa ng ebalwasyon sa implementasyon ng kurikulum sa MTB –MLE sa Rehiyon 5.

4. Dahilan ng imbitasyon: Inaanyayahan ang mga tagaguton na lumahok sa pag-aaral na ito upang mataya,at makabuo ng isang modelong kurikulum para sa MTB –MLE.

5. Paano Pinili ang mga Tagatugon:

- Malayang pumili ang mananaliksik ng mga tagatugon ng pag-aaral mula sa edad limampu (30) hanggang pataas upang matiyak na may malalim na kaalaman at karanasan sa paggamit ng unang wika.
- Pipili ng dalawang distrito sa bawat probinsya mula sa Camarines Norte,Camarines Sur, Naga City, Sorsogon, Catanduanes, Albay at Masbate.

6. Mga Hakbang:

- Ang bawat tagatugon ay tatanungin sa pamamagitan ng malayang uri ng tanong na tutugon lamang sa Oo o Hindi, mga tanong na may kaugnayan sa paggamit ng unang wika sa pagkatuto at pagtuturo.
- Gagamit ng “voice recorder” at gabay na tanong ang mananaliksik sa panayam na gagawin sa mga piling mamamayan sa komunidad. Ang bawat tagatugon ay gugugol ng sampu hanggang labinlimang minuto para sa panayam na may bukal na kalooban at kung hindi papayag ay hindi naman pipilitin.
- Ang bawat tagatugon ay bibigyan ng meryenda bilang pasasalamat sa panahong ipinagkaloob sa mga mananaliksik.

7. Banta:

- Sa uri ng pananaliksik na gagawin na mangalap ng mga salita at pahayag mula sa piling matatanda sa iba’t ibang lungsod, hindi mapapahamak at masasadlak ang mga tagatugon. Ang mga uri ng tanong na nauukol pang-araw na gawain sa buhay ay hindi magdudulot ng kapahamakan.

8. Benepisyong Makukuha sa Tagatugon:

- Maituturing na may malaking benepisyo ang pag-aaral sa mga piling tagatugon sapagkat nabibigyan sila ng pagkakataon na maibahagi ang kanilang wika na maaaring hindi na gaanong nabibigyang halaga dulot ng impluwensya ng modernisasyon. Mahalagang uliratin din ng mga kabataan ngayon ang wikang Bikol bilang isa sa mga natatanging wika sa

bansa nang sa gayon, magiging bahagi ang wikang pinag-aralan sa programang MTB-MLE at sa kolehiyo.

9. Benepisyong Makukuha sa Lipunan:

- Malaking tulong ang magiging datos at resulta ng pag-aaral sa pagkamulat at umiiral na kalagayan ng implementasyon sa lipunan ng MTB-MLE sa mga lugar na napili. Hindi lingid sa kaalaman ng lahat na naging balakid sa mga guro ng MTB-MLE ang kagamitan sa pagtuturo ng unang wika sapagkat hindi akma ang aklat na ginagamit sa uri ng wikang mayroon ang mga mag-aaral dahil sa iba't ibang varayti nito. Magagamit din ito sa kolehiyo na nag-aaral sa wikang Filipino. Kaya, isang napakalaking tulong ng pag-aaral para matuldukan ang walang katapusang suliraning ito.

10. Boluntaryong Pahayag ng mga Tagatugon:

- Ang inyong paglahok sa pag-aaral na ito ay hindi sapilitan o boluntaryo.

11. Pagboboluntaryo at Pagkokonpidensyal sa Pahayag:

- Ang inyong pangalan ay hindi babanggitin at mananatiling “confidential” lahat ng impormasyon ukol sa inyo at iingatan ang lahat ng inyong ibinigay na sagot sa pamamagitan ng pagtipon nito sa isang CD.

12. Mga Resulta ng Pag-aaral:

- Kung nais niyong malaman ang resulta ng pag-aaral ay maaari kayong makipag-ugnayan sa numerong 09065260835.

13. Mga Tanong ukol sa Pag-aaral:

- Kung may paglilinaw at tanong ay makipag-ugnayan lang kay Edgar P. Aban, 09065260835 ng Camarines Norte State College, Daet, Camarines Norte.

14. Karapatang-pantao:

- Kung mayroon kayong mga tanong ukol sa inyong karapatan sa bilang tagatugon sa pag-aaral na ito ay tumawag lang sa tanggapan ng CNSC.

15. Kasunduan ng Paglahok:

Lumagda sa ibaba bilang patunay na pumayag kayo na maging kapanayam sa pag-aaral alinsunod sa:

- Ang detalye ng pag-aaral na ito ay malinaw na ipinaliwanag sa akin kung ano ang ipapagawa na hindi mapahamak at makakatanggap ng benepisyo;
- May oportunidad akong masagot ang aking mga tanong;
- Ang aking pagsagot ay isang boluntaryo;
- Binigyan ako ng kopya sa dokumentong ito para may rekord ako;
- Maaari akong may katanungan at titigil sa pagtugon sa kahit anong oras na aking gusto.

Printed name: _____

Signature: _____

Date: _____

EDGAR PALOSA ABAN

Blk.10 Lot 8, HH Homes Greenwood, Calasagasan

Daet, Camarines Norte 4600

09065260835/edgarabaan10@yahoo.com



EDUKASYONG NATAMO

1986-1992	Mababang Paaralan ng Daet Daet, Camarines Norte
1992-1996	Camarines Norte State College Daet, Camarines Norte
1996-2000	Bachelor of Secondary Education Major in Filipino Camarines Norte State College Daet, Camarines Norte
Summer 2009	Master of Arts in Education Major in Filipino Universidad ng Nueva Caceres Lungsod ng Naga
2013-2014	Master of Arts in Education Major in Filipino Universidad de Sta. Isabel Lungsod ng Naga
June 2016-Summer 2019	Doctor of Philosophy in Filipino Philippine Normal University Lungsod ng Maynila

KARANASAN SA TRABAHO

June 2000- May 2002 **Instructor** - Our Lady of Lourdes College Foundation
Daet, Camarines Norte

June 2002-June 2003 **Teacher 1** - Mangisoc National High School
Mercedes, Camarines Norte

June 2003-Sept. 2003 **Teacher 1** - San Roque National High School
San Roque, Mercedes, Camarines Norte

October 2003- May 2013 **Teacher 1** - Gonzales-Ascutia High School
Sta. Cruz, Talisay, Camarines Norte

June 13, 2013- August 9, 2015 **Area Chairman –Filipino Department**
Camarines Norte National High School
Daet, Camarines Norte

August 10, 2015 – Kasalukuyan - **Instructor 1** - Camarines Norte State College
Daet, Camarines Norte

ELIGIBILITY

August 27, 2000 – **Licensure Examination for Teachers** – Legaspi City

PAGSASANAY/KOMPERENSYA/WORKSYAP

Gender Awareness and Development Seminar for College of Education Faculty
CNSC-CoEd, - March 22, 2016

Regional Mass Training of Grade 10 Teachers,
DepEd- Regional V Office-, May 11-16, 2015

Division Training-Workshop of Untrained Grade 9 Teachers for K to 12 Programs
DepEd- Division of Camarines Norte -June 16-21, 2014

Training on Agrikulturang Pilipino Gulayan sa Paaralan
DepEd- Division of Camarines Norte - October 16, 2013

Regional Mass Training of Grade 8 Teachers,
DepEd- Regional V Office - May 20-24, 2013

In Service Training in Promoting Gender Equality and Empowerment
DepEd- Division of Camarines Norte - October 22-25, 2012

Seminar-Workshop on Teaching Pedagogy, IM Development and Research
Methodology
Camarines Norte State College - May 18-20, 2016

Regional Seminar on Contemporary Language Education
Ateneo de Naga University - February 27, 2016

National Seminar-workshop on Best Practices in Teaching Speaking and Writing
in English and Filipino to K-12 Learners, International English Learners Training
Institute
Pampanga, Subic - November 28-30, 2015

Pambansang Seminar-Workshop sa Filipino,
DepEd Region V - November 21-24, 2013

SAMAHANG KINAANIBAN PETSANG PAG MIYEMBRO

SANGGUNIAN SA FILIPINO (SANGFIL)	May 2016
Teachers Organization of the Philippine Public Sector	June 1, 2016
Network of Professional Researchers and Educators	June 1, 2016
Pambansang Organisasyon sa Filipino Inc.	May 5, 2018
Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino	August 27, 2016
Reading Association of the Philippines, Inc.	Sept. 19, 2016
Professionals for the Dev't. Advancement of Teacher Education	Nov. 26, 2016
Pambansang Asosasyon ng mga Tagapagtaguyod ng Salin	March 25, 2017